# Ang Paghahayag Ng Diyos

Manatili tayong nakatayo sandali habang nakayuko ang ating mga ulo para sa panalangin.

2 Aming Mabiyayang Panginoon, kami ay tunay na nagpapasalamat sa araw na ito para sa pribilehiyong ito na mayroon kami na pagtipun-tipunin ang aming mga sarili na magkakasama sa ibabaw ng lupa bago ang Pagdating ng Panginoon. Nawa ay saliksikin namin ang aming mga puso sa araw na ito, sa pamamagitan ng Iyong Salita, at makita kung kami ay nasa Pananampalataya, upang maging handa kami, para, sa oras ng Kaniyang Pagpapakita. Na kami nawa ay maging gaya ng sa kung anong sinabi ng Kasulatan na magiging kami, "Magkasamang agawin paitaas, kasama niyaong mga nangatutulog, at sasalubungin ang Panginoon sa alapaap, at magpakailanman ay makakasama Niya."

3 Pinasasalamatan Ka namin para sa tunay na Espiritung Cristiyano na nasa mundo pa, sa kalagitnaan ng mga tao, na sinasampalatayanan Ka pa rin nila at ang Iyong Salita. Kaya po hinihiling namin ang Iyong mga basbas sa amin ngayong araw na ito, na Iyong basbasan mainam ang bawat isa sa amin ng sa kung ano ang pangangailangan namin, na kami nawa ay mabasbasan sa pamamagitan ng Salita, upang lumago kami tungo sa mga instrumento na magagamit ng Iyong mga kamay, para sa huling araw na ito. Sapagkat hinihiling po namin ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, aming dakilang Pastol, na aming hinihintay na magpakita. Amen.

4 Maari na kayong makaupo. At gusto kong sabihin na itinuturing kong isang dakilang pribilehiyo ang maparito muli sa umagang ito. At pagpaumanhinan dahil wala tayong sapat na lugar upang mapaupuan. At sisikapin natin, mamayang gabi, ngayon para magkaroon ng panalangin para sa may sakit; sa araw na ito, ngayong umaga, medyo magiging mahirap ito ng kaunti.

5 At—at ite-teyp ko ang Mensaheng ito sa araw na ito. Ako. . .Tila nangungusap ang Panginoon sa akin tungkol dito, oh, mga isang buwan o dalawa na ang nakakaraan, at matagal na ito. At wala akong panahon doon sa mga pagtitipon, dahil pinapayagan natin iyan ng hanggang tatlumpo, apatnapung minutong gawain. At pagkatapos tayo. . .Dahil ang mga tao ay kailangan pang pumunta sa trabaho at mga bagay-bagay, nasumpungan ko itong mas mainam kung gagawin kong maiikli ang aking mga Mensahe. At wala silang panahon doon para irekord ito, kung kaya naisip ko na maghihintay na lang ako hanggang sa makarating ako sa tabernakulo rito at pagkatapos irekord ito mula rito. At ito'y medyo mahaba ng

kaunti, at alam kong nangakatayo kayo, at ako—ako'y magmamadali ng kasing bilis ng magagawa ko. At, ngayon, hindi ninyo ako magagambala kung magpapalitan kayo ng mga upuan, o anupaman, iya'y magiging—iya'y magiging lubos na maayos sa akin dahil ito ay isang espesyal na araw na ginagawa lamang natin ang mga rekording na ito.

6 At kaya nakatanggap tayo ng talagang maiinam na mga ulat mula sa kung anong ginawa ng Panginoon doon sa labas na mga gawain, pero marahil magbibigay tayo ng higit niyan mamayang gabi kung kailan makapagbibigay tayo ng higit na panahon dito, may mas maraming oras na maibibigay.

7 At ngayon nagtitiwala ako na pagpapalain ng Panginoon ang bawat isa sa inyo. Alam kong punong-puno ng kagalakan ang inyong mga puso, naghihintay para sa Pagdating ng Panginoon. At ang akin din, ay nag-uumapaw, na makita ang mga bagay na nagaganap sa paraan na dapat nga. At—at pambansang alitan, at ang kundisyon ng iglesya na kinalalagyan nito, at makita ang mga tanda ng Kaniyang Pagdating, kapuwa sa pisikal at sa espirituwal, at nalalaman na ang panahong ito ng Kaniyang Pagpapakita ay napakalapit na, sadyang pinupuno nito ng kagalakan ang mga puso natin na malaman na tayo'y mababago isa sa mga araw na ito. Tayo'y mababago mula sa mga pagkakalikhang ito na kinalalagyan natin.

8 Ngayon, naniniwala ako, kung naunawaan ko, mayroon silang nakadugtong na telepono kung saan, na ang Mensaheng ito ay nakakaabot sa Phoenix at sa—at sa iba't-ibang mga bahagi, sa pamamagitan ng telepono. At kaya ngayon nagtitiwala tayo na kung iyan ay ganoon. . .Hindi ko alam; sinabihan lang niyan bago pumasok. At—at lahat ng mga tao sa labas doon ay talagang nagtatamasa ng mabubuting kalusugan at—at sumasa kanila ang Kaluwalhatian ng Panginoon.

9 At ngayon—ngayon bubuksan natin ang Salita ng Panginoon. At kaya nga tayo naririto ay para pasiyahin ang ating mga sarili at upang pansinin sa kung anong ating. . .Kami—hinding hindi kami naparito at tayo'y. . .Walang isa na narito ang nakakaalam na may sinumang taong uupo sa ganito kainit tulad nito, at maging kaisipan na lamang na maparito. Narito tayo para sa isang layunin, at iya'y, "higit na malapit na paglakad kasama ang Diyos." Iyan lang lahat ng magagawa natin, ang manampalataya na kasama natin ang Panginoong Jesus. At tayo'y narito para—para lumakad ng higit na malapit kasama Siya.

10 Ngayon medyo mahirap para sa akin ang init na ito. Medyo nasanay ako sa klase ng tagtuyong init na iyan doon sa Tucson,

na isang. . .Ang klima dito ngayon; ang init namin doon ay mas higit na mainit kaysa rito, pero ito'y tagtuyo. Ang klima namin minsan ay isang ika-dalawampu ng isang porsiyento, marahil, bagay na tulad niyan, sadyang halos parang nakatira sa ilalim ng isang oxygen na tolda. Pero dito mayroon ito ng—ng—ng halumigmig kasama nito, at medyo ginagawa kayo nitong "hapong-hapo," sa pakiramdam, tulad ng kasanayang tawag natin dito. Kaya mahirap ito sa inyo, kaya alam ko iyan, at kayong mga ina na may mumunting mga sanggol at kayong mga tao na nangakatayo, matanda at bata, at sama-samang nailagay tulad ng kalalagayan ninyo. At ngayon tayo ay—tayo ay umaasa na gagantimpalaan kayong higit ng Diyos para sa inyong sakripisyo.

11 Naunawaan ko na si Kapatid na Roy Borders ay narito kung saan. Narinig ko siyang naianunsiyo, pero marahil hindi siya makapasok. O sige. Iyan ang tagapangasiwa ng mga pagtitipon.

12 Kaya ngayon gusto rin naming ianunsiyo na ang isa na dati nating kasa-kasama ay umuwi na sa Panginoon kaninang umaga, isang lalaki, Kapatid na Jackson mula sa Sturgis, Michigan. Walang nakakaalam kung paano siya pumanaw o ano ang tungkol dito. Sadyang mabuti naman siya, at siya lamang. . .Palagay ko natagpuan nila siyang patay na, o anuman. Ako—hindi ko nakuha ang buong detalye nito. At labis tayong nagpapasalamat sa Diyos na si Kapatid na Jackson ay isang Cristiyano. Hindi ko na siya nakita sa loob ng maraming mga taon, ngunit umuupo siya kasama natin at isa siya sa atin. Pagpahingahin ng Diyos ang magiting niyang kaluluwa! Pumanaw na tulad niyan, naniniwala tayo na marahil na ito nga ay isang bagay, na panahon na para sa kaniya na lumisan. Hindi tayo kailanman binabalaan ng Diyos tungkol dito, o siya tungkol dito, basta lumisan siya. Iyan nga ang kaparaan nito noon. At gusto kong tawagan ang maybahay niya sa lalung madali na magagawa ko, at sabihin sa kaniya ang ating mga kalumbayan. At gusto nating lahat na magbigay pasasalamat sa Diyos para sa kaniyang magiting na Cristiyanong pamumuhay, at ang naging kahulugan niya rito sa lupa, at lalung-lalo na sa atin dito sa lokal na kapulungang ito.

13 Ngayon mamayang gabi, naianunsiyo ko na magkakaroon ng pananalangin para sa may sakit mamayang gabi, at mangungusap ako ng higit patungkol sa karamdaman mamayang gabi.

14 Ngunit para sa oras na ito, pumunta tayo diretso sa Salita ngayon, dahil siksikan at mainit. Pupunta tayo mismo diretso sa Salita. Gusto kong bumasa mula sa dalawang bahagi ng Kasulatan ngayong umaga, mahaba-haba, para mabigyan ako nito ng kaunting pagsasalarawan sa kung ano ang gusto kong sabihin.

15 At, ngayon, nais kong ipagpaliban munang ilabas ang teyp, ni Kapatid na Sothmann at sila, bago ito ipagbili, kung maari, at ako—gusto kong mapakinggan ito bago natin. . .bago ito lumabas sa publiko.

16 Ngayon sa. . .gusto kong bumasa mula sa Mga Taga Filipos, ang ika-2 kabanata, 1 hanggang 8; at Ikalawang Mga Taga Corinto 3, simula sa 6, at magbabasa hanggang sa ika-4 na kabanata ng Ikalawang Mga Taga Corinto, para lamang sa isang pagsasalarawan. Ngayon sa Mga Taga Filipos, ika-2 kabanata, ang una kong babasahin.

Bago basahin ito, tayo'y manalangin.

17 Panginoong Jesus, ang Iyo pong Salita ay Katotohanan. At dito sa oras na ito ng kagulumihanan na aming kinabubuhayan, bansa laban sa bansa, mga salot, mga lindol sa maraming mga dako, mga puso ng tao na nanghihina, pangamba, nakita namin ang sulat-kamay sa dingding. Ngayon, iyan po ay sa natural na kalalagayan, na kailangan po itong makita ng buong sanglibutan. Ngunit ngayon may isang espirituwal na kalalagayan, din, at nakita namin ang dakilang mga kaganapan, at gusto po naming mangusap ng tungkol sa mga ito sa araw na ito.

18 Basbasan po ang Iyong Salita sa aming puso. Batid po namin na walang tao sa Langit o sa lupa na karapat-dapat na kunin ang Aklat na ito, upang kalagan ang mga Tatak, ni tumingin man Dito. Ngunit may Isa na lumitaw, isang Corderong pinaslang, duguan, na dumating at kinuha ang Aklat, at karapat-dapat at may kakayanang buksan Ito. O Cordero ng Diyos, buksan ang Iyong Salita na aming mga puso ngayong araw na ito, para kanlungan. Kami ay Iyong mga lingkod. Patawarin ang aming mga kasalanan, Panginoon. At anumang bagay na makahahadlang sa Salita sa dumaloy taglay ang dakilang kapangyarihan at impluwensiya sa araw na ito ang aming mga buhay, alisin ito palayo, Panginoon, anumang balakid, upang makapagtamo kami ng lubos na pagtatamasa sa lahat ng mga pagpapalang naipangako sa amin sa pamamagitan ng Iyong Salita. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

19 Mga Taga Filipos 2.

> *Kaya nga kung mayroong anomang kasiglahan kay Cristo, kung mayroong anomang kaaliwan ng pagibig, kung mayroong anomang pakikisama ng Espiritu, kung mayroong anomang mahinahong awa at* habag*,*

> *Ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pagiisip, mangagtaglay ng isa ring pagibig, na mangagkaisa ng akala, at—at isa lamang pagiisip.*

*Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo; kundi sa kababaan ng pagiisip na ipalagay ng bawa't isa* ang *iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili.*

*Huwag tingnan ng bawa't isa sa inyo* ang *sa kaniyang sarili, kundi ang bawa't isa naman ay sa iba't iba.*

*Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na ito'y na kay Cristo Jesus* din naman*:*

*Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkapantay niya sa Dios:*

*Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga* tao*:*

*At palibhasa'y nasumpungan* sa *anyong tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang* sa *kamatayan, oo sa kamatayan sa krus.*

20 Ngayon kung magbubukas tayo ngayon sa banda ng Ikalawang Mga Taga Corinto, ang ika–3 kabanata, mag–uumpisa tayo sa ika–6 na talata, at babasahin ito hanggang ika–18, at pababa hanggang sa bahagi ng ika–4 na kabanata.

*Na sa amin naman* ay *nagpapaging sapat na mga ministro ng bagong tipan; hindi ng titik, kundi ng Espiritu: sapagka't ang titik ay pumapatay, datapuwa't ang espiritu ay nagbibigay ng buhay.*

*Ngunit kung ang pangangasiwa ng kamatayan, na nasusulat at* nauukit *sa mga bato, ay nangyaring may kaluwalhatian, ano pa't ang mga anak ni Israel ay hindi* makatitig *sa mukha ni Moises dahil sa kaluwalhatian ng kaniyang mukha; na ang kaluwalhatiang ito'y lumilipas:*

*Paanong hindi lalong magkakaroon ng kaluwalhatian ang pangangasiwa ng espiritu?*

*Sapagka't kung ang pangangasiwa ng kahatulan ay may* kaluwalhatian*, ay* bagkus *pa ngang higit na sagana sa kaluwalhatian ang pangasiwang ukol sa katuwiran.*

*Sapagka't katotohanang ang pinaluwalhati* ay *hindi pinaluwalhati sa bagay na ito, ng* dahil *sa kaluwalhatiang sumasagana.*

*Sapagka't kung ang lumilipas ay may* kaluwalhatian*, ay lalo* pang*. . .nananatili ay nasa* kaluwalhatian.

*Yaman ngang mayroong gayong pagasa, tayo* dapat ay higit. . .*katapangan ng pananalita, ay ginagamit namin ang buong katapangan ng pananalita,*

*At hindi gaya ni Moises, na nagtalukbong ng kaniyang mukha, upang ang mga anak ni Israel ay huwag magsititig sa katapusan* niyaong *lumilipas:*

*Datapuwa't ang kanilang mga pagiisip ay nagsitigas: sapagka't hanggang sa araw na ito, pagka binabasa ang matandang tipan, ang talukbong ding iyon ay nananatili na hindi itinataas, na ito'y naalis sa pamamagitan ni Cristo.*

*Datapuwa't hanggang sa araw na ito, kailan ma't binabasa ang mga aklat ni Moises, ay may isang talukbong na nakatakip sa kanilang* puso.

*Ngunit kailan ma't* magbalik *sa Panginoon, ay maaalis ang talukbong.*

*Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu: at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon. . .doon ay may kalayaan.*

*Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon,* ay *nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian* hanggang *sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu.*

*Kaya nga sa pagkakaroon namin ng ministeriong ito, ayon sa aming tinanggap na kaawaan, ay hindi kami nanghihina.*

*Bagkus tinanggihan namin ang mga kahiyahiyang bagay* na nangatatago, *na hindi kami nagsisilakad* sa *katusuhan ni nagsisigamit man na may daya ng mga salita ng Dios; kundi sa pagpapahayag ng katotohanan ay* ipinagtatagubilin *ang aming sarili sa bawa't budhi ng mga tao sa harapan ng Dios.*

*At kung ang aming evangelio ay natatalukbungan pa, ay may talukbong sa* mga *napapahamak:*

21 Idagdag nawa ng Panginoon ang Kaniyang basbas sa pagbasa ng Kaniyang Salita!

22 Ngayon, ang paksa ko sa umagang ito, nagtitiwala ako na ihahayag ito ng Diyos. At sa bawat pagkakataon, kung kayo na mga kumukuha ng mga teyp at nakikinig, at umaasa ako at nagtitiwala na—na magkakaroon kayo ng espirituwal na pagkaunawa ng kung ano ang sinisikap ng Diyos na dalhin sa Igleysa nang hindi ito mismo kaagad-agad sinasabi. Kita n'yo? Ito'y isang bagay, minsan, kailangan nating magsabi ng mga bagay sa paraan na maaaring ito ay humupa ng kaunti,

maaring dalhin nito ang ilan palabas, ilan para umalis, at ilan para—para—para mag-isip ng mabuti. Ngunit ginagawa iyan nang may layunin. Kailangan itong gawin sa ganiyang paraan.

23 Pagkatapos maaaring sasabihin ng ilan na, "Ang ibig mong sabihin nilalayon ng Diyos na gumawa ng isang bagay tulad niyan?" Talagang gagawin Niya. Ginagawa nga Niya.

24 Sinabi Niya isang araw, noong mayroon Siyang libu-libong nakapaligid sa Kaniya, ang sabi Niya, "Maliban nang inyong kunin ang Laman ng Anak ng Diyos, o Anak ng tao, at inumin ang Kaniyang Dugo, ay wala kayong Buhay sa inyong sarili."

25 Anong uri ng pangungusap sa palagay ninyo na ang isang doktor ng medisina o isang nars, o anumang magaling na intelektuwal na tao ang iisipin sa isang pangungusap na tulad niyan, para sa isang Lalaki na may isang ministerio tulad nang sa Kaniya? Bakit, sasabihin niyang, "Kainin ang laman? Iyan ay kanibal! Uminom ng dugo ng tao? Ito'y isang bampira! Sa ibang pananalita, gusto Niya tayong maging mga kanibal at mga bampira." At lumakad palayo ang buong tagapakinig mula sa Kaniya.

26 At mayroon noong isang asosasyong pang-ministro na kasama Niya, na pitumpu, na napili. At lumingon Siya sa kanila, at ang sabi Niya, "Ano ang iisipin ninyo pagka nakita ninyo ang Anak ng tao ay umaakyat mula sa kung saan Siya nanggaling?" Ngayon, hindi Niya ipinaliwanag iyan. Hindi Niya kailanman ipinaliwanag *kung paano;* ginawa iyan ni Pablo bandang huli. Basta sinabi Niya Ito. Kita n'yo? At pagkatapos nang ito, ang sabi Niya, "Ano ang sasabihin ninyo," sa mga ministrong ito, "pagka nakita ninyo ang Anak ng tao na umaakyat mula sa kung saan Siya nanggaling?"

27 Walang alinlangang sinabi ng mga taong iyon, "Ngayon, sandali lamang. Oh, kumakain tayong kasama Niya. Nangingisda tayong kasama Niya. Natutulog tayong kasama Niya. Tayo—alam natin kung saan Siya ipinanganak noon. Nakita natin ang duyan kung saan Siya—Siya iniugoy. At paano ngang ang Lalaking ito. . . Ito ay isang matigas na pangungusap."

28 At ang sabi ng Biblia, "Hindi na sila lumakad pang kasama Siya." Iniwan nila Siya.

29 Pagkatapos mayroon Siyang labingdalawa na natira. Pumili Siya ng labingdalawa, at isa pa sa kanila ay diablo, sabi Niya. Kaya bumaling Siya sa kanila.

At walang sinuman ang makapagpaliwanag kung ano ang kasasabi pa lamang Niya. "Paano nila kakanin ang Laman Niya at inumin ang Dugo Niya? At paano Siya bumaba, samantalang ipinanganak Siya mismo rito sa lupa?" Kita n'yo? Hindi nila Ito maunawaan.

At pagkatapos bumaling Siya sa mga apostol, at ang sabi Niya, “Ibig baga ninyong magsialis din naman?”

30 At diyan kung kailan tinuran ni Apostol Pedro ang dakilang pangungusap na ito, “Panginoon, kanino kami magsisiparoon?” Kita n’yo? “Sapagka’t kami ay kuntento na. Alam naming tiyak na Ikaw, at Ikaw lamang, ang may Salita ng Buhay ng kapanahunang ito.” Kita n’yo? “At kami ay kuntento na riyan.” Kita ninyo, hindi nila Ito maipaliwanag. Sila . . .

Hindi ninyo maipapaliwanag ang pananampalataya. Ito’y isang bagay na pinaniniwalaan ninyo, at ito’y napaka solido na walang anupamang bagay na papalit sa dako nito.

Samakatuwid, alam nila na ang Salita na naisulat para sa kapanahunang iyon na kinabubuhayan nila, ang kapanahunang maka-Mesiyas, at angkop Siya ng eksakto sa dakong iyon. At ano ang magagawa nila para bumalik doon sa malalamig, pormal na mga iglesya na nilabasan nila? Sabi, “Saan nga kami tutungo?” Kita n’yo? “Lubos kami na naniniwala na taglay Mo ang Salita ng Buhay.” Kita n’yo? At sila—hindi nila Ito maipaliwanag, ngunit sinampalatayanan nila Ito. Kita n’yo?

31 At sinabi iyan ni Jesus upang damuhan ang Kaniyang tagapakinig, kita n’yo, hanggang sa makuha Niyang sama-sama ang grupo. At mula sa lahat ng mga taong iyon, sila, labing-isa lamang sa kanila noon sa katotohanan ang nakaunawa kung Sino nga Siya. Alam nila na Siya nga ay Diyos, at nag-iisang Diyos. Ngayon, ang . . .

32 Ang paksa ko ngayong umaga ay ang ihayag, o, ipahayag ang Diyos na iyan.

33 Ang Diyos ay palaging, sa bawat kapanahunan, nagtatago sa likod ng isang tabing, lahat ng kapanahunan, pero Siya ay laging Diyos sa lahat ng pagkakataon. Kita n’yo? Ngunit pinanatili Niyang nakatago ang Kaniyang Sarili mula sa sanglibutan, at ipinahahayag ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang Hinirang, tulad ng mga apostol na araw na iyon. Ngayon, iyan nga ay Diyos na nangungusap kay Cristo.

34 Ngayon, ang tao ay palaging, ito palagi ang kalikasan ng tao, naghahanap siya na makita (sa pisikal) ang Diyos na iyan. Palagi niyang gustong makita Ito. Gumawa ang tao ng mga likha na magmukhang tulad Niya. Nag-iisip sila ng isang . . . Sinamba ng mga Indian ang araw. At—at natuklasan natin, sa Africa, iba’t ibang mga anyo ng mga hayop, at iba pa. At sa taas . . . ang totem poles sa Alaska, at—at iba’t-ibang mga anyo na iniisip nila na naroon ang Diyos na ito. Tulad ng ipinangusap ni Pablo sa Atenas nang panahong iyon, sa burol Areopago, at sinasabi sa kanila na sila ay relihiyoso tungkol dito sa di-nakikilalang Diyos, na, alam nila na naroon Siya subali’t gayunman hindi nila Siya kilala.

35 At kaya natuklasan natin kahit noon pa kay man Job. Alam ni Job na mayroon ngang isang Diyos. Alam Niya ito. At wala ni isang—isang—isang taong nilalang, sa tama nilang kaisipan, kundi ang malaman na kailangang magkaroon ng Isang Bagay kung saan. At, ngayon, gusto ni Job na makipag-usap sa Kaniya.

At gustong kong mapansin ninyo ang anyo na pinili ng Diyos na gamitin upang makipag-usap kay Job. Nalalambungan ang Diyos nang makipag-usap Siya kay Job. Nilalambungan Siya noon sa isang ipu-ipo, bumaba sa pamamagitan ng isang ipu-ipo. Naniniwala ba kayo na pumaparito pa rin ang Diyos sa pamamagitan ng isang ipu-ipo?. . .?. . .[Nagsabi ang kongregayon, "Amen."—Pat.]

36 Mayroong ilan na nangakaupo rito, isang bilang, na kasama natin noong isang araw nang dumating Siya sa pamamagitan ng isang ipu-ipo. Sinabi sa atin noong isang araw, si Kapatid na Banks Woods at sila, nang sabihin Niyang, "Pulutin mo ang batong ito, ipukol ito sa hangin, at sabihing, 'ITO ANG SABI NG PANGINOON! Makikita mo ito kara-karaka.' " At pinulot ko ang bato, doon sa taas ng bundok, ipinukol ito pataas sa hangin, at ang. . .siyempre, nahulog pababa, pinasimulan nito ang ipu-ipo, kita n'yo, ang paghigop nito.

37 Kailangan ninyong gumawa ng isang bagay para magtulak sa isa pang bagay upang sundan ito. Kumuha si Jesus ng isang piraso ng tinapay at hinati ito, pagkatapos ay nagparami mula sa piraso ng tinapay na iyon. Kumuha Siya ng tubig, ibinuhos ito sa isang pitsel. Kumuha si Elias ng asin, inilagay ito sa isang banga; pumutol ng ilang patpat, inihagis ito sa tubig. Ito'y isang bagay para maging simbolo.

At ang pagpulot ng batong ito at pagpupukol nito sa hangin, at paghulog pababa ang nagpasimula ng ipu-ipo.

38 Nang sumunod na araw, aba, may isang ministro noon na kasama namin sa isang pangangasong lakaran. Nakatayo siya ng malapit, at ang sabi niya sa akin, "Nagbibigay ba ang Panginoon ng mga pangitain tulad nito, Kapatid na Branham?"

39 Ang sabi ko, "Oo, pero madalas akong pumupunta rito upang magpahinga." At pagkatapos noon mismo dumating ang pangitain.

40 At si Kapatid na Borders, palagay ko ay nasa labas siya ngayon, kasama siya. Si Kapatid na Banks Woods, palagay ko, at, oh, mga ilan noon ang nasa itaas doon, walo o sampu. At nagmamasid si Kapatid na Banks Woods para dito. Mismo doon sa bundok, mismo patawid mula, eksaktong, nasa kalahating milya kung saan lumitaw ang pitong Anghel, na dahilan ng pag-alis ko rito para pumunta roon, na bumalik at nagsabi ng. . .tungkol sa Pitong Tatak. Nasa kalahating milya lamang mula riyan.

41 At pagkatapos nang sumunod na araw, habang nagaganap ito, aba, ang. . .Sinabi ko kay kapatid, sa kapatid na lalaking ito, ang sabi ko, "Ano'ng sakit mo, mayroon kang alergi sa iyong mata. Sinikap ng mga duktor na pigilan ito sa loob ng ilang mga taon at hindi nila magawa ito. Sinabi nila ikaw ay. . .kakainin nito ang mata mo." At ang sabi ko, "Ngunit huwag kang mag-alala, kinilala ng Panginoong Jesus ang iyong pananampalataya." At nabitiwan na lamang niya ang baril niya. At ang sabi ko pa, "ang iyong ina," kung ano lang nga siya noon at kung ano ang kaniyang problema.

At ang sabi niya, "Iyan ang katotohanan."

42 Si Kapatid na Roy Roberson mula sa iglesya rito, nakatayo, at naririto palagay ko lahat kayo ay kilala siya. Nalalamang isa nga siyang beterano, at nalalaman kung ano nga ang magaganap, inilagay ko ang kamay ko sa balikat niya; ang sabi ko, "Kapatid na Roberson, mag-ingat ka, magmasid, may bagay na nahahandang maganap."

43 Lumakad ako pabalik kung saan ako dapat na nakatayo, at mula sa hangin may dumating na isang ipu-ipo, pababa sa pamamagitan ng isang canyon, mula sa itaas, napakalakas niyon hanggang sa makabiak ito ng mga bato, walo o sampung pulgada sa kabuuan, mula sa ituktok ng bundok, at inihagis ang mga ito ng dalawang daang yarda palayo. At sumabog ng tatlong beses tulad niyan, at isang Tinig ang nagmula rito. Kita n'yo?

44 At lahat sila ay nangakatayo roon. Si Kapatid na Banks, naririto ngayon, umakyat at sinabing, "Iyan ang kung ano ang sinabi mo sa akin kahapon?"

Ang sabi ko, "Opo, ginoo, iyan nga ito."

Ang sabi niya, "Ngayon, ano ang sinabi Nito?"

45 Ang sabi ko, "Ngayon, para lamang sa akin iyon ang malaman, Kapatid na Banks, kita mo, sapagkat ito nga. . . Magiging babala Ito sa mga tao."

46 Ngunit nagpatuloy Ito, naganap ito lamang. . .naglalakbay pahilaga ng bahagya. Bahagyang-bahagya, ilang mga araw pagkatapos tinamaan Nito ang karagatan, at nakita ninyo kung anong naganap sa palibot ng Fairbanks. Isang ito tanda ng paghuhukom. Ngayon nakita natin na—na ang Diyos pa rin. . .Nakita ninyo, nagbunsod ito sa mga tao ng labis na pagkatakot. At kaya pagkatapos sila ay nagkaroon. . . Kailangan iyang maganap, kita ninyo. Basta't kailangan itong maganap. Ang mga bagay na kailangang maganap ay kailangang maganap, sa papano't papaano man. Kita ninyo, kailangan itong maganap, sa anumang paraan.

47 Isang pagkakataon ninasa ni Moises na makita ang Diyos, at sinabi sa kaniya ng Diyos na tumayo sa bato. At, sa bato,

tumayo si Moises at nakita niya ang Diyos na dumaan, at ang likod Niya ay kamukha ng likod ng isang tao. Ang Diyos ay nasa isang ipu-ipo, at ang Diyos. . . habang nakatayo si Moises sa bato.

48 Palagay ko nakita ninyong lahat ang larawan doon noong isang araw, tumayo kami sa tabi ng bato ding iyon. At narito ang Liwanag na iyon, ang Anghel ng Panginoon, mismo roon kung saan Ito sumabog. Nakatayo. . . Nasa pisara na ito ng mga balita ngayon doon, muli.

49 Pansinin, si Jehovah ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bagong Tipan. Kita n'yo? Siya ay ang siya ring Diyos, nagbabago lamang ng Kaniyang anyo.

50 Ngayon, may isang nagsabi noong isang araw, isang—isang—isang ministro na Baptist doon sa Tucson, "Paano mo ngang masasabi na—na si Jesus at ang Diyos ay iisang Persona?"

51 Ang sabi ko, "Buweno, napakadali nito kung hahayaan n'yo lamang ang sarili ninyong kaisipan na lumayo, at isipin ang mga termino ng Biblia. Sila ay may iisang Katauhan. Ang Diyos ay Espiritu; si Jesus ang katawan na kinatatalukbungan Niya. Kita mo?" Ang sabi ko, "Tulad sa aking tahanan. Sa aking maybahay, ako ang asawa niya. At mayroon akong isang batang anak na babae, si Rebekah, ako ang ama niya. At mayroon akong isang apo, at ang pangalan niya ay Paul, ako ang lolo niya. Ako ay asawa, ama, at lolo. At walang pag-aangkin sa akin ang maybahay ko bilang ama o lolo; ang pag-aangkin lang niya sa akin ay bilang asawa. At walang pag-aangkin sa akin ang anak kong babae bilang asawa o lolo; anak ko siya. Kita mo? Subalit ang lahat ng tatlong personang ito ay iisang persona. Kita mo? Iyan ang Diyos; Ama, Anak, at Banal na Espiritu, pag-aangkin lamang ng mga dispensasyon." Ang Diyos ay iisa, ang siya ring Diyos.

52 Binago ng Diyos ang Kaniyang Sarili, binabago ang Kaniyang anyo. Kung mapapansin ninyo rito sa Mga Taga Filipos, ang sabi Niya, "Hindi inaring isang bagay na nararapat panangnan, kundi bagkus ibinihis ang *anyo* ng tao."

53 Ngayon, ang Griyegong salita roon para diyan sa *anyo*, hinahanap ko ito buong maghapon kahapon, sinisikap na maisip kung ano nga ito, nasumpungan ko, nanggaling sa salitang ito ng "en morphe." Ito'y nabaybay na e-n m-o-r-p-h-e. Titingnan sa Griyego, para matuklasan kung ano nga ang en morphe. . . Maaring mabigkas ko iyan ng mali, iyan nga ang dahilan na binaybay ko ito, na kapag may nailabas na teyp, mauunawaan ng mga tao, ng mga iskolar, kung ano ang aking—aking ibig sabihin dito. Siya, nang ang en morphe, nangangahulugan iyan na binago Niya ang Kaniyang Sarili. Siya, bumababa Siya. Ngayon, nangangahulugan ang

Griyegong salita roon, na, "Isang Bagay na hindi maaaring makita, gayun pa man ito'y naroroon, at pagkatapos ito'y bago at maaari itong makikita ng mata." Kita n'yo?

54 Tulad ni Elias noon, sa Dothan. Kita n'yo, hindi makita ng—ng alipin ang lahat ng mga Anghel na iyon na nakapaligid doon, at sadyang nagbago ang Diyos; hindi dinala ang mga Anghel pababa, kundi binago Niya ang paningin ng alipin. At naroon noon ang mga kabundukan na puno ng mga Anghel, at apoy, at mga kabayong apoy, at mga karong apoy, nakapaligid lahat sa Kaniyang propeta. Kita ninyo, sila, binago Niya ang paningin. Ang—ang bagay na iyon ay naroon na.

55 Kaya, iyan ang sinisikap kong sabihin, na ang Diyos na naroon sa tuwina ay naririto. Ang tanging bagay na nagawa Niya nang naging tao Siya, binago Niya ang Kaniyang maskara. Kita n'yo? Siya—Siya, ito ay en morphe, Siya—binago Niya ang Kaniyang Sarili sa kung ano Siya noon sa kung ano Siya ngayon, o ang maskara Niya, panibagong pagganap.

56 Tulad sa isang malaking dula. Habang nangungusap ako ngayong umaga, tipong tumalakay rito ng kay Shakespeare. Mahabang panahon na iyon. Ngunit nang isulat ni Shakespeare ang—ang—ang dula, ang. . .para sa Haring James ng Englatera, nang siya. . .ang tauhan ng Macbeth. Kita n'yo, hindi naniniwala si Shakespeare sa mga mangkukulam; pero sa dula, dahil naniniwala ang hari sa mga mangkukulam, kaya kailangan niyang isama ang mga mangkukulam. Kita n'yo? At ngayon, para magawa ito, binago nila ang mga tauhan.

57 Si Becky rito, sa *Carmen*, isinadula nila iyan sa—sa eskuwelahan kung saan katatapos pa lang niya mga ilang linggo ang nakakaraan. Ngayon, marahil ginanapan ng isang tao ang tatlo o apat na bahagi. Para magawa iyan, siya—binababago niya ang maskara niya. Minsan lumalabas siya, siya *itong* tauhan na ito; at sa susunod na pagkakataon na lumabas siya, panibagong tauhan siya. Ngunit ito ay siya pa ring tao sa tuwina.

58 At iyan ang Diyos. Binago Niya ang Kaniyang Sarili mula—mula sa isang Haliging Apoy, para maging isang Tao. Pagkatapos binago ang Sarili Niya mula riyan, pabalik muli sa Espiritu, upang makapanahan Siya sa tao. Ikinikilos ng Diyos sa tao kung ano nga talaga Siya. Si Jesus Cristo, ay Diyos na gumaganap sa Tao, sa *isang* Tao. Sa isang Tao, iyan nga kung ano Siya noon. Nagbago Siya mula sa Haliging Apoy, at pagkatapos dumating; na isang lambong noon sa ilang, na nagkubli sa Diyos mula sa Israel. Nakita ni Moises ang hugis ng Kaniyang katawan, ngunit sa katotohanan natatago Siya sa lahat ng pagkakataon sa likod ng Haliging Apoy na ito, na siyang Logos na lumabas mula sa Diyos noon.

59 Ngayon natuklasan natin dito, ngayon mula ng Pentecostes, hindi gumaganap ang Diyos *sa* tao, o kumilos. . . ngayon gumaganap Siya *sa pamamagitan* ng tao. Kita n'yo? Gumaganap nga Siya *sa* isang Tao noon, kay Jesus. Ngayon gumaganap Siya *sa pamamagitan* ng tao na pinili Niya para sa layuning ito. Ang Diyos, sa anyo ng tao, binago Niya ang Kaniyang Sarili mula sa anyo ng—ng isang. . .ng Diyos, sa isang anyo ng tao.

60 Pumarito Siya sa tatlong pangalan, tatlong pangalan ng mga anak na lalaki. Pumarito Siya sa Anak. . .pangalan ng Anak ng—ng tao, ang Anak ni David, at ang Anak ng Diyos; tatlong pangalan ng mga anak na lalaki.

61 Ngayon, pumarito Siya una sa Anak ni Da-. . .Anak ng tao, dahil Siya noon ay isang Propeta. Ngayon, tinawag ni Jehovah Mismo si Ezekiel at ang mga propeta, "anak ng tao, ano ang iyong nakikita?" Hindi kailanman itinuring ni Jesus ang Sarili Niya bilang Anak ng Diyos; itinuring Niya ang Kaniyang Sarili bilang Anak ng tao, sapagkat ang—ang mga Kasulatan ay hindi maaring masira.

Walang anumang bagay sa mga Kasulatan na maaring masira. Bawat Salita ay kailangang maging gayon. Iyan ang paraan na pinaniniwalaan ko ito. Iyan nga ang paraan na kailangan Itong maganap, hindi dahil pinaniniwalaan ko ito, dahil Ito'y ang Salita ng Diyos.

62 Ngayon kung mapapansin ninyo sa pasimula, isang Salita, isang pahina sa Biblia, sa Genesis 1, natuklasan natin na ang buong. . .Lahat ng karamdaman, lahat ng kalumbayan, lahat ng dalamhati, at lahat nga ng naganap sa mga tao, ay dumating dahil may *isang* tao na di-sumampalataya sa *isang* Salita, naging sanhi ng lahat ng ito. Iyan ang panimula ng Biblia. Sa huli ng Biblia, Apocalipsis 22, nagsabi ang siya ring Diyos, "Sinuman ang magbawas ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ni isang salita Rito." Kita n'yo, kailangang ito'y Salita sa Salita lamang sa paraan kung ano Ito.

63 Kaya, samakatuwid, at kunin lamang ang maliit na bagay tulad ng aking. . .may taong palaging nagpupunta sa akin tungkol sa pagpapaputol ng buhok ng mga kababaihan. Ngayon, sa akin, hangga't ginagawa niya iyan, hindi mahalaga sa akin gaano man siya gumawa at gaano man ang kaalaman niya, mali pa rin siya. Nagsusuot siya ng syorts at mga kasuotang tulad niyan; hindi mahalaga sa akin anuman ang gawin niya, gaano man siya kagaling umawit, gaano man siya mangangaral, anuman ang magagawa niya, anumang uri ng buhay ang ipinamumuhay niya, ang isang Salita pa ring iyan ay sinira. Kita n'yo? Kita n'yo, kailangan na maging bawat Salita ito. Hindi isang pangungusap; isang Salita, isang Salita! Kaya, ang Biblia ay walang pribadong

interpretasyon. Kailangang maging Salita sa Salita ito, sa paraang Ito'y nasulat. Kailangan nating panampalatayanan Iyan.

64 At hindi lamang sampalatayanan Ito, kundi ipamuhay Ito. Kung hindi natin ipinamumuhay Ito, kung gayon hindi natin Ito sinasampalatayanan; sinasabi lang natin na ginagawa natin. Tulad ko. . . Balik tanaw sa kung ano nga ang sinabi ko, hindi Ito maipaliwanag ng mga alagad na iyon, ngunit sinampalatayanan nila Ito, kahit papaano, at ginawa nila ang kanilang pagpapahayag at namuhay dito. Samantalang ang lahat ng iba sa kanila ay lumakad palayo mula Rito, nanatili sila Rito! Pinanampalatayanan nila Ito! Ganiyan ang paraan na ginawa natin. Ganiyan ang paraan upang inyong gawin ito. Anuman ang gawin ng sinupamang iba, pinanampalatayanan natin Ito at pagkatapos ay isinasagawa Ito. Kung hindi ninyo gagawin ito, kung gayon hindi ninyo pinanampalatayanan Ito.

65 Ngayon pansinin ngayon nang Siya ay pumarito, kailangan Niyang pumarito bilang Anak ng tao, sapagka't sinabi ng Banal na Kasulatan na iyon gagawin Niya, "Magbabangon ang Diyos ng isang Propeta sa kanila." Kaya hindi Siya makakaparitong tinatawag ang Kaniyang Sariling Anak ng Diyos, sapagka't hindi pa iyon ang dispensasyon. Siya ay Anak ng tao na nanghuhula, upang ganapin, at ipahahayag sa kanila lahat ng mga bagay na nagawa, at itinipo kung ano Siya noon. Kung gayon nasa lupa Siya bilang Anak ng tao.

66 Tingnan ang babaeng Sirofeniasa na iyan na tumakbo sa Kaniya, at nagsabing, "Ikaw na Anak ni David, mahabag sa akin!" Ni hindi Niya inilingon ang Kaniyang ulo. Wala siyang pag-aangkin sa Kaniya bilang Anak ni David. Isa siyang Gentil.

Lalung-lalo nang walang pag-aangkin sa akin ang anak kong babae bilang asawa; o, ang aking maybahay, bilang anak na babae. Gayunpaman, siya ay anak ko at maybahay ko, anak ko siya sa Evangelio. Ngunit, sa makalupa, wala siyang karapatan upang tawagin akong isang—isang ama. Kita n'yo?

Ngayon pansinin, walang pag-aangkin ang Gentil na babaing ito sa Kaniya bilang Anak ni David. Ngunit ang bulag na Bartimeo ay mayroon, kita n'yo, isa nga siyang Hudyo. Ngayon, dumating Siya bilang Anak ng tao.

67 Kailangan ninyong malaman ang mga salitang ito at ang mga bagay na ito. Tingnan si Hattie Wright nang panahong iyon, noong Ikatlong Hatak. Alalahanin ninyo ito. Sa lahat ng bawat bagay, sinabi ng babaing iyon ang bagay na tama. Kailangan ninyong sabihin ang tamang salita, ang tamang bagay sa Diyos.

68 Pansinin ngayon, dumating Siya una bilang Propeta, at ipinako nila Siya. Ipinako Siya ng sariling Niya. Dumating Siya bilang Anak ng tao.

69 Pagkatapos makaraang dumating ang Espiritu Santo, Siya na nga noon ang Anak ang Diyos. Ang Diyos ay Espiritu. Siya ang Espiritu Santo, Anak ng Diyos. Namuhay Siya sa loob ng kapanahunan ng iglesya bilang Anak ng Diyos.

70 Ngayon, sa Milenyum, Siya'y magiging Anak ni David, nakaluklok sa Trono ng Kaniyang ama, si David. Siya ang Anak ni David.

71 Ngayon, at tandaan, sa pagitan ng Anak ng Diyos. . .Sa kapanahunang ng iglesyang Laodicea, ipinalabas nila Siya. At sa Lucas, sinabi Niya na mahahayag muli Siya bilang Anak ng tao, ang Propeta, gaganapin ang natitira pa nito. Kita n'yo? Ganap na magkakabuklod ang mga Kasulatan. Anak ng tao, Anak ng Diyos, Anak ni David. Ano nga ito? Ito'y ang siya ring Diyos sa lahat ng pagkakataon, binabago lamang ang Kaniyang anyo, en morphe. Binabago lamang Niya ito. Ito'y isang malaking dula sa Kaniya. Ginaganapan Niya ito.

72 Pumarito Siya bilang Anak ng tao, ang Propeta. Naganap ng eksakto. Maging ang munting babaing iyon sa lahat ng kaniyang kasalanan, doon sa may balon, nakilala niya Siya. Ang sabi niya, "Alam naming darating ang Mesiyas, na tinatawag na Cristo, iyan nga ang gagawin Niya." Kita n'yo, nakilala niya sapagka't siya ay isang predestinadong Binhi. Pagkatapos siya. . .

Kung saan, ang iba pa sa kanila ay hindi Ito nakilala. Wala silang anumang bagay na ipangkikilala. Nasa kasalanan sila, sa pasimula pa.

73 Dahil, dahil sa Kaniyang mga pagganap, binabago Niya ang Kaniyang anyo. Pagkatapos dumating Siya sa anyo ng Anak ng tao.

Dahil ang kapanahunan ng mga repormador, Wesley, Luther, at lahat ng mga sumunod pa, pagkatapos natuklasan natin na nagkabuhol-buhol sila, tulad lamang sa ginawa ng mga Israelita, hanggang nang nagpakita Siya sa huling mga araw, sa kapanahunang pentekostal, bilang Espiritu Santo, tinanggihan nila Ito. Ginawa nila ang gayon ding bagay na ginawa ng mga Israelita.

At ano ang ginagawa Niya ngayon? Magbalik bilang Anak ng tao. At pagkatapos, mula riyan, Anak ni David. Nakita ba ninyo kung gaano na tayo kalapit? Anak ng tao, Anak ni David, Anak ng Diyos. Nahayag Siya sa huling mga araw bilang Anak ng tao, ayon sa Malakias 4, lahat ng iba pang mga hula na patungkol sa panahong ito. Wala nang pakikipag-ugnayan pa sa iglesya makaraan na Siya. . .Ipinalabas nila Siya; sa labas, kumakatok sa pintuan. May ilang predestinadong Binhi ang naroon, pa. Kailangan Niyang kuhanin sila.

74 At ang Diyos, sa tao, ay ibinuhos ang Kaniyang Sarili. Sa Joel 2:28, nakita natin, ang sabi Niya, "Ibubuhos Ko, sa huling mga araw, ang Aking Espiritu." Ngayon, kung mapapansin ninyo ang salita roon, Griyegong salita. Maaring makuha ko ito ng mali, ngunit ang isa na nakita ko . . .

75 Kailangan ninyong bantayan ang mga salita. Minsan doble ang mga ibig sabihin ng Ingles. Tulad lamang ng salitang sinasabi natin, "diyos." Nilikha ng Diyos ang langit at lupa, Genesis 1. Ngunit ngayon, sa Biblia, sinabi Nito, "Sa pasimula ay Elohim." Ngayon, Elohim, tinatawag ng Ingles na "diyos," ngunit hindi ito talaga ang *Elohim*. Anumang bagay ay maaring maging diyos, sa salitang *diyos*; maaaring gawin ninyo na isang diyos ang isang rebulto; maaaring gawin ninyong diyos ang piyanong iyan; maaari ninyong gawin ang anumang bagay na isang diyos.

76 Ngunit hindi gayon sa salitang *Elohim*; nangangahulugan Itong, "ang Isang nabubuhay-mag-isa sa sarili nito." Kita n'yo? Hindi maaring mabuhay mag-isa sa sarili nito ang piyanong iyan, walang anupamang bagay ang maaaring makapamuhay mag-isa sa sarili nito. Kaya, ang salitang *Elohim*, ay nangangahulugang, "Siya na palaging nabubuhay." Ang *diyos* ay maaaring mangangahulugan ng anumang bagay. Nakita ba ninyo ang kaibahan sa salita? [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Pat.]

77 Ngayon, nang sinabi Nito rito na *ibinuhos* Niya ang Kaniyang Sarili, o *isinalin* lahat, ngayon, maaring mag-iisip tayo ng gaya nito, na "sumuka" Siya, ang salitang Ingles ng *ibinuhos*, o *isinalin* lahat galing sa Kaniya, kita n'yo, isang bagay na lumabas sa Kaniya na kaiba sa Kaniya. Ngunit ang salitang *kenos*, sa Griyego, ay hindi nangangahulugan na Siya ay "sumuka," o ilang . . . Natanggal ang bisig Niya, o lumuwa ang mata Niya, panibagong persona.

78 Iyan ay, binago Niya ang Kaniyang Sarili, Kaniyang "isinalin ang Kaniyang Sarili roon," (Amen!), patungo sa panibagong maskara, tungo sa panibagong anyo. Hindi panibagong persona ang lumabas mula sa Kaniya, tinatawag na Espiritu Santo, kundi Ito ay Siya Mismo. Nakuha ba ninyo ito? [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Pat.] Siya mismo ang nagsalin sa Sarili Niya sa mga tao. "Si Cristo sa loob ninyo!" Sadyang napakaganda, talagang kamangha-mangha, na isiping, ibinubuhos ng Diyos ang Kaniyang Sarili patungo sa taong nilalang, doon sa mananampalataya. "Isinalin lahat!" Isang bahagi ito ng Kaniyang dula, gawin ang gayon.

Ang Diyos, lahat ng kapuspusan, lahat ng kapuspusan ng Pagka-Diyos ay nasa Personang ito, si Jesus Cristo. Siya ay Diyos, at nag-iisang Diyos. Hindi ikatlong persona o ikalawang persona, o unang persona; kundi *ang* Persona, ang Diyos na nalalambungan sa lamang pantao.

79 Unang Timoteo 3:16, “Walang pagtatalo dakila ang hiwaga ng kabanalan; sapagkat ang D-i-y-o-s, Elohim,” malaking titik na D-i-y-o-s, sa Biblia. Tukuyin muli ito, ninuman. Tumutukoy ito doon, sa orihinal, Ito ang sabi, “Elohim!” “Sa pasimula, Elohim.” Kita n’yo? “At, Elohim, walang pagtatalo dakila ang hiwaga ni Elohim; sapagkat si Elohim ay nagkatawang tao, at nahawakan natin Siya.” si Elohim, nalambungan sa lamang pantao! Ang dakilang Jehova na sumasakop sa lahat ng kalawakan, panahon, at lahat ng dako, ay naging tao. Nahawakan natin Siya, si Elohim. “Sa pasimula, Elohim. At si Elohim ay nagkatawang tao, nanahang kasama natin.”

80 Ano? Ito ang kaparaanan Niya, ang mga bahagi ng dula. Iyan ang paraan na isasaganap Niya ito, ang kaparaanan Niya ng paghahayag ng Kaniyang Sarili sa atin bilang isang kaibang persona. Tayo ay mga mortal, at nalalaman Niya iyan. At nakakaunawa lamang tayo tulad ng mga mortal. Nakakatalos lamang tayo tulad ng mga mortal. Nakakaalam lamang tayo ng kung anong ipaaalam sa atin ng ating mga pandama, at ang iba pa nito ay kailangan nating paniwalaan sa pamamagitan ng pananampalataya. Kailangan nating sabihin na may isang Diyos; kahit makita natin Siya, o hindi, panampalatayanan natin ito, sa anu’t-ano man. Kita n’yo? Kahit mayroon o wala, pinaniniwalaan pa rin natin ito sapagka’t sinabi ng Diyos na gayon.

81 Tulad ni Abraham, hindi makita ang anak na iyon, walang mga tanda, hindi nagdadalang-tao si—si Sarah, ni walang anumang buwanang mga dalaw o anumang bagay, ngunit gayun pa man sinabi ng Diyos na gayon. Lahat ng pag-asa, maging ang kaniyang—kaniyang bahay-bata ay baong, at ang buhay sa kaniya ay wala na, at ang—ang daluyan ng buhay niya ay tuyo na, at ang kaniyang—kaniyang buhay ay tuyo na sa loob niya. “At sa kabila ng lahat ng ito hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di-pananampalataya, kundi malakas, nagbibigay papuri, nalalaman na may kakayanan ang Diyos na gumawa ng anumang bagay na sinabi Niyang gagawin Niya.”

Naroon ang paraan na kailangan nating panampalatayanan ang Salitang iyan sa araw na ito. Paano ito magaganap? Hindi ko alam. Sinabi ng Diyos na magiging sa ganoong paraan ito, at iyan ang nag-aayos nito.

82 Sino itong dakilang di-nakikitang Persona? Sino Ito na nakita ni Abraham sa mga pangitain? Mismo bandang huli, gayunpaman, nahayag Siya noon sa laman, bago dumating ang anak. Ang Diyos Mismo ay pumaroon kay Abraham sa anyo ng isang tao, sa huling kapanahunan. Nahayag! Nakita niya Siya sa isang maliit na Liwanag minsan; nakita niya Siya sa mga pangitain; narinig niya ang Kaniyang Tinig; maraming mga kapahayagan. Pero sadyang bago ang ipinangakong anak,

nakita niya Siya sa anyo ng isang tao, at nakipag-usap sa Kaniya, at pinakain Siya ng karne at pinainum. Kita n'yo? Pansinin, ang Diyos Mismo na nalambungan sa lamang pantao.

83 Ito ay isang bahagi ng kaparaanan Niya. Ito ang kaparaanan na inihayag Niya ang Kaniyang Sarili sa atin, inihayag ang Walang Hanggang Salita, ang Diyos, si Jehovah na nagkatawang tao. Tulad sa San Juan 1, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang. . .Sa pasimula nga ay si Elohim, at si Elohim ay. . .naging Salita, at ang Salita ay si Elohim. At ang Salita ay ginawang Elohim." Kita n'yo? Ito'y siya pa ring bagay, nahahayag lamang.

84 Tulad ng katangian, kita n'yo, ito ay nasa Diyos. Isang katangian ang iyong kaisipan. Ang Diyos sa pasimula, ang Walang Hanggan, ni hindi nga Siya Diyos noon. Siya ang Walang Hanggan. Ni hindi nga Siya Diyos; Ang *Diyos* ay isang punto ng pagsamba, o isang bagay. Kita n'yo? Ni hindi nga Siya iyan gano'n. Siya ang Elohim, ang Walang Hanggan. Ngunit sa Kaniya ay mga kaisipan na gusto Niya maging materyal. At ano ang ginawa Niya? Pagkatapos ay bumigkas Siya ng isang Salita, at naganap ang Salita. Iyan ang buong larawan, mula Genesis hanggang mga Apocalipsis. Walang mali. Ito'y si Elohim na nagsalaman para mahawakan Siya, maramdaman. At sa Milenyum, mayroong Elohim na nakaupo sa Trono, kita n'yo, tama iyan, kasama lahat ng Kaniyang nasasakupan na nakapalibot sa Kaniya, na itinalaga Niya bago pa itatag ang sanglibutan.

85 Tulad ng isang tao na nagtatayo ng mga kampanilya o gumagawa ng mga kampanilya, ang taga-hulma. Bawat kampanilya ay kailangang tutunog ng kaiba mula sa isa pa. Parehong mga materyales, ngunit lubos na asero, lubos na bakal, lubos na tanso, para makapagbigay ito ng "ting."

86 Iyan ang kaparaanan na ginawa ng Diyos. Inilahi Niya ang isang ito sa isang iyan, sa isang ito sa isang iyan, sa isang ito sa isang iyan, hanggang sa makuha Niya ng eksakto kung ano ang gusto Niya. Ganiyan sa kung paano Siya bumaba. Inihayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa isang Haliging Apoy pababa sa lahat ng mga propeta, pagkatapos tungo sa Anak ng Diyos, na siyang, Siya ang Diyos. Kita n'yo, ito'y ang siya ring Diyos na naglalantad ng eksaktong eksakto, mula sa kasakdalan hanggang sa kasakdalan, mula kaluwalhatian patungong kaluwalhatian. Sa ganiyang paraan tutungo ang Iglesya.

87 Pansinin, sa buong mga kapanahunan, iisang kaparaanan, sa pamamagitan ng Kaniyang mga propeta, inihayag Niya ang Kaniyang Sarili. Hindi lang sila mga propeta, sila noon ay mga diyos. Sinabi nga niya. Sapagkat, ang ipinangusap nila ay Salita ng Diyos. Sila ang mga laman na pinagtataguan ng

Diyos. Mga diyos sila. Ang sabi ni Jesus, Siya Mismo, nagsabi, “Paano nga ninyo Ako mahahatulan kapag sinabi Kong Ako ang Anak ng Diyos, at sinasabi ng sarili ninyong mga kautusan na sila na pinanananganan ng Salita ng Panginoon ay mga diyos?” Kita n’yo?

88 Kaya nga ito ay Diyos na naanyuan sa isang taong tinawag na isang propeta. Kita n’yo? At dumating ang Salita ng Panginoon sa lalaking ito, kung kaya hindi ang propeta; ang propeta ang siyang lambong, ngunit ang Salitang iyon ay Diyos. Hindi kikilos na tulad niyan ang salita ng tao. Nakita ba ninyo ang ibig kong sabihin? Hindi ito makakakilos sa ganiyang kaparaanan. Ngunit sa totoo ito ay Diyos. Kita n’yo, Siya ang Salita ng Diyos sa anyo ng isang tao, tinawag na “isang tao.”

Pansinin, hindi Niya kailanman binago ang Kaniyang kalikasan, tanging ang anyo Niya. Hebreo 13:8, ang sabi, “Siya’y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Kaya hindi Niya binago ang Kaniyang kalikasan nang dumating Siya. Siya ang laging Propetang iyan, sa lahat ng buong kapanahunan, siya pa ring bagay: ang Salita, ang Salita, ang Salita, ang Salita. Kita n’yo? Hindi Niya mababago ang Kaniyang kalikasan, ngunit binago Niya ang Kaniyang anyo. Hebreo 13:8, ang sabi, “Siya’y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Binago lamang Niya ang Kaniyang maskara.

89 Tulad ng nagbago ako mula sa pagiging asawa, nang isinilang ang anak ko, pagkatapos ako’y ama. Nang ipanganak ang apo ko, ako ay lolo. Kita n’yo? Ngunit, hindi ako nabago, ako pa rin—pa rin iyan. Kita n’yo? (At ganiyan ang Diyos.) Ito lamang ang binago ko ang aking. . .Kita n’yo, binago lamang nito ang anyo ninyo. Kita n’yo?

Pansinin. At binababago ito ng kalikasan mula sa isang batang lalaki patungo sa kalagitnaang-edad, patungo sa isang matandang lalaki. At hayan na nga kayo, nakita n’yo, nabago lamang ninyo ang anyo ninyo.

90 Ngayon, hindi ninyo masasabing ang isang munting batang lalaking nakatayo rito, labing anim na taong gulang, sabihing siya na nga ay isang lolo. Hindi siya maaring maging ganoon. Ang anyo niya ay kailangang mabago. Babaguhin ito ng ilang mga taon, pagkatapos siya ay magiging lolo. Nakita ba ninyo ang ibig kong sabihin?

91 Ngunit ito’y siya pa ring Persona sa lahat ng pagkakataon, siya ring Persona, Diyos sa lahat ng panahon. Sa paraang ito inihahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang bayan, sa paggawa nito. Pansinin, sa loob ng kapanahunan ng Haliging Apoy, inihayag Niya ang Kaniyang Sarili sa bayan Niya. Sa panahon ni—ni Jesus, inihayag Niya ang Kaniyang Sarili sa

bayan Niya. Sa panahon ng Espiritu Santo, bilang Anak ng Diyos. Anak ni David. . .Palagi Niyang inihahayag ang Kaniyang Sarili sa gayung kaparaanan sa Kaniyang bayan, ginagawang makilala Siya ng mga tao. Nalalambungan siya sa likod ng isang bagay, pansinin, sa gayon ding paraan, o gayon ding kalikasan, bawat pagkakataon.

92 Ang Diyos ay nailambong kay Jesus, para gampanan ang gawain ng pagtutubos sa krus. Hindi maaring mamatay ang Diyos, bilang isang Espiritu. Siya ay Walang Hanggan. Ngunit kailangan Niyang magsuot ng isang maskara at isaganap ang bahagi ng kamatayan. Namatay nga siya, ngunit hindi Niya magagawa ito sa anyo Niyang Diyos. Kailangan Niyang gawin ito sa anyong Anak, bilang Anak ng tao, sa lupa. Kita n'yo? Kailangan Siyang maging anyong Anak. Pagkatapos nang bumalik Siya sa Pentecostes, Siya nga ay Anak ng Diyos muli. Nakita ninyo kung ano ang ibig kong sabihin? Nakuha ba ninyo ang ideya? Siya ay. . .

93 Kailangan Niyang pumasok sa loob ng lamang pantao, para. . .at walang sinuman, walang pagnanasang sa sekswal. Sapagkat pinatutunayan niyan muli ang pangungusap natin tungkol sa binhi ng serpiyente, kita n'yo, "sekswal," talagang sekswal. Hindi mga mansanas; sekswal! Iya'y tama. Kailangan maging gano'n iyan. Pansinin dito, kita n'yo, para sa kanino mang mabuting tao. . .Tingnan ang mga propetang iyon doon noon, ngunit kailangan Niyang maging higit kaysa isang propeta. Kita n'yo? Upang magawa iyan, kailangan Niyang pumarito sa pamamagitan ng birheng kapanganakan, nagpapakita ang ang birheng kapanganakan ang nagpatunay. . .Kailangan Niyang maisilang sa birheng kapanganakan, para tanggalin ang sumpa, ang Lunas. Nakita ba ninyo ang ibig kong sabihin? Kaya, tiyak ngang ito noon ay sekswal. Pinatunayan Niya ito sa Sarili Niyang pagparito; Dumating siya hindi sa pamamagitan ng sekswal na pagnanasa, kundi sa pamamagitan ng birheng kapanganakan. At binago Niya ang Kaniyang maskara mula kay Jehova patungo kay Jesus, upang magampanan ang gawaing pagtutubos sa dula na isinasaganap Niya, sa Diyos doon sa krus.

94 Gusto Siyang makita ng mga Griyego. Sa San Juan 12:20, marami sa inyo ang narinig akong nangaral tungkol diyan sinasabing, "Mga ginoo, ibig sana naming makita si Jesus." Napansin ba ninyo iyan?

95 Ngayon, ang mga Griyego ay mga iskolar, sila ay dakilang mga tao. At mayroon silang isang—mayroon silang isang—isang dakilang damdamin para sa Diyos, tulad ng mangaral si Pablo sa kanila sa Areopago. At sila nga ay, sila—pinangunahan nila—pinangunahan nila ang sanglibutan sa siyensiya at—at

edukasyon, sila ay dakilang mga tao. Ngunit sumasamba sila at naniniwala sa mitolohiya at gayon, mga aklat ng sining at kakaibang mga sining, at iba pa.

96 Ngunit sila—sila nagulo sila tungkol sa Lalaking ito Na nakagagamot ng may karamdaman at nakapanghuhula ng mga bagay na naganap, hanggang pinakatuldok. At nagulo sila, kaya pumunta sila upang makita Siya. Ngayon, masdan mabuti ngayon, huwag malaktawan ito. Kita n'yo? At pumunta sila at sinabi nila kay Felipe, na taga Bethsaida, "Ginoo, ibig sana naming makita si Jesus." At si Felipe at isa pang alagad ang nagdala sa kaniya kay Jesus, upang makita si Jesus.

97 Ngayon pansinin ang mismong mga salita na sinabi ni Jesus sa kanila, sapagkat nagsipunta sila para makita kung Sino nga Siya, at hindi nila Siya makita. [Kumatok si Kapatid na Branham sa pulpito ng tatlong beses—Pat.] Nakita nila ang anyo, ngunit Siya noon ay nasa loob ng Kaniyang templo. Ang Diyos ay nasa loob ng Kaniyang templo, nalambungan sa lamang pantao. Pansinin ang mga salitang sinabi Niya, "Maliban ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa, kita n'yo, at mamatay, nanatili siyang mag-iisa." Kita n'yo? "Dumating na ang oras, nalalapit na na ang Anak ng tao ay maluluwalhati, kita n'yo, at kailangan Niyang lumisan mula sa mundong ito. At liban na ang oras na ito ay dumating, hindi ninyo kailanman makikita Ito." Kita n'yo?

98 Heto, bakit hindi nila makita si Jesus? Siya ay namamaskarahan. Namamaskarahan ang Diyos. Gusto ng mga Griyego ng isang Diyos, at heto na nga Siya, ngunit hindi nila Siya makita dahil sa lambong. At parehong pareho iyan sa araw na ito, hindi nila Siya makita dahil sa lambong. Ito'y nakatakip sa kanilang mukha. Namamaskarahan ang mga Griyegong ito, o namamaskarahan si Jesus sa mga Griyegong ito.

99 Pansinin, ang sabi Niya sa kanila, "Maliban ang butil ng trigong ito ay mahulog sa lupa, nanatili siyang mag-iisa."

100 Sila, hindi nila maunawaan kung paano, kung bakit na hindi nila Siya makita. Nakatayo roon ang isang lalaki. Pumunta sila upang makita ang Diyos, at isang tao ang nakita nila. Kita n'yo? Hindi nila makita ang Diyos dahil ang Diyos ay nalalambungan sa kanila. Ngayon panatilihin iyan sa inyong isip, nalalambungan ang Diyos sa loob ng isang tao. Magagawa nilang sabihing, "Walang taong makagagawa ng mga gawang ito liban na ito ay Diyos. Walang taong makagagawa nito, at paanong dito ay nakatayo ang isang tao at gayunpama'y nahahayag ang mga gawa ng Diyos sa pamamagitan Niya!" Kita n'yo, hindi nila maunawaan na ang Diyos ay nalalambungan.

101 Nalalambungan Siya ay sa loob ng isang tao, tulad nga na palagi Siyang nalalambungan. Ngunit, nalambungan Siya sa

kanila, Siya nasa loob ng pantao Niyang templo. Ang Diyos noon ay nasa isang pantaong templo. Ngayon, tunay na maging maingat, ngayon Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kita n'yo, ang Diyos nalambungan, itinatago ang Kaniyang Sarili mula sa sanglibutan, nalambungan sa loob ng tao. Kita n'yo? Heto ang Diyos! Sinasabi ng mga Griyegong iyon, "Ibig sana naming makita Siya."

102 At ang sabi ni Jesus, "Kailangang mahulog ang isang butil ng trigo at mamatay." Kailangan ninyong mamatay sa lahat ng inyong mga ideya. Kailangan ninyong lumabas sa sarili ninyong mga kaisipan.

Tulad ng mga alagad na iyon noon, hindi nila maipaliwanag ang tungkol sa pagkain ng Kaniyang katawan at—at pag-inom ng Kaniyang Dugo, ngunit, kita n'yo, natapos na silang mamatay sa mga bagay na iyon. Patay sila na sa isang Prinsipyo, sila ay patay na kay Cristo. Anupaman iyon, o gaano man Siyang tingnang bigo, sinampalatayanan pa rin nila Ito sa anu't-ano man. Kita n'yo? Makikita nila sa loob ng Taong iyon; isang Tao na kumakain, uminom, nangisda, natulog, lahat ng iba pa, naisilang dito sa mundo, at lumakad kasama nila, nakipag-usap sa kanila, nagsuot ng mga kasuotan tulad ng iba sa kanila, ngunit iyun nga ay Diyos.

103 Kaya hindi Siya makita ng mga Griyego, dahil naitago Siya sa kanila, sa loob ng isang tao. Pansinin ang Salita Niya sa kanila, "Maliban na ang butil ng trigong ito ay mahulog sa lupa."

104 Nalambungan ang Diyos sa anyo ng isang tao, ikinubli ang Kaniyang Sarili mula sa kanilang paningin, nakikita lamang nila ang isang tao. Ngunit yaong mga Predestinado ay nakikita ang Diyos. Nakikita ng isa ang isang tao, nakikita naman ng isa ang Diyos. Kita n'yo? At ito ay ang Diyos na nalambungan sa isang tao, lumalabas na kapuwa sila tama, ngunit ang pananampalataya n'yo riyan ang siyang hindi ninyo nakikita. Sinasampalatayanan ninyo ito, sa anupamang paraan. Natabingan ang Diyos sa loob ng isang tao. Siya ay nasa loob ng lamang iyon, at ang lamang lumalabas na iyon ang tabing Niya. Napunit ang tabing, kita n'yo, upang ang Diyos ay mahayag.

105 Sa Lumang Tipan, naitago ang Diyos nang Siya ay naroon pa sa Kaniyang luklukan ng awa; doon sa luklukan ng awa, isang tabing. Sa Lumang Tipan, ang Diyos ay nasa Kaniyang templo. Ngunit pumasok ang mga tao at sumamba tulad nito, ngunit, tandaan, mayroon noong isang tabing (amen) na nagkubli sa Diyos. Alam nila na naroon ang Diyos. Hindi nila Siya makita. Hindi na lumilitaw pa ang Haliging Apoy na iyon doon. Napansin ba ninyo? Wala ni isang pagkakataon sa

Kasulatan, mula sa panahon na pumasok ang Haliging Apoy sa likod ng tabing, na nagpakita pa Itong muli, hanggang sa dumating Ito kay Jesus Cristo. Nalambungan ang Diyos noon!

106 Nang tumayo Siya sa lupa, ang sabi Niya, "Ako ay nagmula sa Diyos at ako ay babalik sa Diyos."

107 Pagkatapos si Pablo, (makaraan ang pagkamatay Niya, libing, at pagkabuhay na maguli), sa daan niya patungong Damasco, naroon muli ang Haliging Apoy na iyon. Ano nga Ito? Lumabas mula sa likod ng tabing! [Kumatok si Kapatid na Branham sa pulpito ng apat na beses—Pat.] Luwalhati sa Diyos!

108 Siya ay nasa likod ng tabing. Ngayon Siya ay nasa likod ng ano? Tabing na balat. Kita ninyo, "mga balat ng hayop," nasa likod ng tabing. At nang mahapak ang tabing na iyon sa araw ng pagkapako sa krus, ang tabing na kinababalutan Niya ay nahapak sa araw ng pagkapako sa krus, nailantad sa paningin ang buong luklukan ng awa.

109 Ngayon, hindi maunawaan ng mga Hudyo kung paano na magagawa ng Diyos na mahahabag sa isang makasalanan, masamang mga tao tulad natin. Ngunit hindi nila makita ang Isang ito na nagbibigay ng awa, dahil Siya nga ay nakatago. Siya noon ay nasa likuran ng luklukan ng awa, sa loob, na may nakatabing na mga balat ng hayop, tinatakpan Siya. Noon. . .

110 Noon, kung sinumang tao ang pumasok sa likod ng tabing na iyan, ito noon ay karakadakang kamatayan. Amen. Oh, makakakuha tayo ng isang aral dito sa loob ng isang minuto, kita n'yo, kung magagawa ninyong—magagawa ninyong tanggapin Ito. Ang lumakad sa likuran ng mga balat na iyon. . .Maging isa sa mga anak na lalaki ng saserdote ay sinubukan ito minsan, at namatay. "Huwag pumunta sa likuran ng tabing na iyan." Ang tao na pumunta sa likod. . .Bakit? Wala pa noong katubusan, doon. Ito noon ay may posibilidad. Ito noon ay may posibilidad lamang. At anumang bagay na may *posibilidad* ay hindi pa ang tunay na bagay, kita n'yo, may posibilidad lamang. Ito ay katubusan. . .Natakpan ang kasalanan, hindi tinanggal. . .pinatawad, pala, hindi pa pinatawad. Ang *pinatawad* ay "paghihiwalay at paglalayo." At kung kaya hindi iyan magawa ng mga dugo ng tupa at mga kambing, kaya naitago si Jehova sa likod ng isang tabing. Ngayon, sa likod ng likuran ng tabing na ito kung saan Siya noon naitago, ang pumasok sa loob niyan, bumabagsak na patay ang isang tao, na magtangkang pumasok sa loob Nito.

111 Ngunit mula ng Pentecostes, mula ng Pagpapako sa krus, nang mahapak ang tabing na iyan mula sa itaas hanggang sa ibaba, sa salin-lahing iyan. . .Si Jesus ang Diyos na iyan, nalambungan. At nang mamatay Siya sa Kalbaryo, nagpadala

ng apoy ang Diyos at kidlat, at pinunit ang tabing na iyan mula sa taas hanggang sa ibaba, na ang buong luklukan ng awa ay nakitang lubusan. Pero sila ay masyadong nabulagan para makita Ito. Tulad ng sinabi ni Moises dito, bagaman, o . . . sabi ni Pablo, sa pagbasa kay Moises, "Kapag binabasa ni Moises, noon, ang tabing na iyan ay nasa puso pa rin nila." Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, iyan ang ginawa ng mga Hudyo nang mahapak ang tabing at ilantad ng mabuti ang Diyos, nakabayubay doon sa krus. Kitang-kita Siyang mabuti noon, pero hindi nila makita Ito.

112 Maaari ba na gayon ding bagay ang ginawa ng mga Gentil? O Diyos! Nang naroon pa sila sa mga kapanahunan ng iglesya, ng Anak ng Diyos; ngunit ngayon nang ang tabing ng mga denominasyong ito at mga bagay, ang tabing ng tradisyung ito na taglay natin mula pa sa Pentecostes, kapag ang mga tradisyon ng simbahan ay nahapak, ang mga bagay na sinabi ng mga tao, "Ang mga araw ng mga himala ay lumipas na, at ang mga bagay na ito," at tinanggal na ng Diyos ang tabing mula Rito, at dinala Ito sa lubos na kalantaran, at nahahanda silang ipako Itong muli, [Kumatok si Kapatid na Branham sa pulpito ng anim na beses—Pat.] talagang hawig na hawig.

113 Ang nahayag na Diyos, malinaw na nakikita, nakita sana nila Siya na nakatayo roon. Gayon pa man napaka ordinaryo Niya noon, napaka ordinaryo Niyang tao noon. Hindi nila makita Ito. Kita n'yo, nakatayo roon ang isang lalaki. "Buweno," sabi nila, "ang lalaking ito, saang paaralan Siya nanggaling?" Ngunit, tandaan, nang tamaan ng sibat na iyan ang katawan Niya, nilisan Siya ng Espiritung iyon, ang templo . . . naibaligtad ang mga dakong lalagyan ng alay, at pumalo ang kidlat pababa papasok sa templo at hinapak ang tabing. Ano nga ito? Naroon ang Diyos nila nakabayubay sa Kalbaryo, at masyado silang nabubulagan para makita ito.

114 Dinala Siya sa hayag na kalantaran, at hindi pa rin nila nakikita Ito! Nabubulagan sila. Ang Diyos, nalalambungan sa isang tao!

115 Tandaan ninyo, bumalik Siya noon kay Pablo pagkatapos niyan, at kay Pedro sa kulungan, bilang Haliging Apoy. Naalaala ninyo iyan? [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen."—Pat.]

116 Ngunit sa huling mga araw dapat Siyang bumalik muli, ngunit ipinalagay na dapat muling bumalik ang isang Haliging Apoy upang ihayag ang Anak ng tao, kita n'yo, upang ilantad ang Salita, ang Liwanag. Ang mga tradisyon, na naitayo, ay mapapawi. Wala nang bagay na gugulo pa Nito; mangyayari ito, papaanu't papano man. Sadyang ibabagsak ng Diyos ang mga denominasyon at mga tradisyong ito.

Anong uri ng Espiritu ang gagamitin Niya rito? Tulad ng ginawa Niya nang una. Tingnan kung anong ginawa Niya sa

mga araw ni Elias, sa mga araw ni Juan. "Hindi baga ninyo naiisip sa inyong mga sarili na 'mayroon kayong Abraham sa ama,' 'pagkat ang Diyos ay may kakayanan mula sa mga batong ito na makapagbangon ng mga anak kay Abraham." Kita ninyo? Hindi n'yo ba naiisip, "Pagkat napabilang ako sa *ganito* at napabilang ako sa *ganiyan*." Kita n'yo? Pinupunit ng Diyos ang tabing, kita n'yo, upang ipakita kung Sino Siya. Kita n'yo, masdan ang tabing nang mahapak ito rito ngayon, nasumpungan natin ngayon.

117 At may isang panahon, kung pumasok ang isang lalaki sa tabing na iyan, ito noon ay biglaang kamatayan. Ngayon ito'y kamatayan ang hindi pumasok sa loob Nito! Amen. Kung hindi ninyo mawasak ang tabing na iyan ng tradisyon, maibagsak ang dingding na iyan ng denominasyon, upang makita ang Diyos sa Kaniyang kapangyarihan, ito'y kamatayan. Dati kung saan ito noon ay kamatayan ang pagpasok, ngunit ngayon ito'y kamatayan ang manatili sa labas. Ang buong Luklukan ng Awa ay nakalantad na malinaw na nakikita, sinuman ay maaring makita Ito, nahapak na ang tabing. Luwalhati sa Diyos! Ang buong Luklukan ng Awa ay nabuksan sa malinaw na kalantaran.

118 Paano ngang mahahabag ang Diyos sa masamang mga makasalanan tulad natin, samantalang itinago Niya ang Kaniyang Sarili, isang hiwaga noon. At ngayon Ito'y nasa hayag na kalantaran, o nasa kitang-kita na kalantaran, nahayag sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Ito'y palaging ang Salita, tuwina, iyan ay ang Diyos. Ito'y ang Salita na nagbubukas nito. Kung nalaman ng mga taong iyon ang Salita ng Diyos nang araw na iyon nang mamatay si Jesus, nakita sana nila ang Luklukan ng Awa, nakita sana nila kung Sino Siya noon.

119 "Sino nga Iyon noon? Bakit nahapak ang tabing?" Tandaan, ang pumasok sa loob Nito noon ay kamatayan. Walang sinumang maaaring makakita Nito. Nakita Ito ni Moises sa isang anyo, Ito noon ay isang ipu-. . .ito noon ay isang—isang likod ng Tao. Buweno, heto nga Ito, isang nagdurugong likod, ang Tao ring iyan! Ano nga Ito? Gustong ipakita sa kanila ng Diyos ang Luklukan ng Awa. Gustong ipakita ng Diyos sa kanila kung Sino nga Siya noon. Kaya ang tabing sa templo, mula sa kamay ng Diyos, sa kaitaasan, ay nahapak mula itaas hanggang sa ibaba, at ipinakita ang Diyos sa hayag na kalantaran. Ito ay si Jesus Cristo na nakabayubay sa krus, ang Luklukan ng Awa. At ano nga ito noon? Masyadong nabubulagan ang mga tao para makita Ito.

120 Ngayon naulit itong muli, ang mga tradisyon nila! Paano nga, kung gayon, sa Araw ng Pentecostes, dumating ang Salita at noon ay nasa isang anyo ng "Anak ng Diyos." At sinimulan nilang iorganisa ito sa Nicaea, Roma. At, ang unang bagay,

nagtungo sila sa Metodista, Baptist, Presbyterian, mga Pentecostal, at iba pa. Nag-organisa ito ng tradisyon hanggang sa hindi na alam ng isang tao kung saan siya nakatayo.

Ngunit, luwalhati sa Diyos, ipinangako Niya sa mga huling araw kung ano ang gagawin Niya. Ipakikita Niya ang Kaniyang Salita sa hayag na kalantaran, bukas sa harapan natin muli, kita n'yo, bubuksan Ito.

121 Kung nalaman lamang nila ang Salita, nalaman nila kung sino si Jesus. Kung nalaman lamang ng isang tao ang Salita ng Diyos, malalaman niya ang panahon na kinabubuhayan natin at kung ano ang nangyayari. Sadyang iniiwasan nilang pakinggan ang Salitang iyon. Ang mga tradisyon nila! Anong nagbunsod sa mga Hudyong iyon na makita iyon? Ano? Para bang nakita talaga nila, sapagkat sinirang-bukas ang bagay na iyon. Sinirang-bukas ito para sa isang layunin.

122 Para saan ang mga rebaybal na ito sa ngayon? Paano ito sasagana? Paano ito babasbasan? Hindi mahalaaga sa akin gaano man karaming mga manggagaya mayroon ito, o anupamang bagay, hindi niyan. . .Nang lumabas si Moises, mayroon noong isang halu-halong karamihan na sumama sa kaniya. Ngunit para sa ano ito ginawa? Ito'y si Jehovah Mismo na inaalis ang tabing mula sa Diyos, upang ipakita ang kaibahan sa pagitan ng tama at mali. Na siyang, Metodista, Baptist, Presbyterian, o sino ang tama? Ang Salita ng Diyos ang tama! "Hayaang ang bawat salita ng tao ay maging isang kasinungalingan, at ang Akin ang Katotohanan." Hindi nangangailangan ang Diyos ng anumang tagapagpaliwanag. Siya ang gumagawa ng Sarili Niyang kapaliwanagan. Inihahayag Niya Ito at ma-. . .ito ang nagbibigay ng kapaliwanagan. Inihahayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili. Oh, naku! Mismo sa kalagitnaan natin, nakita natin ang dakila Niyang kamay na sinasabi ang mga bagay na ito, ginagawa ang mga bagay na ito.

123 May isang bagay riyan ngayong gabi, kita n'yo, ng kung paano masdan ang kamay ng Diyos, ano ang ginagawa Nito, paano inihahayag Nito ang sarili nito. Kita n'yo?

124 At sinasabi ng mga tao, "Oh, walang kabuluhan iyan. Iyan ay panatismo roon. Walang anuman Diyan. Walang kabuluhan iyan. Iyan ay Beelzebub. Iyan ay isang diablo. Iyan ay panghuhula-ng-hinaharap. Iyan ay *ganito*." Kita n'yo, pareho ring bagay na sinabi nila tungkol sa Kaniya.

125 O iglesya, at kung lalabas ang teyp na ito, hindi ba ninyo nakikita, mga ministro ng Evanghelyo, kung saan kayo nabubuhay? Hindi ba ninyo nakikita ang oras na kinalalagyan natin? Ang Diyos, ipinakikita ang Kaniyang Sarili, isinasantabi. . .Tingnan, kinuha Niya ang tabing ng templong iyon at pinunit ito sa pira-piraso, upang makita nila ang Diyos

sa hayag na kalantaran, at masyado silang nabubulagan para makita Ito. At pareho ring bagay ang ginawa Niya sa araw na ito, inilalagay ang Kaniyang Salita mismo sa harapan, kung ano ang ipinangako Niya. Bawat pangako sa Salita, nakalatag mismo sa harapan natin, sa hayag na kalantaran!

126 Alam ba ninyo kung ano ang ginawa ng Gentil na iglesya? Parehong bagay tulad ng ginawa ng Hudyong iglesya, masyadong nabulagan para makita Ito. Iyan ang lahat. Ito'y mapapasa kanilang mga puso tulad nga ng naganap noon sa araw na iyon.

127 Pansinin, kamatayan, ang lumayo mula Rito ngayon. Kailangan ninyong pumasok sa loob Nito sa pamamagitan ng tabing na ito, o ayaw ninyo. Paano ngang mahahabag ang Diyos sa kanila, ngunit tandaan kung ano ito noon, na inihahayag ng Diyos kung ano nga ang nasa likod ng tabing na iyon. Masdan kung ano ang nasa likod ng tabing, ang Salita! Ano ang tinatabingan nito? Ang Salita! Ano nga ito noon? Ito'y nasa loob ng tipan. Ito ay ang Salita na itinatago ng tabing na iyan. Kita n'yo? At si Jesus noon ang Salitang iyon, at Siya nga ang Salitang iyon, at itinatago Ito ng tabing ng Kaniyang laman.

128 At sa araw na ito itinatago muli ng tabing ng tradisyon ang Salita, sinasabing, "Hindi totoo Ito." Ngunit Ito ay totoo! Pinatotohanan Ito ng Diyos, inilalahad ng lubos mismo ang Kaniyang Sarili na kasing liwanag ng araw, sa harapan ng bawat isa, at nabigo silang makita Ito. Diyos, mahabag sa amin.

129 Sa pagtitipo, si Moises nanggaling sa Presensiya ng Diyos, taglay ang Salita ng Diyos para sa kapanahunang iyon. Ngayon masdan, tayo ngayon ay nasa Exodo 19. Huwag palagpasin ito ngayon. Sa Exodo 19, bumaba si Moises galing sa Presensiya ng Diyos, o 20 at 21, 19:20 at 21. Bumaba si Moises mula sa Presensiya ng Diyos. Nanggaling Siya sa Salita. Naisulat na ang Salita. At siya, sa Presensiya ng Diyos, taglay ang Salita, taglay niya ang Salita para sa kapanahunang iyon. Mayroong Salita para sa bawat kapanahunan. At lumalabas si Moises, nagningning ng husto ang kaniyang mukha! Kita n'yo? Ang Salita ay nasa loob niya, nahahandang maihayag, maibigay sa mga tao.

130 Ang totoong Salita, isinulat Ito ng Diyos, at Ito noon ay nakay Moises. Pansinin, Ito noon ay na kay Moises at nahahandang maihayag. Siya noon ang Salita sa kanila, siya noon ang nabubuhay na Salita, nakatago. Natalukbungan ang Kaniyang sarili, kailangang maglagay ni Moises ng isang lambong sa sarili niyang mukha. Bakit? Siya noon ang Salitang iyon. Amen. Hanggang sa mahayag ang Salitang iyan, kailangang lambungan ni Moises ang kaniyang sarili. Amen!

Nakita ba ninyo Ito? Nasaan man naroroon ang Salita, Ito'y nalalambungan.

131 Taglay ni Moises ang Salita. Ngayon tandaan, makaraang maihayag ang Salita, si Moises ay si Moises uli noon. Kita n'yo? Pero habang nasa kaniya ang Salita noon para maihayag, siya noon ay Diyos; buweno, hindi na nga siya Moises pa. Taglay Niya ang Salita ng Panginoon para sa kapanahunang iyan. Walang bagay na makagalaw sa kaniya hanggang iyon noon ay matapos; taglay ang Salitang iyon sa kaniya. Kaya, samakatuwid, nang dumating siya, inilingon ng mga tao ang kanilang mga ulo; hindi nila maunawaan. Sila ay nabago. Siya noon ay naging ibang tao. Dumating siyang taglay ang Salitang iyan. "At naglagay siya ng isang lambong," ang sabi ng Biblia, "sa kaniyang mukha," sapagkat taglay niya ang Salita. At siya noon ang Salita sa kanila.

132 Ngayon tingnan, kung si Moises. . .O kapatid, heto ay magiging isang insulto. Ngunit kung si Moises. . .Tulad ng sinabi ni Pablo rito sa Ikalawang Mga Taga Corinto, sa ika-3 kabanata. Kung kailangang talukbungan ni Moises ang mukha niya ng may ganiyang uri ng Kaluwalhatian na nasa kaniya; kita n'yo, sapagkat iyon noon ay natural na kaluwalhatian, iyon noon ay isang natural na batas. At kung si Moises, nalalaman na kailangang mawala ang batas na iyan, ngunit napaka liwanag ng Kaluwalhatian noon na binulag nito ang mga tao, kaya kailangan nilang maglagay ng isang lambong sa mukha niya. Magiging gaano pa kaya Ito sa hinaharap? Mga taong nabulagan sa espirituwal! Uh-huh. Mapapawi ang kaluwalhatiang iyan, ngunit hindi kukupas ang Kaluwalhatiang Ito. Kita n'yo? Nakay Moises ang karnal na mga batas, ang kahatulan, walang biyaya, walang anuman; hahatulan lamang kayo nito. Ngunit Ito ay nangungusap tungkol. . .Iyan noon ay walang kapatawaran, sinasabi lamang niyan sa inyo kung ano kayo noon. Binibigyan kayo nito ng isang daan palabas.

133 At pagka nahayag ang Salitang iyon, oh, naku, magiging anong uri kaya ng mukha Ito sa hinaharap? Kailangan Itong malambungan. Dapat Itong malambungan. Ngayon pansinin. Kaya nalambungan ang Espiritu sa loob ng isang pantaong templo, kita n'yo, Siya para ipangusap ang natural na mga salita sa pamamagitan ng isang natural na tabing.

134 Ngayon, nangungusap si Pablo dito ngayon, at dito—dito sa paraang, ang Espiritung-Salita, "Tayo ay mga ministro, hindi ng mga titik, ang batas; kundi mga ministro na pinaging sapat ng Espiritu," na kinukuha ng Espiritu ang mga titik at ipinahahayag Ito.

135 Iyan noon ay makatarungang batas, kailangan ninyong tumungo at tingnan ito, sabihing, "Huwag kang mangangalunya. Huwag kang magnanakaw. Huwag kang magsisinungaling. Huwag mong gagawin *ito, iyan*, o ang *iba*." Kita n'yo? Kailangan ninyong tumingin diyan.

136 Ngunit ito ay Espiritu na nanggaling sa ipinangakong Salita para sa kapanahunang *ito*, at inilalabas at inihahayag, hindi sa dalawang tapyas na bato, kundi ang Presensya ng buhay na Diyos. Hindi isang gawa-gawang kaisipan na ginawa ng kung sino, ilang Houdini, isang pandaraya; ngunit ang pinaka pangako ng Diyos na nahayag at nailantad mismo sa harapan natin. Mapapasalikod iyan ng anong uri ng tabing? At ang—ang maiwala iyan . . .

137 Kita n'yo, napaka dakila niyan hanggang sa sinabi pa ng mga tao, sabi nila nang makita nilang bumaba si Jehova sa Haliging Apoy na ito, at nagsimulang ugain ang lupa, at—at ang mga bagay na ginawa Niya, at nag-aapoy ang bundok. At kahit pa may sinumang magpilit na pumunta sa bundok na iyon, namamatay. Napaka lakas Nito na maging si Moises ay natakot sa paglindol. Kung gayon, kung nang panahong iyon niyanig Niya ang kabundukan, sa pagkakataong ito yayanigin Niya ang sangkalangitan at lupa.

138 Ano naman ang tungkol sa Kaluwalhatiang Ito? Kung iyan noon ay nalalambungan ng isang natural na tabing, ito ay napaka . . . nalalambungan ng isang espirituwal na tabing. Kaya huwag magpumilit na tumingin sa natural; mapasa Espiritu at tingnan kung nasaan nga kayo, tingnan kung anong panahon na ang kinabubuhayan natin.

139 Nagkakaroon ba Ito ng saysay sa inyo? Kita n'yo, Ito'y isang espirituwal na tabing na nakalambong sa mga tao, nagsasabi, "Ako'y Metodista. Kasing buti lamang ako ng sinuman. Baptist ako. At Pentecostal ako." Hindi ba ninyo ito naiisip ng mabuti, ang bagay na iyan ay isang tradisyunal na tabing? Itinatago nito ang Diyos mula sa inyo. Iyan ang mga bagay na pumipigil sa inyo para matamasa lahat . . .

Oh, sasabihin ninyo, "Sumisigaw ako at tumatalon taas-at-baba."

140 Ang sabi Niya, "Bawat Salita!" Pinaniwalaan ni Eva bawat Salita liban sa isa. Kita n'yo? Ito ay kailangan buong Salita ng Diyos, ang pangako ng kapanahunang ito na ginawang hayag. Kita n'yo?

141 Pansinin ngayon habang nagpapatuloy tayo. Marami pa rito na maipapangusap, ngunit mayroon akong mga dalawampung pahina, ngunit ito . . . ng—ng mga maiikling sulat, ngunit hindi ako—ako mangungusap sa lahat ng mga ito. Kita n'yo, magmamadali ako.

142 Nalambungan Siya sa pamamagitan ng isang natural na tabing bago niya maipangusap ang Salita sa mga tao. Ngayon, kailangang lambungan ng Diyos ang Kaniyang Sarili, tulad ng ipinangako Niya, sa pantaong laman. Diyos! Nakuha ba ninyo Ito? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kailangang lambungan ng Diyos ang Kaniyang Sarili ng

pantaong laman, at maglagay ng isang espirituwal na lambong sa kanila, (sabihing, "Buweno, Ako'y *ito* at Ako'y *iyan*"), para makapangusap sa mga tao. Kapag nalambungan iyan, na siyang tradisyunal na tabing, ay mahapak, kung gayon ang. . .iyan ang kung ano ang sinasabi nila, "Aba, ang mga araw ng mga himala ay lumipas na."

143 May isang lalaki na nagsabi sa akin noong isang araw, isang—isang munting Baptist na mangangaral sa labas doon, lumapit sa akin, Kapatid na Green, at ang sabi niya, "Kapatid na Branham, heto ang isang bagay na laban ko sa iyo." Ang sabi niya, "Pinipilit mong gawin ang mga tao. . . " Ito noon ay doon sa Ramada Inn, nang mayroon siyang pagtitipon banda roon. Ang sabi, "Pinipilit mong papaniwalain ang mga tao sa kapanahunang apostoliko, na mamuhay ngayon tulad ng pamumuhay nila noon sa kapanahunang apostoliko." Ang sabi, "Natapos na ang kapanahunang apostoliko kasabay ng mga alagad."

Ang sabi ko, "Ganoon ba Ito?"

"Siya nga."

Ang sabi ko, "Sino ang tagapagsalita noon sa kapanahunang apostoliko?"

Ang sabi niya, "Ang labing dalawang mga alagad sa itaas na silid."

144 Sabi ko, "Kung gayon labas si Pablo." Sabi ko, "Ang tagapagsalita noon ay si Pedro. At ang sabi ni Pedro, sa Araw ng Pentecostes, nang makita nila lahat ng mga bagay na ito na nagaganap, at kumikilos ang Banal na Espiritu, ang sabi niya, 'Ang pangako ay para sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tatawagin ng Panginoon na ating Diyos.' Kung tumatawag pa rin Siya, kung ganoon gayon paring Bagay ang narito. Kailan nagtapos ang kapanahunang apostoliko kung ganoon? Titigil ang apostolikong kapanahunan kapag titigil ang Diyos sa pagtawag." Hinding-hindi na siya nagsabi ng anupa mang bagay kundi dinampot ang sumbrero niya at umalis.

145 Kailangan Nito ang Salita para magawa ito. Ito'y ang Salita. Sinabi ni Jesus kay Satanas, "Ito'y nasusulat." Kita n'yo? Ganon iyon, "Ito'y nasusulat."

146 Ang sabi ko, "Sinabi ni Pedro na hindi ito kailanman magtatapos. Ilan man ang tawagin ng Panginoon, ang Biyayang ito ay para nga sa kanila. Ngayon sasabihin mong, 'Tumigil Siya.' Kailan?"

"Walang pinsalang nagawa?"

Ang sabi ko, "Hindi, ginoo, wala ni kaunti. Magpatuloy ka." O sige. Kita n'yo?

147 Sinabi ni Pedro na ito nga ay para sa bawat isa na tatawagin ng Diyos, tatanggap ng gayon ding apostolikong Biyaya. Iya'y—iyay ang Salita ng Panginoon. Kita n'yo?

148 Ngayon ang natural na tabing. Ang Diyos, ang Salita, nalambungan sa loob ng lamang pantao. Ano nga ito? Nalambungan ang Diyos noon sa loob ni Moises. Ang Diyos noon ay nakay Moises, natabingan, at nasa kaniya noon ang Presensiya ng Diyos. Napaka sakdal niya noon taglay ang Salitang iyan sa loob niya tulad niyan, hanggang kailangan niyang talukbungan ang kaniyang mukha. At ito noon ay isang napagtibay na propeta na naghayag ng Salita at nagsabi sa kanilang, "Huwag ninyong gagawin! Gagawin ninyo! At huwag ninyong gagawin!" Kita n'yo?

149 Upang maibigay ang Kaniyang Salita sa salinlahing iyan, nilambungan Niya ang Kaniyang Sarili sa loob ng isang tao, o mabubulag ng Salita maging ang mga tinawag palabas. Kita n'yo? Maging ang mga tao na nasa labas doon noon, hindi nila matagalan na tingnan iyon. Sa—sa Exodo nasumpungan natin, ang sabi nila, "Pahintulutang mangusap si Moises, hindi ang Diyos." Nakita ba ninyo bakit hindi masyadong nagpapakita ang Haliging Apoy? Kita n'yo?

150 Ang sabi ng Diyos, "Ako—ako—gagawin ko iyan. Palilitawin ko sa kanila ang isang Propeta." Amen! "Palilitawin ko sa kanila ang isa." At dumating Siya ng eksakto lamang. "Magtitindig Ako, at magtataglay Siya, magiging ang Salita."

151 Ang sabi Niya, "Kung gusto nilang makita kung ano nga ang Salita..." Ang sabi, "Ngayon, Moises, nagpakita Ako sa iyo roon sa nagniningas na puno." Sabi, "Ako ay bababa at pagningasin ang bundok na iyan." Sabi, "Makikita nila na sinabi mo ang katotohanan. Magpapakita Ako rito sa—sa—sa gayon ding nag-aapoy na paraan. Magpapakita Ako rito at patutunayan sa mga tao, pagtitibayin Ko ang iyong ministerio." Iyan ang sinabi Niya kay Moises dito, napakaraming mga salita.

152 Pansinin, ang sabi Niya, "Ngayon Aking—luluwalhatiin Kita sa harapan ng mga tao." Ang sabi, "Ngayon, sabihin mo sa kanila na kinatagpo Kita roon sa nagniningas na puno; ngayon bababa Ako, siya ring Apoy, at pahihintulutan Kung makita ng mga tao na hindi ka kailanman nagsinungaling tungkol Dito." Mapapatunayan ninyo Ito maging sa pamamagitan ng siyensiya, kahit o kung gusto ninyo. Kita n'yo? "Bababa Ako mismo at papayagang malaman nila."

153 At nang mag-umpisa Siyang kumulog, nang mag-umpisang kumulog si Jehova, ang sabi ng mga tao, "Huwag! Huwag! Huwag! Huwag payagang si Jehova mangusap; kami'y—kami'y mamamatay."

154 Kita n'yo, kailangan Niyang malambungan, kaya nilambungan ng Diyos ang Kaniyang Sarili kay Moises at ibinigay kay Moises ang Salita. At bumaba si Moises at ipinangusap ang Salita ng Panginoon, sa isang lambong na nakatalukbong sa kaniyang mukha. Tama ba iyan? Nalambungan si Jehova sa anyo ng isang propeta, pagka't maaari itong lubus-lubos na . . . At sinabi ng Diyos na hindi Siya mangungusap pa sa kanila tulad niyan. Mangungusap na lamang Siya sa kanila sa pamamagitan ng isang propeta. Iyan lamang ang tanging paraan na mangungusap Siya sa kanila mula noon. Iyan lang nga ang tanging paraan na nangusap Siya. Tama iyan. Hindi kailanman sa anupamang ibang paraan. Hindi siya nagsinungaling.

155 Pansinin, si Moises lamang ang may Salita. Ngayon, hindi isang—isang grupo ang dumating, hindi mga Fariseo, o ang mga Saduceo, o hindi ito isang—isang anumang sekta o isang samahan. Ito ay si Moises! Kumuha Siya ng isang tao. Hindi Niya magagawang kumuha ng dalawa o tatlong iba't-ibang mga kaisipan. Kumukuha siya ng isang tao. Taglay ni Moises ang Salita, at si Moises lang. Ni wala Nito si Josue. Wala nang iba pang may taglay Nito. Amen! Si Josue ay isang—isang heneral; si Josue ay isang pinuno ng hukbo; si Josue ay isang mananamalataya, isang Cristiyano. Ngunit si Moises ay isang propeta! Hindi maaring dumating ang Salita kay Josue; kailangan Itong dumating kay Moises. Siya ang pangunahing propeta ng kapanahunang iyon. Pansinin, hindi kailanman dumating kay Josue ang Salita hanggang sa mawala si Moises noon. Hindi po, ginoo. Nakikipag-ugnay ang Diyos sa iisa sa isang pagkakataon. Ang Diyos ay iisa. Kita n'yo? Ngayon, si Moises lang ang may taglay ng Salita, hindi isang grupo.

156 Tingnan, binabalaan ng Diyos ang sinumang mga tao na huwag tangkain na sundan si Moises sa loob ng tabing na iyon; mga mapagpanggap. Kita n'yo? Babae, lalaki, saserdote, sinuman ito noon, gaano man ka maka-Diyos, gaano man kalalaki, gaano man karangal, gaano man sila karami noon; binabalaan Niya, "Bayaang pumunta mag-isa si Moises! At kung ang sinumang tao, maging isang hayop, ang humipo nito, ay kailangang pupuksain mismo roon." Huwag na huwag papasok sa tabing na iyon. Ang tabing na iyon ay para lamang sa isang tao. Iisa ang Mensaheng iyon. Kita n'yo? Sa templo, isang lalaki ang pumapasok minsan sa isang taon, napahiran at nakahanda na pumasok sa loob; hindi upang ilabas ang Salita, kundi upang mag-alay ng dugo. Maging ang lumakad papasok sa harapan Nito, lamang. Sinupamang ibang tao ay mamamatay. Kita n'yo?

157 Namamatay sila sa espirituwal ngayon. Ito ay isang espirituwal na tabing. Kita n'yo? Iyan noon ay isang natural na tabing. Ito ay espirituwal na tabing. Kita n'yo? Nananatili

silang lumalakad mismo sa likod niyon, masasabi ninyo sa kanila. "Oh, alam ko! Alam ko iyan, ngunit ako . . . " Kita n'yo, magpatuloy, ayos lang iyon, ipinagungusap lamang nito . . . Matatandaan ninyo, ang huling salot sa Egipto noon ay kamatayan, bago ang paglabas. Ang huling salot sa mundo ay espirituwal na kamatayan, bago ang paglabas. Pagkatapos sila ay susunugin at ibabalik sa alabok, at lalakad ang mga matuwid sa ibabaw ng kanilang mga abo. Ngunit ang huling bagay ay isang espirituwal na kamatayan, ang pagtanggi sa Salita.

158 Ngayon pansinin, binabalaan ng Diyos ang sinumang tao na huwag magtangka na sumunod kay Moises sa loob ng tabing na Apoy. Kailangang malambungan si Moises, kailangan niyang lumabas mula doon. Pumasok si Moises bilang Moises, pumasok sa loob nitong Haliging Apoy; at nang lumakad siya muli palabas, nalambungan siya. Sapagkat, pumasok siya sa loob Doon, mula sa kaniyang mga tradisyon, ang mga tradisyon ng mga matatanda. *Nakita* niya ang Haliging Apoy, ngunit ngayon pumapasok siya sa *loob* ng Haliging Apoy. Kita n'yo? Amen! At lumabas siya, nalambungan. Ang Salita ng Diyos sa isang tao, nalambungan! Heto siya parating lumalakad palabas, oh, naku, nakikita ko ito. Binabalaan ang sinupamang iba na tangkain ito, walang sinumang makapagpapanggap Niyan. Mas makabubuting huwag. Kita n'yo? Maging isang saserdote o isang banal na tao, maging sinuman ito, kardinal, obispo, anupamang ibang bagay, na nagtatangka na pumasok sa tabing na iyan, namamatay. Binabalaan sila ng Diyos. Hindi tayo magkakaroon ng mga pagpapanggap.

159 Nahayag ang Kaniyang Salita sa iisa. Laging gayon iyon, isang propeta ang darating taglay ang Salita ng Panginoon, bawat kapanahunan, bawat pagkakataon, sa buong Kasulatan. Dumarating ang Salita sa iisa. Sa bawat kapanahunan, ganoon din, maging sa mga kapanahunan ng iglesya, mula sa pinaka una hanggang sa huli. May kani-kanilang dako ang mga iba, tama iyan, pansinin, datapuwa't lumayo mula sa Haliging Apoy na iyan. Kita n'yo? Anong aral ang natutunan natin dito! Kita n'yo, lahat ng tao nagnanais na maging isang Moises, at lahat ng tao . . .

160 Naalaala ba ninyo kung anong sinabi ni Dathan at ng iba sa kanila roon? Ang sabi nila, "Ngayon, Moises, maghintay rito sandali! Nagmamalabis ka sa iyong sarili, kita mo. Ngayon, mayroong ibang tao rito na tinawag ng Diyos."

161 Totoo iyan. Sila, bawat isa, ay sumusunod ng mabuti habang nagpapatuloy sila, ngunit nang may isang nagtangkang umalsa at kunin ang posisyon ng Diyos na ibinigay Niya kay Moises, na siya noong predestinado at itinalaga para sa gawaing iyon, tinangka na kunin iyon,

bumaba ang apoy at biniyak ang lupa at nilamon sila doon mismo. Kita n'yo? Kita n'yo? Maging maingat. Kita n'yo? Maging mabait lamang, maka-Diyos na Cristiyano ng Diyos, sumasampalataya sa Salita. Kita n'yo? Lumayo mula sa Haliging iyan. Anong aral!

162 Unang nagpakita ang Diyos kay Moises sa nagniningas na puno, nalalambungan ang Diyos noon sa Haliging Apoy. Ngayon makinig ng talagang mabuti ngayon sandali. Ang Diyos, unang dumating kay Moises, nalambungan Siya noon. Ang Diyos noon ay nasa isang Haliging Apoy, nakatago sa likod ng isang mababang puno, kita n'yo; tulad ng sa likod ng mga balat, kita n'yo, sa may likod ng luklukan ng awa sa dambana. Kita n'yo? Nalambungan Siya. Lagi Siyang may lambong. At nang pumaroon Siya kay Moises, Siya ay nasa isang Haliging Apoy, nalambungan sa Haliging Apoy. Ngunit dito, sa harapan ng mga tao, pinagtibay siya ng Diyos sa pamamagitan ng siya ring Haliging Apoy. Kita n'yo? Sabi ni Moises. . .

163 Ngayon masdan. Nagbabasa ba kayo? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pinahihintulutan ba ninyong lumayo ang mga kaisipan ninyo? Hinahayaan ba ninyo? Magagawa. . . "Siya na may pakinig, ay makinig." Kita n'yo?

164 Nang magpakita ang Diyos kay Moises, ito noon ay sa isang Haliging Apoy, nang tawagin Niya siya sa kaniyang ministerio. At dumating si Moises at sinabi sa mga tao ang tungkol dito. Hindi nila ito mapaniwalaan, gayunpaman ay ginawa niya ang mga himala at mga bagay-bagay. Ngunit, sa pagkakataong ito, nakikita Siyang, maka-siyensiyang nagpakita at pinagtibay ang ministerio ni Moises bilang siya ring Diyos na nangusap sa kaniya, pagka't nagpakita Siya sa anyo ng Haliging Apoy at pinagningas ang bundok na iyon. At dumating Ito kay Moises sa isang mababang puno, nangusap sa kaniya. Tama iyan.

165 Ang unang pagpapakita ng Diyos, kay Moises, sa nagniningas na puno, ang tabing. Sa harapan ng mga tao, nilambungan muli ng Diyos at pinagtibay si Moises, sa pamamagitan ng lambong, sa pamamagitan ng paglalambong sa Kaniyang Sarili ng gayon ding Apoy, gayon ding Haling Apoy na bumaba. Mula—mula noon. . .Mula sa kanila, para ang maririnig lamang nila ay ang Salita ng Diyos. Nakuha ba ninyo ito? Ang Salita lamang, narinig nila ang Kaniyang Tinig. Sapagkat, si Moises noon, sa kanila, ang buhay na Salita. Si Moises! Kita n'yo, pinatunayang lubos ng Diyos ng husto ang Salitang iyon sa pamamagitan ni Moises! Kita n'yo, ang sabi ni Moises. . .Ang sabi ng Diyos kay Moises, "Bumaba ka roon. Ako'y sasaiyo. Siya'y. . .Wala ni isang bagay na makatatayo sa iyong harapan. AKO YAONG AKO NGA."

166 Bumaba si Moises, at ang sabi, "Maaring hindi ninyo paniniwalaan ito, marahil, ngunit nagpakita sa akin ang Diyos sa Haliging Apoy at sinabi Niya sa akin ang mga bagay na ito."

167 "Oh, mayroon tayong lahat ng uri ng mga bagay tulad niyan na nagaganap." Ang sabi ni Faraon, "Aba!" Ang sabi ni Pastor Faraon, "Buweno, mayroon kang ordinaryong pandaraya ng mahiko. Aba, mayroon akong mga mahiko rito na makagagawa ng isang ahas sa. . .isang tungkod—isang tungkod na maging isang ahas. Halikayo rito, mga mahiko." At lumapit sila banda roon at gumawa ng gayon ding bagay.

168 Alam ni Moises. Walang bagay na nakapagpagulo sa kaniya. Gaano man karaming mga manggagaya mayroon sila, hindi gumawa ni kaunting kaibahan. Nanatili lamang nakatayo si Moises. Ang unang bagay alam ninyo, nagsipaggapang-gapang muna ang mga ito ng ilang sandali, at biglaang, nilamon lang ng ahas ni Moises ang iba pa sa mga ito. Kita n'yo? Bakit? Tulad niyaong mga apostol, hindi nila maipaliwanag Ito. Hindi alam ni Moises kung paano ito gagawin ng Diyos, subalit gagawin nga Niya ito.

169 Alalahanin, sinabi Niyang magbabalik si Jambres at Jannes sa huling mga araw, kita n'yo, mga tagapagpanggap. "At dadayain ang pinaka Hirang kung maari," Mateo 24:24. Kita n'yo? Katulad na katulad ng gayon ding mga bagay, gumagawa ng ganoon ding uri ng mga himala at lahat-lahat na. Masdan ang Salitang iyan! Masdan ang Salitang iyan! Sinasabi ng tao na gumagawa siya ng himala at nagnanais pa rin na maniwalang mayroong tatlong Diyos, at mayroon nitong lahat ng mga uring ito; lumayo kayo mula sa ganiyang mga uri. Alam nating iya'y—iya'y mali, kita n'yo, walang gayong bagay. Kita n'yo? Ang Salita, bawat Salita, bawat Salita na lumalabas mula sa bibig ng Diyos! Genesis, isang Salita! Banda rito, ang sabi, "Huwag mag-bawas o magdagdag ng isang salita." Kita n'yo, kailangan Itong maging siya ring Salitang iyan. Kita n'yo?

170 Pansinin, nakakita ang mga tao ng isang bagay na naganap. Nalambungan si Moises bilang isang. . .Isa siyang propeta, at pinagtibay ng Diyos ang Kaniyang Salita ngayon, bumaba patungo roon. At nakakita siya ng mga tanda at mga kababalaghan. At pagkatapos, mabuti, nabuklod ang mga taong ito sa kanilang mga sarili, isang iglesya. Kita n'yo, ang *iglesya* ay nangangahulugang "tinawag palabas." Kita n'yo? Makaraang tawagin sila palabas mula sa sanglibutan at maging isang bayan, kita n'yo, pagkatapos pinahintulutan ng Diyos na makilala ang Kaniyang Sarili na Siya noon ang Haliging Apoy na iyon. Pinatunayan Niya ang mensahe ni Moises. Kita n'yo? Siya noon ang Haliging Apoy. Maaring nakuha nila ang larawan Nito, palagay ko, kung mayroon

silang mga kamera, pagka't lahat ito noon ay nasa Apoy. Ngunit sila—napatunayan nila iyan, pinatutunayan ng Diyos na tama ang Mensahe. Nahanda na ang Mensahe, lahat nga ng bagay, papalabas na nga sila noon. Nalambungan ang Kaniyang propeta sa pinalabas na bayan na ito.

171 Ang mga tao, nag-isip, nakakita ng isang bagay na nangyari sa kaniya. Siya nga ngayon ay iba na kaysa iba pang mga Israelita. Isa siyang kakaiba, ang kaniyang mensahe ay kaiba, kaiba Siya kaysa sa mga saserdote, kaiba siya sa anumang bagay. Kita n'yo, siya noon ay isang kaibang tao. Nakita ng bayan may isang bagay na naganap. Nilambungan ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang propeta, upang ipangusap ang Kaniyang mga Salita sa kanila. Iyan ang ginawa Niya. Si Moises noon ang nabubuhay na Salitang iyon sa mga tao, nalambungan ng Haliging Apoy, ipinangungusap kung ano ang malalambungan bandang huli sa likod ng mga balat hayop. Kita n'yo?

172 Kailangang dumating ang Salita kay Moises, muna. Kita n'yo? Taglay ni Moises ang Salita. Isinulat ng Diyos ang mga Ito, walang sinumang makapagpapaliwanag ng mga Nito, kailangang ipaliwanag ni Moises ang mga Ito, muna. Iyan ang dahilan na tinalukbungan niya ang kaniyang mukha, pagka't siya. . . Nakita ba ninyo Ito? [Kongregasyon nagsasabing, "Amen."—Pat.] Kita n'yo?

*Heto* Iyon. [Dinampot ni Kapatid na Branham ang Biblia niya—Pat.] Madadampot natin Ito, dadalhin Ito, at lahat ng iba pang bagay roon, ngunit kailangan Itong mahayag. Upang maihayag, kailangang maging Diyos si Moises sa mga tao.

Sasabihin ninyong, "Walang kabuluhan iyan."

173 Aba, sinabi Niya, maging kay Moises sinabi, Siya Mismo, "Ika'y magiging Diyos, at si Aaron ay magiging iyong propeta! . . . ? . . ." Kita n'yo? Kaya roon dumating Siya, kita n'yo, kailangan Niyang lambungan ang Kaniyang Sarili, pagka't palaging nasa likod ng isang tabing ang Diyos. Oh, naku! Nakita ba ninyo Ito? [Kongregasyon nagsasabing, "Amen."—Pat.] Naitago ang Diyos mula sa publiko.

174 Ang sabi, "Ama, Ikaw ay pinasasalamatan ko, itinago Mo Ito sa mga pantas at matatalino, at inihayag Ito sa mga sanggol, sa kanila na nais na matuto." Kita n'yo?

175 Nagtago ang Diyos sa likod ng tabing. Nilambungan ni Moises ang kaniyang mukha. Si Moises nga ang buhay na Salita na nalambungan noon. Nakita ng mga tao ang Haliging Apoy na iyon, sabi, "Ngayon kami ay kuntento na." Kita n'yo? "Hayaang mangusap si Moises." Kita n'yo? "Huwag hayaan ang Diyos na mangusap, kung hindi kami ay mangamamatay." Lumakad si Moises mismo papasok sa Haliging Apoy na iyon. Kita n'yo?

176 At ang sabi ngayon, ang sabi Niya, "Ngayon Ako—hindi Ako mangungusap pa sa kanila tulad nito. Bibigyan ko sila ng isang propeta." Kita n'yo? At iyan ang paraan na palagi Niya ginagawa iyon. Kita n'yo? Ang sabi, "Ngayon hayaan silang magsiakyat." Ngunit kailangang taglayin ang propetang ito ang Salitang iyon. Kung siya'y nalambungan ng isang tradisyon, hinding hindi siya isinugo ng Diyos. Kung nalambungan siya ng Salita, pagtitibayin Ito ng Diyos. Ipinaliliwanag ng Diyos ang Sarili Niyang Salita. Ipinangusap ni Moises ang mga Ito; Ipinaliwanag ng Diyos ang mga Ito. Amen.

177 Ang sabi ni Moises, "Gayon sinabi ng Panginoon!" At ginawa ng Panginoon sadyang kung ano ang sinabi Niya. Iyan ang gumawa Rito na tama.

178 Ngayon ang sabi Niya, "Ngayon, Moises, naunawaan mo. Naunawaan na ng mga tao ngayon. Kita mo, ipinakita ko sa iyo, pinagtibay Ko ikaw." Nilambungan ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa propetang ito, upang ipangusap ang Kaniyang Salita sa mga tao. Si Moises noon ang buhay na Diyos sa kanila, ang buhay na Salita ng Diyos na nahayag. Iyan ang dahilan na tinalukbungan ang kaniyang mukha. Kita n'yo?

179 At alam ba ninyo na ganoon ding bagay sa isang tunay na Cristiyano ay nalambungan sa araw na ito, sa mga di-mananampalataya? Nakikita nila silang mga kababaihan na may mahahabang mga buhok at mga bagay-bagay, ang sabi ito'y. . . "Tingnan iyang lumang modelo." Mga kababaihan na nakapuyod ang mga buhok nila sa may likod, sabi, "May isang piping gulong, reserbang gulong nakataas doon." Kita n'yo, ganap Itong nalambungan. Sila'y bulag. "Oh," sasabihin nilang, "Mayroon akong Ph.D, L. . ." Hindi mahalaga sa akin anuman ang mayroon kayo, ignorante pa rin kayo sa Salita. Eksaktong tama. "Oh, iyan, iyan ay bagay lamang na maliit. Ako. . ." Unahin muna ang maliliit na mga aral.

180 Paano naman ang tungkol sa mga taong nagsasabi na sila ay nalambungan sa Presensiya ng Diyos, at nangangaral ng ilang tradisyon ng simbahan? Oh, habag, pambihira! Na nagdadagdag at nagbabawas, at lahat ng iba pa, sa pamamagitan ng pagtuturok ng sarili nilang mga aral at sarili nilang mga kaisipan, at hindi ang Salita ng Diyos, kita n'yo, anong uri ng tabing? Iyan ay pansimbahan na lambong. Pinunit na ng Diyos ng maluwag ang tabing na iyon!

181 Ang sabi nila, "Walang gayong bagay tulad ng mga propeta. Walang gayong bagay, sa mga huling araw na ito, tulad ng mga apostol at mga propeta. Walang gayong bagay tulad ng Makalangit na pagpapagaling. Walang gayong bagay tulad ng mga manghuhula, wala na nga. Walang gayong bagay

tulad ng Marcos 16 na nagaganap. Tapos na ang kapanahunang Apostoliko." Nilambungan nila Ito mula sa mga tao. Ngunit lumakad mismo ang Diyos taglay ang Kaniyang Espiritu Santo sa Apoy, at hinapak ang bagay na iyon mula sa itaas hanggang sa lad-. . .[Blankong bahagi sa teyp—Tep.] Hinapak ng Diyos ang tabing.

182 Si Moises noon ang tabing, ang buhay na Salita ng Diyos na natalukbungan sa likod ng lamang pantao. Ang Haliging Apoy noon ay nakay Moises, siyempre, nangungusap kung ano ang lalambungan bandang huli sa likod ng mga balat, nakita ninyo.

183 Ngayon, iyan, ang Salita, nailabas ang Salita, pagkatapos Ito ay naisulat, pagkatapos Ito ay nailagay sa likuran at natalukbungan pa rin, sapagkat ang Diyos ay palaging nasa Salitang iyan. Amen! Siya ang Salita, palagi. Siya ay nasa Salitang iyon. Iyan ang dahilan na ang Salita ay kailangang malambungan.

184 Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, nakukuha ba ninyo Ito? [Kongregasyon nagsasabing, "Amen."—Pat.] Tingnan! Hindi ba ninyo nakita? Natalukbungan Ito sa loob ng mga kapanahunang ito, sang-ayon sa kung anong sinabi ng Diyos, at mabubuksan Ito sa mga huling araw, yaong Pitong Tatak ay mabubuksan, at ang buong Bagay ay darating sa kalantaran mga tao, kung anong nagaganap mula noon hanggang ngayon. Ang panahon ng Mensahe ng ikapitong anghel, lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay kailangang mahayag sa Elias na iyan, itong huling panahon; kung paanong ang Cristong iyon ay pinalabas ng Kaniyang iglesya, ang Anak ng Diyos; kung paanong nahayag Siya bilang Anak ng tao muli; kung paano na ang Iglesya ay ilalagay sa kaayusan, at lahat ng mga bagay sa huling araw, walang kredo, walang denominasyon, talagang ang Salita lamang na nabubuhay sa indibiduwal. "Kukunin Ko ang isa, at iiwan ang isa. Kukunin ko *ito*, at iiwan ang isang *iyan*." Kita n'yo? Mayroon lamang. . .Walang mga tali, walang mga denominasyon, walang mga paggapos o anuman; ito'y ang pusong may Diyos, at tanging Siya lamang. Kita n'yo?

185 Pansinin, nalambungan sa isang lamang pantao. Si Moises taglay ang Salitang iyan, ipinangungusap kung ano sa bandang huli ang ilalagay sa likod ng balat ng hayop. Upang. . .Kaya si Cristo rin naman ang ating Moises. Si Cristo ang ating Moises. Siya ay Diyos naitakip sa loob ng lamang pantao, nalambungan sa sangkatauhan, sa laman. Tama iyan. At Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nalambungan Siya sa pamamagitan ng mga balat ng hayop. Nalambungan Siya noon. At sa pagkakataong ito nalambungan Siya sa isang tao. Kita n'yo? Ngayon pansinin, "siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," ipinangako

ang Kaniyang Salita sa kapanahunang *ito*. Siya pa rin ang Cristo, ang ipinangakong Salita sa kapanahunang ito, nalambungan sa loob ng pantaong laman. Ang Salita ay Diyos.

186 Ang pagpapahid ay sa isang tao. Ang salitang *Cristo* ay nangangahulugang ang isang pinahiran, kita n'yo, "ang isang pinahiran." Kung gayon, si Moises noon ay Cristo sa kaniyang mga kaarawan, siya noon ang isang pinahiran. Si Jeremias noon ay Cristo sa kaniyang mga kaarawan, taglay ang isang bahagi ng Salita para sa araw na iyon.

187 Ngunit nang dumating si Jesus, dumating Siya bilang ang Isang Pinahirang Manunubos; at iyan ay kapuwa si Moises at lahat na nakay Moises, at lahat ng Salita, at lahat ng kapuspusan ng Pagka-Diyos ay nasa Kaniya. Iyan ang dahilan na nahapak ang buong tabing ng templo, at nalantad sa sakdal na kahayagan ang luklukan ng awa, Siya ang Isang pinahiran.

188 Pansinin ngayon, ang tabing sa pantaong laman, ang ipinangakong Salita sa kapanahunang ito ay kailangan din namang malambungan. Pansinin. Ang mga miyembro ng iglesyang mapagmahal-sa-kasalanan at mga makasalanan ay hindi Ito makita dahil sa pantaong lambong.

189 Iyan ang dahilang hindi nila Siya makita. "Aba, isa Siyang tao. Saan Siya nanggaling? Anong tarheta ng pakikipagsama mayroon Siya? Anong simbahan ang kinaaaniban Niya?" Nais kong mangusap diyan mamayang gabi: "*Anong simbahan ang kinaaaniban Niya?* Kita n'yo? At kaya, kita n'yo, ngayon, "Anong simbahan ang kinabibilangan Niya, anong—anong grupo? Anong paaralan mayroon Siya? Saan Niya nakuha ang Kaniyang edukasyon? Buweno, ang Lalaking ito ay ipinanganak, sang-ayon sa tradisyon, o sang-ayon sa—sa kuwento sa Kaniya sa palibot dito, ang Lalaking ito ay isinilang na labas sa banal na matrimonyo. Aba, Siya, tiyak, Siya'y sa Diablo. Kita n'yo, Siya'y—Siya'y sa Diablo. Isinilang Siya labas sa banal na matrimonyo, at pinakasalan lamang siya ni Jose upang hindi siya batuhin, pagka't siya ay isang mangangalunya. At dumating ang Lalaking iyan at sasabihin sa amin na mga saserdote kung ano ang gagawin?"

190 At naroon ang Diyos na nakatayo roon, inihahayag ang Salitang iyan, umiiyak, "Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" Ang pinaka mga awit na inaawit nila sa templo, na ginawa ni David para sa kanila mga taon ang nakalipas, patungkol kay Cristo. "Lahat ng Aking mga buto sila ay nangakatingin sa Akin ng mainam. Inulos nila ang Aking mga kamay at Aking mga paa." At doon nangakatayo sila roon, na inaawit iyan, at ang mismong Lalaking agaw-buhay sa krus. At nang matapos sila at ang. . .

191 Nang mamatay Siya, bumaba ang Diyos ng Kalangitan, tulad ng ginawa Niya sa Bundok ng Sinai, na may Banal na

Apoy, at sinunog ang tabing ng templo mula itaas hanggang ladlaran, hinapak ito magkahiwalay. At ano ang magagawa nila? Tumanaw mismo roon sa labas ng bintana ng templo, sa Kalbaryo, at naroon noon ang Diyos sa lantad na kahayagan, ang Alay.

192 Ngunit hindi pa nila Ito nakikita, ngayon. Ang Diyos sa mga huling araw na ito ay hinapak palayo ang mga tradisyung iyon, at dinala ang Salita para sa kapanahunang ito mismo sa lantad na kahayagan, at hindi pa rin nila Ito alam. Sadyang hindi nila Ito alam. Ito'y—ito'y napaka simple. Kita n'yo, sadyang napaka simple nito. Napaka layo Nito sa mga bagay ng sanglibutan.

193 Nangaral ako noong isang araw sa isang pagtitipon, tungkol sa, "Pagiging isang tuwerka." Isa sa mga araw na ito gusto kong mangusap diyan, "Pagiging isang tuwerka." Lahat tayo ay tuwerka para sa ibang tao, kaya—kaya magiging isa ako para kay Cristo. Sinabi ni Pablo na siya ay "itinuring na isang mangmang." Tiyak, kailangan nga ninyong maging gayon. Kita n'yo, kinakailangan nito ng isang tuwerka upang tanganang sama-sama ang mga bagay. Kita n'yo? Tama iyan.

194 Kaya pansinin ang tabing, ang pantaong laman. Hindi, ngayon, hindi iyan makita ng mga taong mapagmahal-sa-kasalanan. Yaong mga tradisyunal na relihiyosong mga tao, hindi nila makita iyan, dahil isa Siyang tao noon. Bakit? Itinago ng lamang pantaong iyon ang Diyos.

195 Ngayon, kung Siya ay naging isang dakilang Haliging Apoy na bumaba, kita n'yo, isang dakilang Haliging Apoy ang bumaba at ipinakita sa kanila kung ano nga Siya, na Siya itong dakilang Haliging Apoy, maaaring pinaniwalan nila iyan; kung lumigid si Jehova sa paligid.

Ngunit nakita ninyo kung ano ang ginawa Niya, upang malampasan Niya silang lahat na mga matatalino, pantas na mga tao, inihayag lamang Niya ang Kaniyang Sarili tulad ng ipinangako Niya kay Moises, kita n'yo, "Mangungusap Ako sa kanila sa pamamagitan ng isang Propeta." At Siya noon ay Anak ng tao, isang Propeta. At ilan sa kanila ay napagkilala Ito, mga isang ikasandaang porsiyento ng isang daan sa sanglibutan, sinampalatayanan nila Ito; ang iba sa kanila ay hindi. Ngunit, Siya noon, ay sadyang siya pa rin.

196 Ngunit naroon ang Makapangyarihang Diyos nakatayo sa buong kahayagan, ang Luklukhan ng Awa! Namatay Siya habang sinasabi ng Sarili Niyang mga anak. . .Sarili Niyang mga anak doon, sinasabing, "Hindi namin Siya tatanggapin! Lumayo sa Kaniya!" Dumura sa Kaniya.

197 Isang tipo, doon noon pa, nang papaalis si David noon ng templo, tinanggihang hari. Bumaba sa mga lansangan, at isang munting, matandang pilay na lalaki gumagapang sa may tabi,

hindi kailanman nagustuhan siya, tinawag niya siyang "matandang ipokrito" o isang bagay, dumura mismo sa kaniyang mukha. At hinugot ng bantay na iyon ang tabak, ang sabi, "Hahayaan ko ba ang ulo ng aso na iyan na manatili sa kaniya; at dumura sa aking hari?"

198 Ang sabi ni David, "Hayaan siyang mag-isa, sinabi sa kaniya iyan ng Diyos." At marahil ay hindi alam ni David kung ano ang sinabi niya. Umakyat siya sa bundok, lumilingon pabalik, umiiyak.

199 Walong daang taon mula roon, umaakyat ang Anak ni David ng siya ring bundok, tumatanaw, tumatangis para sa buong Jerusalem, isang tinanggihang Hari. At dumura sila sa Kaniyang mukha.

200 Hindi ba ninyo nakikita? Ito'y ang siya ring bagay. Nakita ba ninyo ang Salitang iyon na bumababa, sumusunod pababa ngayon? Palaging tinatanggihan ng karamihan, kita n'yo, at sinasampalatayanan sa minoriya.

201 Ngayon, kita n'yo, hindi nila mapaniwalaan Ito. Ang mga Griyegong iyon, hindi nila Siya makita, Siya noon ay nasa loob ng Kaniyang pantaong templo. "Bakit," ang sabi nila, "ang pangalan ng lalaking ito ay Jesus; nanggaling Siya sa Nazareth."

202 Ngayon, mayroon lamang silang isang pangalan doon sa mga araw na iyon. Tulad, "John, Jim," sasabihin nilang, "Si John mula sa Jeffersonville, si Jim mula sa New Albany," o isang bagay na tulad niyan, kita n'yo.

203 Ang sabi niya, 'Ito ay si Jesus mula sa Nazareth. Pinaniniwalaan ng karamihan na ang Kaniyang ina ay nabuntis noon ng isang sundalo." Kita n'yo? At noon iyan ang eksakto kung ano ang pinaniniwalaan nila. Tiyak! At sinabing ang sabi nila, ngayon, "At ito ay si Jesus ng Nazareth." Nakita ninyo? "Sino Siya?" Kita n'yo, hindi nila maunawaan Iyan.

204 Ngunit, aba, ang Salitang ito para sa araw na iyan, habang nangangaral Siya noon, ang sabi, "Saliksikin ang mga Kasulatan. Sa Kanila iniisip ninyo na mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at nagpapatotoo Sila kung Sino nga Ako. Kung hindi ninyo Ako mapaniwalaan; kalimutan Ako, bilang isang lambong, paniwalaan ang Salita na lumalabas. Ang dalawa ay saksi," ang sabi Niya, "Nangusap Ako at nangungusap ang Ama para sa Akin." Amen. Tama iyan.

205 Nangungusap Ako ng Salita para sa araw na ito, at kinukumpirma Ito ng Ama. Ngayon iyan ba ay isang saksi sa inyo? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ito nga, kita n'yo. Ganiyan kung paano nga ito matutupad.

206 Pansinin sa Ikalawang Mga Taga Corinto ngayon, ang . . . sa Ikalawang Mga Taga Corinto, ika-3 kabanata, ang ika-6 na

talata, itinago ng lumang templo ang Diyos sa likod ng lumang mga balat, mula sa mga Hudyo. Nang mahapak ang lumang tabing noon, ang Hudyo pa rin. . . ay nabubulugan sa kung Sino Siya noon, at sa kung Sino nga Siya. At pagkatapos inihayag ng Pentecostes kung Sino ang tunay at buhay na Diyos noon, nang mahati sa dalawa ang tabing na iyon, ng Diyos, mula sa itaas. Bakit iyan ginawa ng tabing na iyon? Bakit nito ginawa ito?

207 Bakit may dumating na gayong Mensahe ngayon para gawin kung ano ang ginawa Nito? Bakit Ito dumating? Bakit?

208 Mayroon noong isang tao na tatawag sa akin, isang araw rito hindi pa katagalan ang nakaraan, gustong makipagdebate sa akin tungkol sa—sa kapanahunan ng iglesya, na, "Ang Diyos ay nasa banal Niyang iglesya," at mga bagay na tulad niyan. At natuklasan ko na ito ay isang babaing mangangaral, at kinalimutan ko na lang ang tungkol dito. Kita n'yo, kung ito ay naging isang lalaki magiging ayos lang iyan, magiging iba ito. Ngunit, kaya, pero anong saysay ng pagpunta sa ibang bansa roon, samantalang kailangan kong mag-iwan ng isang pagtitipon dito para gawin iyon, nakita ninyo? Kaya pinabayaan ko lang ito. Inaakay ng bulag ang kapuwa bulag, sila—silang lahat ay mahuhulog sa hukay.

209 Kaya, kaya ngayon sa kapanahunang ito, nang mahapak ang lumang denominasyonal at tradisyunal na tabing, mula sa Salita ng Diyos, upang Ito ay maaring mahayag! Nakita ba ninyo ang ibig kong sabihin? Sinasabi ng tradisyon. "Lahat ng mga bagay na iyon ay lumipas na." [Tumigil sandali si Kapatid na Branham—Pat.] Hayaan Itong mapag-isipan ng kaunti. "Ang mga bagay ay lumipas na." Ngunit, sa mga araw na ito, nahapak ang tradisyunal na tabing na iyan, at dito nakatayo ang Haliging Apoy. Kita n'yo? Heto nga Siya, inihahayag ang Salita para sa araw na ito. Nahapak ang tabing.

Ngayon, ang sanglibutan, hindi pa rin nila pinaniniwalaan Ito. Kahit ano pa man, hindi nila nakikita Ito. Hindi nila nakikita Ito. Hindi Ito isinugo sa kanila.

210 Tandaan, hindi nahayag ang Anak ng Diyos noon sa Sodoma; dalawang mensahero noon. Tama iyan.

211 Ngunit, ito, ang Diyos Mismo sa lamang pantao ay nahayag kay Abraham, ang Hinirang. At masdan kung anong ginawa Niya para ihayag ang Kaniyang Sarili. At ngayon alam ni Abraham, nang malaman Niya kung ano noon ang nasa kaisipan ni Sarah sa may likuran Niya, ang sabi niya, tinawag Siya, "Elohim! Ang Iyong lingkod. . . "

212 Pansinin ngayon, upang ito ay maihayag. Mayroong nakatakip na lambong sa Salita sa kabuuan Nito sa lahat ng mga taon na ito, sa mga tao, "Hindi Ito magagawa."

213 Natatandaan ba ninyo ang sermon na ipinangaral ko nang umaga nang umalis ako rito ng unang pagkakataon, tungkol kay Goliath at David? Ang sabi ko, "Tingnan ang humahamon doon, nagsasabi na 'ang mga araw ng mga himala ay lumipas na.' "

Bantayan ang mga teyp na ito sa paglabas ng mga ito, bantayan bawat isa, kung papaano Ito nagiging mas malinaw at higit na malinaw pa; kung mayroon kayong mga tainga upang ipandinig, kita n'yo, mga mata upang ipangkita.

Ano? Ang sabi ko, "Doon nangakatayo iyang dakilang pansimbahan na sanglibutan sa labas doon, iyan ay sa siyentipikong kapanahunang ito, na ito ay hindi maaaring maisagawa." Ngunit ang sabi ko, "Ang Diyos. . . " Sa Liwanag na iyan, 'bago pa nga Ito nakuha noon, kundi minsan; hindi pa kailanman nakuha noon. Ito noon ay nasa may ibaba ng ilog doon; hinding hindi nila kinunan Ito ng larawan. Kita n'yo? Ang sabi ko, "Sinabi Niya sa akin na ito ay magagawa; Gagawa Siya ng isang pagtawag at lalaganap ito sa mga bansa."

214 At maging kay Doktor Davis, ang sabi, "Ikaw, na may pinag-aralan sa paaralang gramatika, nakapasa sa ikapitong baitang, ay mananalangin para sa mga hari at mga monarko, at magpapasimula ng isang rebaybal na lalaganap sa mga bansa?"

Sabi ko, "Iyan ang sinabi Niya."

215 At naganap ito. Kita n'yo? Kita n'yo, ito'y naganap. Iyan ang bagay nito, nga, hindi Niya kailangan ng anumang interpretasyon. Ginawa Niya ito. Kita n'yo, nagawa na Niya ito, iyan ang nagpapaliwanag sa sarili nito, kita n'yo, tinatawag ang Kaniyang pinili, kita n'yo, mula—mula sa lahat ng mga kalakaran ng buhay. Ngayon ito'y ginawang hayag.

216 Sinabi ko na tumayo si David sa labas doon, isang munting, maliit, payatot na batang lalaki na ang likod niya nakukuba na, may isang tirador sa kamay niya. At, aba, tumingin sa kaniya si Saul, ang pangulo ng asosasyong pang-ministerio, sabi, "Aba, ikaw, ni hindi ka nahasa!" Ang sabi niya, "Hayaang tingnan ko kung mabibigyan kita ng isang Ph.D. o anuman." Isinuot ang baluting ito sa kaniya, ito. . .Nasumpungan niyang hindi ito bagay sa isang tao ng Diyos.

217 Ang sabi, "Hubarin sa akin ang bagay na iyan." Ang sabi, "Wala akong alam na anuman tungkol diyan." Sabi, "Pahintulutan akong tumungo sa pamamaraan na alam ko, kung ano ang ipinanglaban ko sa leon, kung ano ang ipinanglaban ko sa oso." Siya ay isang tipo ng isang taong gubat. Ang sabi niya, "Hayaan akong tumungo sa ganitong kaparaanan."

218 At ang sabi ng matandang Goliath na ito, "Nagsugo ba kayo ng isang aso para labanan ako?" Ang sabi, "Tutuhugin kita sa dulo ng aking sibat at isasabit ang iyong laman sa itaas doon at hayaang kainin ito ng mga ibon."

219 Ang sabi ni David, "Sinalubong mo ako bilang isang Filisteo, at may baluti at may sibat, at sasalubungin kita sa Pangalan ng Panginoong Diyos ng Israel." Masdan ang propeta, si David, ang sabi, "Sa araw na ito pupugutin ko ang iyong ulo mula sa iyong balikat." Amen! Oh, naku! Alam niya kung anong mayroon siya, kung sino ang sinasampalatayanan niya, at lubos na naniniwala na Siya ay may kakayanan na tuparin iyang ipinagkatiwala niya sa Kaniya. Kita n'yo? Kaya nangyari ito papaano't papano man.

220 Ang lumang kasabihan, "Ang mga araw ng mga himala ay lumipas na," bumagsak na ang mga pader! Nakatayo pa rin si Jehova sa lantad na kahayagan, inihahayag ang Kaniyang Salita, nahayag na Isa. Tama iyan. Pansinin.

221 Ang iglesyang Gentil ay nabulagan din mula sa tabing, makaraang mapunit ito at maipakita ang Diyos, ang pansimbahang tabing. Paano? Sa pamamagitan ng paglalambong muli ng Salita sa tao. Iyan mismo kung ano ang nabigong makita ng Israel. Kung ito ay naging isang Anghel o anumang bagay, napaniwalaan sana Ito ng Israel. Ngunit bilang. . .Hindi Ito maaaring maging isang Anghel. Kailangan Itong maging isang tao. Amen!

Hindi maaring sirain ng Diyos ang Kaniyang Salita. Sa huling mga araw kailangan itong maging gayon ding bagay muli. Kita n'yo? Ano ang bumulag sa Israel? Ang Taong iyon. "Ika'y isang Taong ginagawang Diyos ang Iyong Sarili." Iyan ang dahilan kung bakit nila Siya pinatay, at, sa araw na ito, sapagkat dumating ang Mensahe sa pamamagitan ng tao at hindi mga Anghel. Kita n'yo? Hindi mababago ng Diyos ang Kaniyang pamamaraan, baguhin ang Kaniyang Salita. Sinabi Niyang hindi Siya nagbabago. Kita n'yo? Pansinin, ipinangako! At kasing bulag ng mga Gentil ngayon ang Israel noon, dahil (sa ano?) ang tabing. Nalambungan ang Diyos sa isang taong nilalang, nabulagan ang Israel.

Pansinin, nakabulag nga ng isa. Isa, ang bubulagin Nito; ang isa pa, ihahayag Nito ang Katotohanan. Ipipikit Nito ang mga mata ng ilan, at ididilat ang mga mata ng iba pa.

222 Tingnan, tumayo si Jesus at nagsabing, "Buweno, ang pangalan mo ay—ay—ay Simon, at ang pangalan ng iyong ama ay Jonas."

Ang sabi niya, "Panginoong Diyos!" Kita n'yo? Si Felipe. . .

Ang sabi niya, "Kailan Mo nalaman?"

Ang sabi niya, "Tingnan ang isang Israelita, sa kaniya ay walang anumang pagkukunwari!"

At ang sabi niya, "Guro, kailan Mo ako nakilala?"

223 Ang sabi niya, "Bago ka pa tawagin ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng punong kahoy, nakita kita."

224 Ang sabi niya, "Guro, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel."

225 Buweno, may nakatayo noon doon, ang sabi, "Siya ay Beelzebub." Kita n'yo? Ano ang ginawa Nito? Binuksan ang mata ng isa, binulag ang isa pa. Ano ang sinabi ng mga saserdote? "Aba, ang Lalaking iyan ay Beelzebub!"

226 Ang sabi ng munting babae, "Alam kong darating ang Mesiyas, na tinatawag na Isang pinahiran. kita n'yo, darating ang Isang Pinahiran. Hindi kami nagkaroon ng mga propeta. . .Ikaw marahil ay isang propeta. Ngunit ang Isang Pinahiran ay darating. Naghihintay kami sa Kaniya. Ito ang mga huling araw para sa mga Gentil. . .o para sa mga Hudyo." Ang sabi, "Ito ang huling araw." Kita n'yo, kapuwa Samaritano at Hudyo ay naghihintay para sa isang Mesiyas. Kita n'yo? Ang sabi, "Ito ang panahon para sa Kaniya para lumitaw. Alam namin, kapag dumating Siya, gagawin Niya ang mga bagay na ito. Sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito."

Ang sabi Niya, "Ako nga Siya."

Nabuksan ang kaniyang mga mata; ang pulisya, mga saserdote noon ay nabulagan.

227 Iyan palagi ang ginagawa ng Evanghelyo. Binubuksan Nito ang mga mata ng ilan, inihahayag ang Katotohanan sa ilan, samantalang binubulag Nito iba pa; may dalawang-luping kahulugan. Ang ilan ay matatanggap ang Anak na iyan at tumingin ng tuwiran Dito, at magiging bulag; ang iba ay matatanggap Ito at lumakad palabas kasama Nito. Ito ang kaibahan.

228 Tulad ng pagkagananap nito sa bawat kapanahunan, ang Pagka-Diyos na nalambungan sa lamang pantao. Pansinin, ginawa Niya. Ang mga propeta noon ang Pagka-Diyos, nalambungan. Sila noon ang Salita ng Diyos (tama ba iyan?) nalambungan sa lamang pantao. Kaya, ni hindi rin nila nakikilala ang Moises natin, kita n'yo, si Jesus.

229 Pansinin nalambungan sa likod ng lumang mga balat ng hayop sa lumang templo, ay ang Salita noon, ang Salita noon na nahayag sa mga tipak ng bato.

230 Ngayon, pipilitin kong makatapos sa loob ng mga dalawampung minuto ngayon, kung magagawa ko maging, kalahati ito lagpas ng ika-labing isa. Pansinin, kung mapapansin ninyo, nilampasan ako ang ilang mga pahina rito,

nakita ninyo, upang mapigil sa pagiging. . .para mapigilan ko ang pagputol sa. . .gawin itong masyadong mahaba. Alam kong naiinitan kayo, pagod.

231 Sa likod ng lumang templo, sa tabing, ano ang nasa likuran doon? Ano nga si Jehova? Ano ang natatago sa likod doon? Ano ang itinatago ng tabing? O, aleluyah! Ano noon ang itinatago ng tabing? Itinatago Nito ang Salita. Ang tabing, lumang mga balat ng hayop, ay natatago, itinatago ang Salita sa kanilang mga mata, pangkaraniwan. Sa likuran doon, din, noon ay ang tinapay na handog. Sa likuran doon, din, noon ay ang Kaluwalhatiang Shekinah. Ngunit lahat Ito noon ay naitago sa kanila. Lahat Ito noon ay naitago. Lahat ng Kaluwalhatian ng Diyos noon ay nasa likuran mismo ng lumang balat ng hayop na iyon, tama iyan, lahat ay naitago sa natural na mata.

232 Gayon Ito ngayon, din. Tinawag itong "isang pangkat ng mga holy roller, mga panatiko," ngunit hindi nila alam kung anong natatago sa likuran doon. Iyan ang hindi nila nalalaman. Kita n'yo?

233 Pagkatapos nang ang Diyos, sa habag, hinapak ang tabing para makakita sila, sila ay balot na balot sa kanilang mga tradisyon na sila. . .ito ay natatago pa rin sa kanila, hanggang sa araw na ito.

234 Ganoon din ngayon! Ang Kaluwalhatian, ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang Kaluwalhatiang Shekinah Glory na dumarating sa isang mananampalataya, ngayon ang ibig kong sabihin ay ang tunay na mananampalataya, na nagdudulot ng mga gawa ng Diyos at ng pananampalataya na dumating sa kaniya, upang panampalatayanan ang Salita ng Diyos, lahat iyan ay naitago sa mga mata nila. Sasabihin nilang, "Lumipas na ang mga bagay na iyon." Nakita ninyo, nabubuhay pa rin sila sa likuran ng tabing.

Wala na kayo sa likuran ng tabing pa na iyan, mga Mumunti, dumating na ang Diyos sa lantad na kahayagan sa inyo.

235 Noong isang araw, si Kapatid na Fred Sothmann, si Kapatid na Tom Simpson. . .Hindi ko alam kung nakarating nga siya rito o hindi. Karamihan sa amin ay naroon noon sa isang iglesyang Baptist, at may sinabi ang ministro na isang bagay na sa pakinig ay talagang maganda. Lahat sa amin ay nagsabing, "Amen!" Lahat ng nasa loob ng iglesya ay nag-angat ng kanilang leeg at lumingon sa likod. Kita n'yo? Kita n'yo? nakasumpong kami ng isang mumo na nanggaling mula sa likuran ng Shekinah doon, alam n'yo, at tipong nagagalak kami noon na makuha ito. Ang sabi namin, sa ibang mga salita, "Salamat sa Iyo, Panginoon!" Kita n'yo? At, nang magawa nila, talagang nalambungan ng husto ang mga taong

ito na nagkatawanan sila rito. Hindi nila alam kung tungkol saan lahat ng Ito. Kita n'yo? Nalalambungan pa rin sila. Kaya, mayroong ilan sa loob at ilan sa labas. At kaya. . .Ngunit nasa lantad na kahayagan ang Diyos sa amin, naitago. Pareho rin ngayon!

236 Pagkatapos nang ang Diyos, sa Kaniyang habag, hinapak ang tabing, naidala Siya sa lantad na kahayagan. Ngunit, sila ay balot na balot ng kanilang mga tradisyon, natatago pa rin Siya mula sa kanila.

Pareho rin ngayon! Lahat ng Kaluwalhatiang iyan, naitago, naitago para sa atin kay Cristo, ang Salita, na Siyang ating Templo.

237 Oh, ngayon, kailangan kong lumalim ng kaunti rito. Pagpaumanhinan ako para sa mga emosyon ko ngayong umaga, ngunit, oh, ako—gustong gusto kong maibigay ito matagal na, ako. . .basta lumalago lang ito sa loob ko.. Kita n'yo?

238 Pansinin, lahat ng Kaluwalhatian na nasa Diyos ay nasa Salita. Lahat ng mga biyaya na nasa Diyos ay nasa Salita. Ito'y naitago, sa mga di-mananampalataya, sa pamamagitan ng mga tradisyon. Nakita ninyo kung anong ibig kong sabihin? Ngunit lahat ng Ito ay nakay Cristo. Lahat nga ng nasa Diyos, *isinalin* Niyang *lahat* ang Kaniyang Sarili, "kenos," at lumukob kay Cristo; at tayo, kay Cristo, ay nasa likod ng tabing.

239 "Buweno, ako'y nakay Cristo," sasabihin ninyo. At pagkatapos naniniwalang mayroong tatlong Diyos? Nagbabautismo sa pangalan ng "Ama, Anak, at Banal na Espiritu"? Naniniwala sa lahat ng mga tradisyung ito at mga bagay na pinaniniwalaan ninyo, ng mga matatanda? Hindi, nasa likuran parin kayo ng tabing. Kita n'yo? Pumasok sa loob ng tabing. Siya, si Cristo, ang Salita.

240 "Paano? Hindi ako naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling. Hindi ako naniniwala sa mga himalang ito at mga bagay tulad Niyan."

241 Buweno, kita n'yo, kayo'y—kayo'y wala sa, loob ng tabing. Wala kayong alam na anumang bagay tungkol Dito. Kita n'yo? Si Cristo ang Salita! At kapag tayo ay nasa Salita, tayo'y nakay Cristo. At paano nga ako magiging kay Cristo, na itinatatwa si Cristo? Ito noon ay Siya na nagsabing, "Wala ni isang salita ang idaragdag o ibabawas." Paano kayo makakapag-bawas at makakapagdagdag, kung gayon? Kita n'yo, ipinapakita nito kung anong lambong ang nakatalukbong sa inyo. Kita n'yo?

242 Tayo'y sa Kaniya! Pagkatapos tayo, bilang nasa Kaniya, nalalambungan pa rin tayo ng mga relihiyonista at mga tagapagturo ng sanglibutan. Kita n'yo, ang Kaluwalhatian

natin na taglay natin at tinatamasa, nalalambungan pa rin tayo sa kanila na nangasalabas. Iniisip nila na tayo ay mga "baliw, isang tuwerka," muli. Kita n'yo? Kita n'yo? Tama iyan. Ngunit tayo na naririto, kay Cristo, nabautismuhan sa Kaniya, (Unang Mga Taga Corinto 12), sa Kaniya, tayo ay mga kabahagi sa Kaluwalhatiang ito. Kita n'yo? Ngunit hindi sa labas; naghahanap pa rin kayo sa loob, ipinagkakaila Ito. Kita n'yo?

243 Kaya ngayon tayo ay nakapasok sa Kaniya, bilang mga kabahagi ng lahat ng kung ano Siya. Nakapasok tayo sa Kaniya, na naitago sa mga di-mananampalataya, sa pamamagitan ng tabing ng lamang pantao. Kita n'yo? Alam nila ang Kaluwalhatiang iyan, nabasa nila ang tungkol Dito, Ito'y nasa Salita rito, "ang Kaluwalhatian ng Diyos" at mga bagay tulad niyan, ito'y salita lamang sa kanila. Sa atin, ito'y isang kapahayagan! Kita n'yo? Ito ay hindi na isang salita; ito'y isang realidad! Amen! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang mga kamay niya ng minsan—Pat.]

244 Ang sabi ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag," iyan noon ang salita. Ngunit ngayon mayroon nang liwanag. Hindi na ito salita; ito'y ang liwanag. Nakita ninyo ang ibig kong sabihin?

245 Ngayon hindi lamang ito isang nakasulat na Salita sa atin, isa itong realidad. Tayo ay nasa Kaniya. Ngayon tayo ay nagtatamasa. Ngayon makikita natin Siya. Ngayon nakikita natin Siya, ang Salita, inihahayag ang Kaniyang Sarili. Ito'y naitago, doon, dahil (bakit?) nalambungan Ito sa lamang pantao. Kita n'yo?

246 Oh, sasabihin nila, "Iyang grupo ng mga tao, saan sila nagpupunta para mag-aral? Ano—anong pinag-aralan mayroon sila? Saan, ano—anoang pinanggalingan nila? Ano—ano—anong grupo ang kinaaaniban nila?" Kita n'yo? Huh! Kita n'yo, hindi nila nakuha Ito.

247 May isang lalaking nagsabi sa isa pang lalaki, noong isang araw, ang sabi, "Kinakailangan mong mapabilang sa isang denominasyon para maging isang Cristiyano."

248 Ang sabi niya, "Ako ay isang Cristiyano; hindi ako nabibilang sa kaninuman sa kanila." Uh-huh. Ang sabi, "Inalis ng Diyos ang kanser na ito sa akin," ang sabi, "ngayon ano ang palagay mo tungkol diyan?" Ito ay isang doktor. Ang sabi niya, "Magpakita ka sa akin ng mga denominasyon na gumagawa nito." Kita n'yo? O sige. Kita n'yo? Ito'y nalalambungan pa rin.

249 Tayo'y nasa loob ni Cristo. Ngayon, tulad noon, nakikita Siya ng lahat ng tunay na mga mananampalataya, ang Salita ng pangako ng araw na ito, hayagang inihahayag. Iyan ay isang malaking salita kung mauunawaan ninyo ito. Kita n'yo? Kita n'yo? Lahat ng tunay na mga mananampalataya, na nasa

Salita, nakikita ang Diyos na hayagan. Nahapak na ang tabing, at tumatayo ng hayagan ang Diyos sa harapan ninyo, nahayag. Kita n'yo? Ang Diyos, nahayag, bukas.

250 Upang magawa ito, kailangang mahapak muli ang luma nating tradisyunal na tabing ng denominasyon. Upang makita talaga kung ano nga Ito, kailangan mong lumabas mula sa mga bagay na iyan. Kita n'yo? Hindi ninyo kailanman magagawa ito; mananatili silang humahatak sa lambong na iyan sa harapan ninyo, bawat pagkakataon, "Oh, walang anumang bagay Riyan." Ngunit dito nasusulat Ito, at dito Ito ay nahayag, nakita ninyo. Kita n'yo?

251 Ngayon, ano kung tumanggi ang isang tao na makita ang araw, sabihing, "Oh, doon, alam kong sinabi ng Diyos, 'Magkaroon ng liwanag,' ngunit walang ganoong bagay. Ako ay bababa sa silong. Ako—tatanggi ako na makita ito"? Baliw ang taong iyon. May bagay na mali sa kaniya.

252 May bagay na mali sa isang lalaki o babae, na nakakakita ng pangako ng Diyos at, nakita Itong mahayag, at pagkatapos ay tumanggi na maniwala Rito dahil hinahatak ng denominasyon ang tabing pababa. Kita n'yo, nalambungan!

253 Upang magawa ito, ang tradisyunal nating mga tabing ng denominasyon ay kailangang masira, sa pamamagitan ng Espiritu ng Apoy ng Diyos at Tabak, na siyang Kaniyang Salita. Palaging ang Salita Niya ang Tabak Niya. Kita n'yo? At kinuha Niya ang Kaniyang Tabak ng araw na iyon, puspos ng Apoy, at hinapak ang tabing na iyon mula itaas hanggang ladlaran. Ginagawa Niya ang gayon ding bagay sa pamamagitan ng siya ring Tabak ngayon! Hindi "kredo ko, aklat ko ng mga kredo, aking—katesismo ko." Kundi ang Tabak ng Panginoon, kita n'yo, pinupunit ang tabing pababa, at nakita ninyo ang Diyos na nakatayo sa lantad na kahayagan, nahayag sa Kaniyang Salita. Anong napakaluwalhatiang tanawin para tingnan! Kita n'yo? Mabuti. Ang Espiritu Santo ng Diyos at Apoy, ang Kaniyang Tabak, pinupunit ito. Pinupunit ng Salita ang denominasyunal na tabing.

254 Buweno, kung sasabihin lamang ninyo, "ang Salita," at hindi kumilos ang Salita? Anong buti ang ikapaparito ng Tabak, at sabihing, "Hindi ito makapunit"? Sabihing, "Uh," at hindi ito makapunit?

255 Ngunit kapag inilapag ninyo ang Tabak na iyan ng Diyos doon at masdan siyang magpunit, siya ay—siya ay tangan tangan ng isang itinalagang kamay na isinugo para gawin ang ganoon. Kita n'yo, pinupunit ito pabukas, at naroon nga Siya. Doon ipinapakita nito ang Diyos sa lantad na kahayagan, ang dakilang Jehova. Iyan ay Kaniyang Salita na ginawang hayag, ang bahagi na naipangako sa araw na iyon. Naunawaan ba

ninyo Ito? Kita n'yo? Kapag ang Tabak na iyon, ang pangako sa ngayon, sa araw na ito, kung paano nga ipinalagay na dapat, at kinuha ng Diyos ang Tabak Niya at pinunit pababa ang denominasyunal na tabing at hinila ito pabalik, at inihayag ang Kaniyang Sarili at ipinakita na Siya ay naroon, siya pa ring Haliging Apoy. Pansinin, iyan ay ang Salita na ginawang hayag para sa pangako ng araw na ito.

256 Nakita natin Ito tulad ng pagkakakita ni Pedro nang sabihin niyang, "Panginoon, kanino pa kami pupunta, matapos na makita Ito?" Saan kami tutungo? Anong iglesya ang maaaniban namin, samantalang naisilang kami sa Isa? Kita n'yo? Ano ang iyong. . . Anong denominasyon ang maaaniban ninyo makaraang malaman ang mga Katotohanang ito, kita n'yo, samantalang sila (bawat isa) ay ipinagkakaila Ito? Bawat isa sa kanila! Hindi ako nakakuha ng isa na magsasabi o gagawa ng isang bagay para Rito. Tama. Tama iyan.

257 Nagsimula ako sa mga paglalakbay na ito banda rito, kung saan may apatnapu't dalawang mga iglesya sa isang dako ang taga-suporta; nang makarating ako roon, wala ako ni isa. Ang sabi ng bawat isa sa kanila, "Naniniwala siya sa Walang Hanggang katiyakan." Pinayagan niyan na mapuwera ang mga legalista. Ang sabi ng isa, "Nagbabautismo siya sa 'Ngalan ni Jesus." Pinayagan niyan lahat ng iba pa sa kanila na mapuwera, kita n'yo. Ang sabi ng isa sa kanila, "Naniniwala siya sa binhi ng serpiyente. Walang binhi ang serpiyente!" Pinayagan niyan. . .

258 Ang sabi ng Biblia, "Ilalagay Ko ang pagkaka-alit sa pagitan ng kaniyang Binhi at ng binhi ng serpiyente." Nakita ninyo iyan?

259 Ito, ang—ang tabing, ay naiangat na ng Salita. Kita n'yo? Tama iyan. Ito'y nahayag sa mga sanggol. Ito'y—ito'y naiangat. Nakita nila Ito. At magiging gayon nga, tulad ng minsang sinabi. . . Tama iyan. Kung gayon magaganap nga iyan, tulad ng minsang sinabi, "Pagka nakita ninyo," pagka naalis ang tabing na ito sa Salita, natanggal ang mga tradisyon sa Salita, tulad ng minsang sinabi ni Jesus, "kung nakita ninyo Ako, nakita ninyo ang Ama." Kita n'yo? Ang Diyos at ang Kaniyang Salita ay iisa. Ngayon naunawaan ninyo? Nang maihayag ang Salita, ano Ito? Kita n'yo?

260 Ang sabi ni Jesus, "Saliksikin ang mga Kasulatan, sa palagay ninyo ay mayroon kayong E, . . . Sumampalataya kayo sa Diyos, sumampalataya rin naman sa Akin. Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon huwag ninyo Akong paniwalaan. Ngunit kung talagang ginagawa ko ang mga gawa, Ako at ang Ama ay iisa. Kapag nakita ninyo Ako, nakita ninyo ang Ama."

261 At pagka nakita ninyong nahayag ang Salita, nakita ninyo ang Ama, ang Diyos, dahil ang Salita ay ang Ama. Ang Salita ay Diyos. At ang Salita, ginawang hayag, ay Diyos Mismo na kinukuha ang Sarili Niyang Salita at inihahayag Ito sa mga mananampalataya. Walang bagay na makapamumuhay Nito kundi mga mananampalataya, mga mananampalataya lamang. Ito'y hindi . . . Hindi Nito . . .

262 Makakakuha kayo ng trigo at itanim ito sa isang—sa isang—isang kaibang uri ng lupa, hinding-hindi ito lalago. Ngunit, kung ano, kailangang magkaroon ng isang uri ng pataba sa lupa para palaguin ang trigo. At kung walang—kung walang . . . kung ang pataba sa lupa ay hindi—hindi, hindi sumibol ang trigo sa patabang iyan, hinding-hindi ito lalago. Kaya kahit saan man mahulog ang Salita, kung hindi Ito mahuhulog sa tamang uri ng puso . . .

263 Sinabi nga ni Jesus. "Ilan ay nahulog sa may tabi ng daan, sa mabatong mga lupa, at dumating ang mga ibon ng himpapawid at kinain ang mga iyon." At pagkatapos ang sabi Niya, "Ilan ay nahulog sa may tinikan at mga dawagan, na tumubo at namatay kaagad," mga tradisyon, mga denominasyon, pinatay Ito ng mga alalahanin ng sanglibutan. Ngunit ang sabi, "Ilan ay nahulog sa matabang lupa at nagsipagbunga ng maka-sandaang beses," ang sabi, "iyan ang Kaharian ng Diyos."

Ito'y pareho ring bagay, kita n'yo, hindi na nga maniniwala pa ang iba.

264 Ilan ay maniniwala sa sandaling panahon, tulad ng mga alagad. Sumunod sila sa Kaniya, marami sa kanila, sinundan Siya ng pitumpo sa loob ng mga taon, para matuklasan; mga isang taon at kalahati, o dalawang taon; para matuklasan lang, hanggang sa may masumpungan silang isang bagay sa Kaniya, ilan . . . tulad sa ilang paraan mayroon Siyang ilang kapangyarihan para gawin ang mga bagay na ito, o tulad ng isang paa ng kuneho, isang mahiko ng kung anong uri, ano ang magagawa Niya para mangyari ang mga bagay na ito, paano Niya nalalaman kung ano ang nasa loob ng puso ng mga tao at kung ano ang iniisip nila. At sa wakas nakita nila na sinabi Niya na "bumaba galing ng Langit," Siya "nga ang Salita Mismo." At nang gawin nila iyon, labis na iyon para sa kanila. Ang sabi nila, "Walang taong makauunawa Nito." At lumakad sila palayo sa Kaniya. Iyan yaong mga nahulog sa mga tinikan.

265 Bumabalik Ito sa gayon ding bagay, sa bawat kongregasyon, mayroon kayong mga kunwaring-mananampalataya, mga di-mananampalataya, at mga mananampalataya. Ito'y palaging nasa bawat kongregasyon. Nasusumpungan ninyo sila sa lahat ng pagkakataon. Ilan sa kanila ay nagmimistulang sila'y mga mananampalataya, iyan

ang pinakamasamang tipo. At pagkatapos mayroon sila niyaong mga totoong hindi mananampalataya; hindi kayo gagambalain niyan, lalakad lamang siya palayo at iniiling ang ulo niya. Subalit yaong mga kunwaring-mananampalataya, nagsasabing mga mananampalataya sila, iyan ang klase, iyan ang klase na kailangan ninyong bantayan, yaong mga kunwaring-mananampalataya. At pagkatapos mayroon ilang tunay na mga mananampalataya. Nakita ba ninyo ang tatlong iyan diyan?

266 Naroon nga ang mga di-mananampalataya. Pagkasabing pagkasabi Niyang, "Kainin ang Laman ng Anak ng tao," oh, tao, iyan nga ito!

267 Ang iba noon ay mga kunwaring-mananampalataya. Talagang nanatili sila, tulad na lamang ng ginawa ni Judas, mismo hanggang wakas.

268 Pero pagkatapos ang mga tunay na mananampalataya, hindi nila maipaliwanag Ito, ngunit pinaniniwalaan nila Ito, papaano't papano man. Nagpatuloy sila mula umpisa hanggang wakas.

269 Ang tabing, ang tradisyon ng mga di-mananampalataya, naalis, nakita ninyo ang Diyos. Kapag matanggal ang tabing ng mga tradisyon, makikita ninyo na ang Diyos ay Diyos parin ng Kaniyang Salita. Tinutupad parin Niya ang Kaniyang Salita. Siya ang—Siya ang Diyos, May Akda ng Kaniyang Salita.

Iyan ay naitago sa likod ng mga balat na tabing, sa iba. Opo, tama iyan. Doon sa mga hindi makapunta sa likod ng tabing, Siya ay nasa likod pa rin ng mga balat na tabing.

270 Pansinin. Pagkatapos, tayo, pagkatapos tayo ay naging bahagi Niya, dahil kayo nga ang tabing na lumalambong sa Kaniya. Kayo ay bahagi Niya, hanggang si Cristo ay nasa inyo, habang si Cristo nga ay sa Diyos. Dahil ang Diyos ay nasa Kaniya, inari Siyang Diyos. At hanggang nasa inyo si Cristo, ang pag-asa ng Kaluwalhatian, kayo ay naging bahagi ni Cristo. "Siya na manampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Kita n'yo? Kayo ay naging bahagi ni Cristo hanggang si Cristo ay natatago sa loob ninyo. Kung ganoon ito'y nalalambungan sa mga di-mananampalataya, pero alam ninyo na Siya ay nasa inyo. Itinatahan ninyo si Cristo na nasa likuran ng tabing, ang balat. Pagkatapos tayo, dahi-. . .Sa likuran, dahil sa tabing na ito, ang tabing uli ay ang lamang pantao, itinatago ang Diyos (ang Salita) mula sa mga di-mananampalataya.

271 Tulad ng nasusulat, kita n'yo, "Nasusulat, kayo ay mga nasusulat na mga epistola," ang sabi ng Biblia. Ngayon, ano ang *espistola*? Ay isang "nasusulat na salita." At kayo ang "nasusulat." Sa ibang mga salita, babasahin ninyo Ito tulad nito, "Kayo," ang sabi Nito, "kayo ang mga nasusulat na mga

epistola," o, "kayo ang Salita, na naisulat, ginawang hayag," walang bagay na maidaragdag Dito. Hindi ninyo masasabing, "Isa akong nasusulat na epistola," at namumuhay ng ibang uri ng kung anong bagay kundi kung ano na ang naisulat Nito, dahil walang bagay na maaaring idagdag o ibawas. [Tinapik ni Kapatid na Branham ang Biblia niya—Pat.]

272 Habang isinusulat ni Doktor Lee Vayle ang tanyag na aklat na ito, gusto kong makita ninyo ito pagnatapos. Narito si Kapatid na Vayle, nasa paligid lamang siya. Nakita ko siya sa labas. Palagay ko hindi siya makapasok. Ngunit sumusulat siya ng isang aklat doon, at—at ito ay talagang kahanga-hanga, tungkol sa Kapanahunang Laodicea. At gusto ko kayong. . .Ito'y ilalabas sa mga imprentahan malapit na malapit na. Kaya, tinatapos na namin ang huling pagbasa nito ngayon, at isinusulat. Pinag-uusapan namin Ito doon, kita n'yo, tungkol. . .

273 Bawat isa ay palaging pumupunta sa akin, ang sabi, "Kapatid na Branham, iyon bang pitong kulog na binigkas ng tinig, at ang sabi Niya, 'Huwag Itong isulat, kita mo, kundi tatakan Ito,' " ang sabi, "iyan ang pitong kulog na mahahayag sa huling mga araw, kita mo, pitong kulog na magsasabi sa atin?" Ngayon, hindi ba sa pandinig napakainam niyan? Kita n'yo? Ngunit bantayan kung ano ang sinasabi ninyo kapag sabihin ninyo iyan.

Ang sabi niya, "Tingnan na huwag mo Itong maisulat." Kita n'yo? Binigkas ng pitong kulog na ito ang kanilang mga tinig, kita mo, at ang sabi Niya, "Huwag isulat iyan, kita mo, kundi Ito'y tatakan sa Aklat hanggang sa huling mga araw."

274 Ngayon may isa na, maraming nagsasabi nito sa akin, at ang sabi ng mga teologo, "Kapatid na Branham, kung ang Panginoong Diyos. . ." Ang sabi, "Kung—kung. . .Sa iyong karanasan, na ibinigay sa iyo ng Panginoon para sa Kaniyang bayan," may kapakumbabaang sinasabi ito, ang sabi, "ikaw ay magiging karapat-dapat na sumulat ng isang—isang Biblia ikaw mismo, Salita mo, kung nahayag ang Diyos."

275 Ang sabi ko "Maaring totoo iyan." Kita n'yo, sinisikap nilang masukol ako. Kita n'yo? At ang sabi ko, "Ngunit, nakita mo, hindi ko magagawa iyan."

Ang sabi niya, "Bakit hindi mo magagawa? Mayroon ka ng lahat ng mga katangian."

276 Ang sabi ko, "Pero, tingnan mo, ni isang salita ay hindi maaaring maidagdag o maibawas." Kita n'yo?

277 At ang sabi niya, "Buweno, kung ganoon, yaong pitong kulog, kita mo," ang sabi, "hindi ba't uugong ang pitong kulog na iyon, hindi ba iyan magiging Kapahayagan na ibibigay sa isang tao?"

278 Sabi ko, “Hindi po, ginoo, ito ay pagdaragdag ng isang bagay Rito o pag-aalis ng Isang Bagay mula Rito.”

279 Lahat ng Ito ay nahayag Roon, at binuksan ng Pitong Tatak ang kapahayagan ng kung ano nga Iyan! . . . ? . . . Kita n’yo, nasa Salita pa rin ito. Nakita ninyo, hindi kayo makakaalis sa Salitang iyan. Hindi Nito iiwan ang Salita. At hindi kailanman iiwan ng Espiritu ng Diyos ang Salitang iyan. Mananatili Ito mismo kasama ng Salita; binubulag ang iba, at idinidilat ang mga mata ng iba pa. Palagi Nitong gagawin iyan.

280 “Kayo ay mga nasusulat na mga epistola, nababasa ng lahat ng tao.” O, kayo ay . . . Isasalin ko Iyan, ibabaling sa ganitong direksiyon, kita n’yo, iikot lamang Ito, “Kayo ay mga epistola na naisulat,” pagka’t hindi kayo makapagdaragdag ng anuman Rito, “iyan ay nababasa ng lahat ng tao; nahayag na Salita ng Diyos,” sa ibang mga salita.

At si Pedro at si Juan, upang ipakita ito, nang umakyat sila roon, napag-alaman nila na sila ay ignorante at walang pinag-aralan, wala silang edukasyon, pero napagkilala sila na nakasama nila si Jesus. Kita n’yo? Mga ignorante sila at mga walang pinag-aralan, pero sila ay mga nasusulat na mga epistola, kita n’yo, nabasa na sila ay nakasama ni Jesus. Dahil, inihahayag ni Jesus ang Kaniyang Sarili sa kabuuan nila, nalambungan si Cristo sa laman nila; nahayag, pinaging buhay.

281 Tulad noon na nakay Moises Siya. Noong nakay Moises ang Salita, siya ay Diyos na nasa laman. Noong Ito ay nakay Jesus, Ito ay Diyos na nasa laman. Kita n’yo? Ang tanging bagay lang na ginawa Niya ay baguhin ang maskara Niya, hindi ang Kaniyang Salita, hindi ang kalikasan Niya. Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Binago lamang niya ang Kaniyang anyo. Nagbago Siya mula kay Noe papunta kay Moises; Nagbago Siya mula kay Moises papunta kay David; mula kay David, kay Jose; tuloy-tuloy pababa hanggang sa humantong Siya sa buong kapuspusan ng Pagka-Diyos. Kita n’yo?

282 Ito’y siya pa ring Diyos! Amen. Amen. Sana iyan ay tumimo. Kita n’yo? Ito ay siya pa ring Diyos, subalit kumukuha lamang Siya ng panibagong lambong. Kita n’yo, nagsusuot Siya ng panibagong lambong.

283 Ginawa Niya ito sa mga repormador, nagsuot ng isang lambong, nagsuot ng isang lambong. Hanggang, sa wakas, humantong Ito sa kapanahunan ng Lutheran, tumuloy pababa sa ibang kapanahunan, hanggang sa wakas humantong Ito doon sa Kumpleto. Sadyang bago Ito dumarating, isang propeta muli ang lumilitaw. Ang ginagawa nito, magbababala Ito ng Salita, ipinapakita ang noon doon, inihahayag kung anong naganap, kung anong naiwan pa, na ang Iglesya ay magiging walang . . . hindi nga sa hindi magkakaroon ng kaunawaan.

Pagkatapos pagka ito ay lumipas, pagkatapos, tulad ng sabi ni Juan, “Kinakailangan kong bumaba, kinakailangan Siyang dumakila,” pagkatapos ang lahat-lahat ay mapapasa Kaniya. Siya sa lubusang kahayagan, mula kay Luther, Wesley at kapanahunang Pentecostal, at tuloy-tuloy pababa, pababa. Siya sa lubusang kahayagan, kita ninyo, bumaba, ang kapahayagan lamang, ang Diyos na natupad. Nakita ninyo Siya ngayon, pansinin, natupad sa mga pangako Niya para sa araw na ito, tulad ng mayroon sila dati.

284 Ngayon si Moises noon ang Salita nang araw na iyon, dahil naibigay sa kaniya ang Salita para sa araw na iyon; si Moises, si Jose ang Salita sa mga kaarawan niya, isinasalarawan ng eksakto si Cristo. Kita n’yo, bawat isa sa kanila noon ay ang Salita.

285 At nang dumating si Jesus, Siya ang Salita sa kapuspusan Nito, sapagkat ang buong plano ng katubusan ay naiatang sa Kaniya. Hindi naiatang kay Moises ang buong plano ng katubusan, hindi naiatang kay Jose, hindi naiatang kay Elias. Kita n’yo, sila ay bahagi lamang ng Salita, tumuturo Rito. Kita n’yo? Ngayon pansinin, panatilihin ang kaisipan ninyo; heto na nga Ito, tulad ng sinasabi ko. Kita n’yo, wala sa kanila ang buong plano. Sila ay tumuturo Rito.

286 Samakatuwid, pagkatapos Niya, ang Kapuspusan, hindi na tayo makatuturo pa sa iba pa. Ito ay tumuturo pabalik sa Kaniya, ang Salita. [Dinampot ni Kapatid na Branham ang Biblia niya—Pat.] *Ito* ang kumpletong Kapahayagan; walang bagay na maidaragdag o maibabawas palayo mula Rito. *Narito* ang kumpletong Kapahayagan. Lahat ng iyan, isang anino Niya na darating; pero kapag dumating Siya, Siya nga ang Sakdal. Mga Taga Hebreo 1, “Ang Diyos sa iba’t-ibang mga kapanahunan ay nangusap sa mga ama sa pamamagitan ng mga propeta,” nangusap ang Diyos sa pamamagitan ng mga lambong, ang mga propeta, “ngunit sa huling mga araw na ito ay sa pamamagitan ng Kaniyang Anak, si Jesus Cristo.” Hayan na nga kayo. Nahayag doon sa Kalbaryo, ang Anak ng Diyos, nahayag.

287 Pansinin, “ginawang buhay.” At, sa araw na ito, kapag mahayag ang Salita sa mga sisidlang tao, mga lambong, ito ay ganap na ganap na Salita na natupad sa araw na iyon, na bumabalik sa Diyos. Bilang nabautismuhan sa Kaniya, sang-ayon sa Unang Mga Taga Corinto 12, tayo ay napagkilalang kasama Niya. Amen.

288 Ang sabi ko mga kalahating oras, pero maaari ko bang haba-habaan pa ng kaunti? [Kongregasyon nagsasabing, “Amen.”—Pat.] Kita ninyo? Tingnan, hindi ko lamang maaaring hindi talakayin ito mismo rito. Pansinin, nakilalang kasama Niya!

289 Ngayon pansinin. Gaano karaming mga mamamayan ng Amerika ang narito? Itaas ang mga kamay ninyo. O sige, kayo ay isang mamamayan ng Amerika, kung gayon kayo ay kilalang kasama ng bansang ito. Maging anupaman ang bansang ito, kailangang maging ganoon kayo. Tama ba iyan? Kayo ang lahat ng kaluwalhatian niya at kayo ang lahat ng kahihiyan niya. Kayo ay kilalang kabilang dito. Kayo ay isang Amerikano, kaya kasama kayo ng Amerika. Aleluyah!

290 Kasama ako ni George Washington nang tumawid siya ng Delaware. Kilala akong kasama niya. Tama iyan. Kasama ako ni Abraham Lincoln sa talumpati sa Gettysburg. Nakatayo ako roon. Kasama ako ng mga sundalo sa Guam, kayong mga kalalakihan, nang itaas ninyo ang bandilang iyan. Naroon ako noon. Isa akong Amerikano; Kilala akong kasama nito. Amen. Ngayon, ang maging isang Amerikano, anuman ang naging kahihiyan niya sa Rebolusyunaryo, dinadala ko ito, dahil ako ay isang Amerikano. Tama iyan.

291 At bilang isang Cristiyano, kilala akong kasama Niya. Amen! Kasama ako ni Noe nang pumasok siya sa daong. Kasama ako ni Moises nang lumabas siya sa Egipto. Amen! Kasama ako ni Elias sa Bundok ng Carmelo. Opo, ginoo! Luwalhati sa Diyos! Kasama niya ako nang gawin niya iyan. Totoong kasama Niya ako, ipinakilala ko ang aking sarili sa kamatayan Niya doon sa Kalbaryo nang mamatay ako sa mga bagay ng sanglibutan, sa aking sarili at lahat ng mga tradisyon. Kilala akong kasama Niya. Kilala akong kasama Niya sa umaga ng Pasko ng Pagkabuhay nang magbangon Siya mula sa patay. Kilala akong kasama niya sa Araw ng Pentecostes, nang dumating ang Banal na Espiritu tulad ng sa isang humahagibis na hanging malakas. Kilala akong kasama Niya. Lahat ng kung ano nga Siya ay ako nga, lahat ng kung ano nga ako ay Siya nga; amen, bilang patay sa Kaniya nakilala tayong kasama Niya. Kung ano nga Siya ako nga. Amen!

292 Kung ano ang bansang ito ay ako nga. Ipinagmamalaki ko ang maging ganiyan. Handa akong pasanin ang mga kahihiyan niya. Handa akong pasanin ang isang kahihiyan ng pagiging Amerikano. Tama iyan. Ngunit dodoblehin ko iyan kay Jesus Cristo! Lahat nga ng kung ano Siya noon ay ako nga. Gusto kong makilalang kasama Niya.

293 Yaong mga alagad, nang magsibalik sila, akala nila. . .pinagtawanan sila, at tinawag na lahat ng iba pang bagay-bagay, inisip nila ito noon na isang dakilang karangalan na pasanin ang kahihiyan ng Kaniyang Pangalan.

294 Masaya ako ngayon na maging isa sa kanila, nakikilalang kasama ng Salita, na siyang si Cristo. Kilalang kasama Niya! Bilang nabautismuhan sa Kaniya, tayo ay nakilalang kasama; nakilalang kasama sa Kaniyang wangis, nakilalang kasama ng

Kaniyang Salita, na Siya iyon. Kung ako ay nakay Cristo, ako ang Kaniyang Salita; sapagkat Siya nga ang Salita, at kung ano nga Siya ay ako nga. Amen! Nakuha ba ninyo Ito? [Kongregasyon nagsasabing, "Amen."—Pat.] Mabuti.

295 Ang nalantad na Salita, o nahayag sa Kapahayagang iyon doon, kung ganoon ano ang idudulot niyan sa akin? Kung Siya iyang Kaluwalhatiang Shekinah, bahagi ako Nito. Amen! Oh! Amen! Tama iyan. Ang Salita Mismo nahayag, inihayag ang Sarili Nito.

Isipin! Naging hayag sa atin ang mga hiwaga ng Diyos sa araw na ito, sa pamamagitan ng siya ring Makalangit na Mensahero na naihayag sa kanila sa mga araw na iyon noon; pansinin, ang siya ring Haliging Apoy na nagsugo kay Moises; ang siya ring Haliging Apoy na nakay Moises na sumulat ng Biblia; ang siya ring Haliging Apoy na nasalubong ni Pablo sa daan niya patungong Damasco.

296 At isinulat ni Pablo ang Bagong Tipan. Tandaan, sila Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, isinulat lamang nila kung ano ang nakita nila; ngunit si Pablo ang may Kapahayagan. Hinila niya Ito palabas, sapagkat nasalubong niya ang Haliging Apoy, siya mismo. At isipin, ang siya ring. . .

297 Doon, si Jose, lahat sila ay isinulat kung ano ang naganap, bawat isa ay sumulat pabalik sa araw na iyon. Pero nang dumating si Moises sa tagpo, nasa kaniya ang Kapahayagan. Nasalubong niya ang Haliging Apoy, at nahayag Ito kay Moises kung paano ang Genesis. Isinulat niya ang unang apat na aklat ng Biblia, si Moises ang gumawa. Tama ba iyan? Dahil nakatagpo niya ang Diyos sa anyo ng Haliging Apoy, nalambungan sa Haliging Apoy.

298 Nang makasalubong Siya ni Pablo sa daan. . .Isinulat lamang ng mga alagad kung ano ang nakita nilang ginawa Niya, ngunit taglay ni Moises ang Kapahayagan; pumunta roon sa Egipto sa loob ng tatlong taon at nag-aral, at nakita na ang Diyos ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bago, ang Kapahayagan! "Hindi ako suwail sa Makalangit na pangitain." Tama iyan. Tama!

299 At isipin Ito! Ang siya ring Haliging Apoy na dumating sa mga lalaking iyon na sumulat ng Biblia, ay siya ring Haliging Apoy rito, sa araw na ito, ipinaliliwanag ang Biblia. Amen! Talagang pinasasalamatan natin Siya dahil diyan! Iisa! Anong kaaliwan! Anong pagkakakilanlan! Galak na galak akong makilalang kasama niyan, hindi ko alam kung ano ang gagawin! Mas nanaisin kong makilalang kasama Niyan kaysa lahat ng Baptist, Metodista, Presbyterian, Lutheran, at lahat ng iba pa sa kanila. Kilalang kasama ng Salitang iyan kung saan nalalatag ang Kaluwalhatiang Shekinah na iyan at ang Kapahayagan!

300 Hayag na nagpapakita sa kalagitnaan natin ang Haliging Apoy, ipinakikilala na tama ang Mensahe, tulad ng ginawa Niya sa Bundok ng Sinai. Tandaan, bago lumabas ang totoong mensahe, nangaral si Moises at pinangunahan niya sila palabas ng Egipto; ngunit doon, bago mailatag ang totoong mga kautusan (naihayag ang mga Tatak), bumaba ang Diyos sa harapan ng mga tao at pinatunayan na isinugo nga noon si Moises mula sa Kaniya, (tama ba iyan?) sa isang Haliging Apoy na sinabi ni Moises na nakita niya sa isang mababang punong kahoy at nangusap sa Kaniya.

301 Oh, sa huling mga araw na ito, ang makita na nasa kalagitnaan natin mismo ang siya ring Haliging Apoy, nangungusap ng gayon ding Salita; hindi lamang iyan, kundi ipinaliliwanag Ito sa pamamagitan ng paghahayag Nito, at pagpapatunay Nito, Ito ang Katotohanan.

Kaya, wala ni isang paraan ang mga tao para hindi maniwala, liban na kung sadyang gustuhin niya. At, kung gayon, "Siya na sinasadyang magkasala matapos na makaalam ng Katotohanan, wala nang natitira pang hain para sa kasalanan."

302 Pansinin, siya ring Haliging Apoy na naisugo kay Moises at kay Pablo, na sumulat ng Biblia, ngayon ay isinugo para ihayag Ito. Ang biyaya ng Diyos, ang hindi nagbabagong Diyos, tinutupad ang mga pangako ng Mateo 28, "Narito, Ako'y sumasainyong palagi;" tinutupad ang San Juan 14:12, "Ang mga gawang Aking ginawa, inyo rin namang"; tinutupad ang San Lucas 17:28-29, "Sa huling mga araw mahahayag ang Anak ng tao," kita n'yo, kita n'yo; Malakias 4, "Narito, susuguin Ko sa inyo si Elias na propeta, na magsasauli ng Pananampalataya sa mga tao pabalik sa orihinal na Salita." Kita n'yo? Paano itong . . . Kita n'yo? Oh, naku!

303 Namatay Siya, upang ihayag ang Sarili Niya sa atin. Ngayon mamatay tayo sa sarili, upang ipahayag Siya sa iba. Mamatay tayo sa mga tradisyon at mga bagay-bagay, upang ipahayag Siya sa iba. Mamatay sa mga denominasyon, upang ipahayag Siya sa iba.

304 Pansinin, mayroon ang lumang templo ng Kaluwalhatiang Shekinah, at ang Liwanag ng Shekinah nasa kabuuan ng Salita. Ang Salita ay isang Binhi; dinadala Nito ang tinapay na handog sa mga mananampalataya lang. Ang dugo rin naman ay nasa tipan; at ang Dugo ay ang tubig, tubig na bumubuhay sa binhi, ang trigo, ang binhi, na siyang Salita.

305 Tulad ng sabi ni Jesus, "Nang angatin ni Moises ng tansong ahas," at pagkatapos muli sinabi Niya, "Pinakaiibig ng Diyos ang sanglibutan na ibinigay Niya ang bugtong Niyang Anak; sinuman na sumampalataya sa Kaniya ay hindi mapapahamak." Hinampas ni Moises ang bato sa ilang, upang

iligtas ang isang agaw-buhay na bayan, o palabasin ang tubig. Hinampas ng Diyos si Jesus, upang ilabas ang Espiritu mula sa Kaniya, para sa isang agaw-buhay na mga tao. Umagos ang Dugo mula sa Kaniya, na siyang, "Ang tubig ng paghuhugas ng Salita." Na siyang, Tubig na nagbibigay Buhay sa Binhi. At naghatid ito ng Kaluwalhatiang Shekinah; at nagningning sa ibabaw ng Salita, na siyang naghatid ng tinapay na handog. At para lamang sa isang piniling bayan ang tinapay na handog noon. Uh-huh! Tama iyan? [Kongregasyon nagsasabing, "Amen."—Pat.]

306 Ngayon sa pagpasok sa tabing, sa loob ng tabing, patungo sa Presensiya Niya, kung saan naroon ang Salita (hindi ang kredo), ang Salita; sa loob doon makikita ang Kaluwalhatiang Shekinah, ang Shekinah, ang Kapangyarihan, ang Espiritu Santo na nagniningning sa ibabaw ng Salita, naghahatid ng pangako, ipinapakitang nasa likod kayo ng tabing. Amen!

> Natawid ko na ang ilog ng tabing kung saan
> hindi nabibigo ang Kaluwalhatian, (Uh!)
> Aleluyah, aleluyah; ako'y nabubuhay sa
> Presensiya ng Hari.
> Natawid ko na ang ilog ng tabing kung saan
> hindi nabibigo ang Kaluwalhatian,
> Ako'y nabubuhay sa Presensiya ng Hari.

307 Ang lumang balat ng hayop, mga denominasyon, ay napunit na. Nakalagpas na ako riyan, patungo sa Kaluwalhatiang Shekinah, at nakita ko ang Salita. Nakita kong kumikilos ang Haliging Apoy. Nakita ko ang Salitang naihayag. Kung anong sinabi Niyang gagawin Niya sa huling mga araw na ito, nakikita ko itong lumalago. Nakita ko ang mga anak na kinakain ang Tinapay na Shekinah na iyan na dumarating mula sa pagkahinog ng Salitang iyan, na niniwala Rito. Amen! Isang kahanga-hangang oras na kinabubuhayn natin! Kita n'yo, nasa ibabaw ng Salita ang Shekinah; at sa ilalim naroon ang Tinapay. At naroon ang Dugo, naiwisik, na siyang nagbibigay Rito ng tubig. Nagbibigay ng Buhay ang Espiritu sa Salita. At ang . . .

Ilan ang nakabasa, nakarinig ng teyp ng *Ang Paglilitis*? Palagay ko, marami nga sa inyo ang mayroon. Nakita ninyo roon, kinakailangan nito . . .

Kailangang lumago ang Salitang iyan. Upang lumago, kailangan Itong mapasa tamang uri ng lupa. Kita n'yo? At gumagawa ang Diyos ng isang pangako, at tinatamaan nito ang pusong iyan, hindi ito mabibigo.

308 Naghintay si Noe ng sandaan at dalawampung taon. Naghintay si Abraham ng dalawampu't-limang taon, sa bata. Sinabing gayon ng Diyos, at iyan ang tugon nito. Kita n'yo? Ano nga ito? Naroon ang Salita noon nadiligan sa

pamamagitan ng pananampalataya, pinaniniwalaan ito, nagdala ito ng mga resulta. Nagluwal ito ng isang anak na lalaki; naghatid ito ng ulan; nagdala ito ng baha; inihatid nito ang birhen na naidalang-tao noon.

309 Isang propeta ang nagsabi, "Isang birhen ang manglilihi." Walang alinlangan na bawat mumunting kabataang babae ay umalis at inihanda ang mga damit niyang pangsanggol. Buweno, nakilalang propeta ang propetang Isaias na ito, pinagtibay ng Diyos. At ang sabi ng Panginoon, "Isang birhen ang maglilihi. Bibigyan ko ang mga ito ng isang supernatural na tanda, isang dakilang tanda; isang birhen ang maglilihi."

310 Doon, lahat ng mga taong iyon, silang mga mananampalataya, tulad lamang ninyong lahat. At narinig nilang sinabi ng propetang iyan na, bawat munting kabataang babae...Ang sabi ng bawat lalaki, "Iyan ay magiging ang anak kong babae. Opo, ginoo." Lahat ng tao ay nagtungo at bumili ng mga medyas at lampin at lahat lahat na, naghahanda, pagka't alam nila na siya ang magkakaroon nito. Lumipas ang salin-lahing iyan, at naisip nila, "Iyang kilalang propeta, pinagtibay ng Diyos, paano nga siya makapagsasabi ng anumang bagay na mali? Kailangan Itong maganap!"

311 Ito noon ay walong daang taon pa ang lumipas, ngunit isinilang niya ang sanggol. "Langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas."

312 "At magaganap ito sa huling mga araw," sabi ng Diyos. Kita n'yo, heto na nga tayo, ang—ang Liwanag sa ibabaw ng Salita. Habang binabago ng liwanag ng araw ang binhi mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, tayo rin naman ay naging—naging higit na tulad Niya habang nabubuhay tayo sa Kaniyang Presensiya; tulad Niya, inalinsunod sa Kaniyang pinagpalang wangis habang lumalakad tayong kasama Niya.

313 Masdan kung ano ang ginagawa ng araw. Magtanim kayo ng isang binhi, ano ang nangyayari? Nabubulok ang binhing iyan. Sa loob ng binhi ay buhay. Sumibol ang buhay at nag-usbong ng isang tangkay. Ngayon, hindi iyan kamukha ng una.

Naroon si Luther. Ito noon ay isang tangkay. o sige.

Nagpatuloy ang tangkay at, ang unang bagay alam ninyo, nag-usbong ito ng isang bulaklak. Kita n'yo, iyan noon ang rebaybal ni Wesley; hindi katulad ng iba.

Pagkatapos dumating sa pagpapatuloy ang rebaybal na Pentecostal, kita n'yo, dala ang bautismo ng Banal na Espiritu. O sige.

Anong nangyari? Nagkaroon tayo ng onggilyo sa tainga. Nagsisimula itong magmukhang mali. Ang bagay na *ito*, ang

bagay na *iyan*, hindi ito kamukha ng Salita. Hindi Ito kagaya ng iba pa Nito. Hindi Ito kagaya ng orihinal na Binhi na naitanim.

314 Ngunit naroon pa rin ang Diyos para gawin iyon na—na kapareho pa rin. Pansinin, ano ang ginagawa nito? Sa wakas bumabalik ito sa orihinal na Binhi muli. Nang dumating Siya sa anyo ni Martin Luther; nang dumating Siya sa anyo ni John Wesley; nang dumating Siya sa anyo ng Pentekostal; ipinalagay na dapat Niyang ihayag ang Sarili Niya muli tulad ng kaparehong Binhi na naitanim, ang Anak ng tao. Inihayag Niya ang Kaniyang Sarili bilang Anak ng Diyos, sa loob ng kapanahunang tangkay at iba pa, ngunit sa huling kapanahunan na ito ihahayag Niya ang Kaniyang Sarili bilang Anak ng tao muli. Nakuha ninyo ito? [Ang kongregasyon ay nagsasabing, "Amen."—Pat.] Mabuti, tulad ng pasimula, hinubog!

315 At ano ang pinalago ng tangkay na iyan? Lumalago ito sa lahat ng panahon. Lumalago ang maliit na tangkay na iyan, gayunman hindi pa rin ito kagaya ng orihinal na binhi. Maging ang mensahe ni Luther noon ay hindi; hindi, sa pagpapatuloy dumating ang—ang iba pang mga mensahe, Finney, Sankey, Knox, Calvin, tuloy-tuloy pababa, wala sa kanila. Mensahe pa rin sila pero, ano nga ito noon, hindi nila nakuha ang kumpletong Kapahayagan Nito pagka't hindi pa panahon. Hindi ninyo mailalagay ang puso ng mais sa mais bago ang panahon ng pagsibol nito. Kita n'yo? At pagkatapos, sa wakas, doon babalik muli ang orihinal na Binhi na nahulog sa lupa.

316 Nakita ninyo sinusundan ng Diyos ng eksakto ang kalikasan. Kita n'yo, isinilang Siya noon na isang cordero, iyan ang dahilan na isinilang Siya noon doon sa isang sabsaban. Hindi ipinapanganak ang mga cordero sa mga kama. Kita n'yo, *pinangunahan* Siya noon sa Kalbaryo. Cordero, pinangungunahan ang mga tupa. Tama iyan. Pinangungunahan sila ng mga kambing sa katayan, alam ninyo iyan, isang bahay katayan. Pinangungunahan sila ng kambing, pero kailangan nilang pinangunahan. Huh! Tama iyan. Kaya pinangunahan Siya sa katayan, kita n'yo, dahil Siya noon ay isang Cordero.

317 Lahat ng bagay ay ipinakilala Siya ng lahat ng bagay sa kalikasan. Iyan ang dahilan na isinilang Siya nang Marso o Abril, hindi sa Disyembre; Hindi maaring maging ganoon Siya, mayroong dalawampung-talampakan ng niyebe roon ng panahon na iyon ng taon. Wala hindi araw-na-diyos, kundi Siya noon ay Anak ng Diyos. Kita n'yo? Ang araw-na-diyos ng Romano ay sa ika-dalawampu't-limang araw ng Disyembre, pagka dumaan ang araw sa dako nito roon at ginaganap nila ang mga Romanong pagtatanghal, at tinawag na kaarawan ng

araw-na-diyos, at ginawa nila itong Anak ng Diyos. Hindi, hindi. Siya ang Anak ng Diyos. Ang kaarawan Niya noon ay kasabay ng iba pa sa kalikasan. Eksakto.

Ngayon pansinin muli ngayon habang nagpapatuloy tayo, mayroon pa tayong kunting panahon na natitira.

318 Ngayon sa sakdal. Makaraan na mabuo ang uhay; makaraang mabuo ang bulaklak; makaraan na humantong ang butil sa busal; pagkatapos kailangan nitong humantong sa kasakdalan, pabalik sa isang dating butil muli.

At, tandaan, kailangang sumibol ang binhi. Kita n'yo? Kung hindi, hindi ito mabubuhay. Kita n'yo? Wala riyan sa nangasalabas ng mga mensaheng iyon ang makahahantung sa Buhay. Kailangan Itong sumibol Roon. Ngunit, tandaan, ang siya ring Buhay na nasa tangkay noon ay nasa butil. Pinahuhusto lamang ang gulang nito pabalik sa dati, kita n'yo. Inihahayag Niya ang Kaniyang Sarili, (ano?) Anak ng tao, ang butil na nahulog sa lupa. Nakuha ninyo ang Mensahe? [Kongregasyon nagsasabing, "Amen."—Pat.]

Ang sabi ng mga Griyego sa Kaniya, "Ibig sana naming makita si Jesus."

319 Ang sabi Niya, "Liban na mahulog sa lupa ang butil ng mais." Kita n'yo? Mabuti.

320 Ngayon ano ang sumunod Niyang ipinahayag sa Kaniyang Sarili? Sa ibang anyo; tangkay at bulaklak, at iba pa, at lahat ng mga dahon at lahat-lahat na. Inihayag Niya ang Sarili Niya pagkatapos, (ano?) siya ring Espiritu, ngunit sa ibang anyo. Kita n'yo? Ngunit ano ang huli ng mais na iyan? Bumabalik Ito sa orihinal na butil. Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsasabing, "Amen."—Pat.]

321 At dumating ang ministeryo Niya, mula sa kanila na mga repormador, pabalik sa orihinal sa Salita muli. Dumarating ang Salita sa isang propeta. At ipinangako Niya ito, sa Malakias 4, "At isasauli muli ang Pananampalataya ng mga tao pabalik sa orihinal na binhi." Kung ano ang nahulog sa lupa ay kapareho rito. Tumubo ang binhing iyon doon. Umusbong Ito bilang isang Anak ng Diyos, ngayon inihahayag Nito ang Sarili nito rito bilang Anak ng tao, at inihahayag Nito ang Sarili Nito bilang Anak ni David sa Trono. Kita n'yo, silang tatlong mga anak na lalaki, eksakto lamang, Oh, naku, muli tulad ng orihinal!

322 Ngayon sa sakdal na ministerio ng Kaniyang Sarili; hindi ng ilang tao, hindi ng ilang denominasyon, habang kumikilos sila sa loob ng kapanahunang iyon doon, kita n'yo; ngunit inihayag ang Sarili Niya, inihayag ang Sarili Niya sa pangako, na ginagawa ang San Lucas 17:28, Malakias 4, at iba pa, Mga Taga Hebreo 13:8, eksaktong tama lang. Sa panahong iyan,

anong panahon ba dapat ito maging? Kapag ang mahal na Binhi ni Abraham ay tumitingin na para sa ipinangakong Anak. At lahat ng mga tipo ay kailangang maganap. At ang Diyos Mismo ay nagpakita sa anyo ng isang tao, sa natural na binhi ni Abraham, bago ang pagkagunaw, at sinabi ni Jesus na ito ay magiging gayun ding bagay sa mahal na Binhi bago magbalik ang Anak na ipinangako.

323 Pansinin ang lumang tabing na nagtago sa Kaluwalhatian. Ang mga lumang balat-tupa, walang kagandahan upang nasahin ito; kahit pa nga ang laman Niya. Iyan ang dahilan na sinabi ng mga tao, "Isang munting matandang kubang Lalaking tulad niyan?" Marahil mga tatlumpung taong gulang, at abuhin na, at ang balbas Niya ay abuhin na, hindi maganda ang hitsura. Ang sabi ng Biblia, "Walang kagandahan upang nasahin natin Siya." Hindi Siya mukhang Hari, ang lumang balat-tupa, kundi, oh, kung ano ngang nasa loob!

324 At isang munting bungkos ng mga "holy-roller" na umuupong magkakasama sa isang mainit na gusali tulad nito, tinatawag nila silang, walang gaanong kagandahan para gustuhin, pero kung anon'ng nasa kalooban! Tiyak ako na nalalambungan ito sa maraming mga puso, kita n'yo. Kita n'yo? O sige.

325 Sa panlabas Ito ay walang-wala, pero lahat ay nasa kalooban. Kapag nasa loob na kayo Nito, ay doon ninyo Ito makikita. Paano kayo makakapasok sa loob Nito; makipagkamayan, makahalo? Hindi. Maipanganak sa loob Nito. Mamatay, mahubad ang luma ninyong kasuotan, kita ninyo, ang luma ninyong sarili, para makapasok sa isang bago. Kita n'yo? Iwan ang lumang kasuotan.

326 Ang Liwanag na Shekinah ay hindi...Makinig, mga ministro! Mga ministro, gusto kong pakinggan ninyo Ito. Kapag nasa loob na...Ngayon dadahan-dahanin ko ito, para siguradong mauunawaan ninyo Ito. Kapag nasa loob na ng tabing, sa ilalim ng Kaluwalhatiang Shekinah, hindi kinukuha ng Liwanag na Shekinah ang Salita ng Diyos at inihahayag si Jesus bilang isang "manghuhula ng kapalaran," hindi, tulad ng ginagawa ng mga denominasyon ngayon, "mental na telepatiya, holy-roller, Beelzebub." Hindi Siya inihahayag ng Kaluwalhatiang Shekinah bilang ganiyan.

327 Kundi hinihinog ng Kaluwalhatiang Shekinah ang Binhi na naipangako para sa oras na iyan, ng Salita, ipinapakita Siya bilang Lila pa rin ng Lambak. Inilalabas Niyan ang Binhing iyon, ang Lila ng Lambak, ang Tinapay ng Buhay, ang Alpa at Omega, siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Siya ang bahagi ng mananampalataya. Inihahayag ng Kaluwalhating Shekinah, sa mananampalataya, na Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

328 Hindi, "Ang mga araw, Siya ay lumipas, at namatay Siya at tapos nang lahat." Kaya kaibigan, kung pinaniniwalaan mo iyan, kung pinaniniwalaan mo iyan, hindi mo pa naabot ang Kaluwalhatiang Shekinah. Paano nga Siyang ihahayag ng Kaluwalhatiang Shekinah sa tatlong persona? Kita n'yo? Paano nga Siya ihahayag ng Kaluwalhatiang Shekinah bilang nabautismuhan, ang mga tao, sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," samantalang wala nga ni isang persona sa Biblia na nabautismuhan sa ganiyang paraan kahit kailan? Paano nga Siyang ililimita ng Kaluwalhatiang Shekinah sa isang apostol, samatantalang Siya ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman? Kita n'yo?

329 Inihahayag Siya ng Kaluwalhatiang Shekinah. Inilalabas Nito ang Salita ng pangako, mismo sa harapan ninyo. Iyan ang dahilan na kailangan Niyang lambungan ang mukha ni Moises, dahil sa loob niya noon ay ang Salita. Nilambungan Niya si Jesus, bilang isang mapagpakumbabang munting Tao, upang hindi nila makita si Jehovah. At nilalambungan Niya ang Sarili Niya ngayon, sa mga kagamitang panglupa, kasama ang Shekinah. Ang panlabas ay mukhang isang bungkos ng mga holy-roller, mga lumang balat-tupa, ngunit itinatago ng panloob ang Kaluwalhatiang Shekinah.

At hinihinog Nito ang Tinapay na Handog na pinagpipistahan natin, at ang dahilan kung bakit tayo tumatawid ng bansa, daan-daang mga milya, kita n'yo. Ito ang Pagkain ng mga mananampalataya. Ito'y para lamang sa isang mananampalataya. Tandaan, ang Tinapay na Handog ay para lamang sa mananampalataya lang, kita n'yo, Binhi na Tinapay na Handog. Pansinin. Ano ang ginagawa nito? Ang Kaluwalhatiang Shekinah na iyan, sa ibabaw ng Tinapay na Handog, ang humahadlang para hindi Ito masira.

330 Tandaan, ang mana na nalaglag galing ng Langit, nanatili ito noon sa Kaluwalhatiang Shekinah, mula sa isang salinlahi patungo sa isa pa. Sa labas, mayroon itong mga uod, magdamag, nasisira ito. Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsasabing, "Amen."—Pat.]

331 Sa labas ng Kaluwalhatiang Shekinah, "Ang mga araw ng mga himala ay lumipas na. Kita n'yo, lahat ito'y panatisismo." Ngunit sa loob . . .

332 Tingnan, mayroon silang ilang binhi ng sunflower mula sa isang kamalig sa Egipto na inilagay roon sa mga araw ni Jose, apat na libong taon, halos, ang lumipas. Inilagay ni Jose ang mga ito sa kamalig. Itinanim nila ang mga ito. Nabuhay sila. Bakit? Mayroong buhay ang mga ito.

333 Ano itong Kaluwalhatiang Shekinah sa araw na ito? Ang lumagpas sa dako roon pa ng tabing, ang makita kung Sinong Diyos ang nakatayo sa harapan ninyo, makita kung Sinong

Diyos ang nakatayo sa harapan natin, ang—ang Haliging Apoy. Nalalambungan Siya sa lamang pantao. Ngunit ano ang ginagawa ng Shek'nah, ano ang ginawa nito? Ang Binhi ng Tinapay na Handog, ang Salita na dapat nating ipamuhay sa araw na ito, sa pamamagitan ng mga pangakong ito, hinihinog ng Kaluwalhatiang Shekinah ang Tinapay na Handog na iyan, inihahatid ito sa katuparan, ginagawa itong Tinapay sa mananampalataya; na nakasulat sa mga pahina ng Biblia, taun-taon, ang Salita para sa kapanahunang ito.

334 Sa mga denominasyon, Ito'y isang batong katitisuran. Sa mga denominasyon, natitisod sila Dito. Sa pagpapatuloy ng mga taon, kay Luther, kay Wesley, kay Martin Luther, at lahat, kay Sankey, kay Finney, kay John Smith, kay Knox, lahat ay natisod Dito.

335 Ngunit ano'ng gagawin nito sa huling mga araw? Ano ang "*upang ihayag*"? "Ilabas!" Ano'ng gagawin ng Malakias 4? Ang ibalik ang mga tao galing sa batong katitisurang iyan, upang wasakin ang mga tradisyon, at ang ihayag ang Salita kasama ang Kaluwalhatiang Shekinah. Masdan Itong mahinog at mamunga ng eksakto lamang kung an ang sina Nito na gagawin Nito, oh, naku, ang Tinapay na Handog para sa panahong ito. Sa denominasyon, isang batong katitisuran, "isang grupo ng mga panatiko." Ngunit, sa atin na mga sumasampalataya!

336 Ngunit ngayon tulad ng ipinangako ng Apocalipsis 10, "Lahat ng mga hiwaga ng Diyos, na naitago sa mga pahina sa loob ng lahat ng mga taong ito, ay mahihinog, maihahayag sa kapanahunan ng Mensahe ng ikapitong anghel." Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsasabing, "Amen."—Pat.]

Ano ang sinasabi Niya, isang taon at anim na mga buwan ang lumipas, mga dalawang taon na ngayon? "Pumunta ka sa Tucson; sa kanluran ng Tucson, isang malakas na pagsabog," at ano ang magaganap, "mabubuksan ang mga Tatak," ang mga Tatak na naghayag ng mga bagay na ito. Nagbalik katulad ng sinabi Niya.

Ano ito? Ipinapakita Nito na hindi Ito maaaring maging tao. Tumatama Ito ng eksaktong eksakto, kasing tuwid tulad ng maari, palagi. Ano ito? Ito ang kamay ng Diyos, kita n'yo, sa harapan natin. At dahil ito ay nasa isang maliit na grupo, nalambungan sa loob ng isang pantaong laman, natatago ito sa panlabas na sanlibutan. Nakatayo Siya sa sanlibutan sa labas. Inihahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa mga sanggol na siyang matututo. Kita n'yo? Tama iyan.

337 Bawat, kita n'yo, bawat parabula sa Biblia, bawat tipo ng Biblia, ay nahahayag mismo rito sa harapan natin. Ang siya ring Diyos, ang Haliging Apoy, na sumulat ng Biblia, kapuwa sa Luma at Bagong Tipan, ay narito mimo ginaganap Ito,

ipinapakita ng eksaktong eksakto kung ano ito noon, ipinaliliwanag ang naganap noon, at tinitiyak na ito nga ang kapaliwanagan.

338 "Nakuha na natin ang kapaliwanagan!" Kung gayon tingnan natin itong maganap. Kita n'yo, iyan ito, hantayin natin itong maganap.

339 Maganap! Ang sabi ni Jesus, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong paniwalaan." Kita n'yo, kailangan itong mapatunayan.

340 Ngunit ngayon—ngayon, hindi mapatunayan tulad ni Jesus, naglagay sila ng isang—isang basahan itinali sa ulo Niya at pinukpok Siya sa ulo, sabi, "Kung Ikaw ay isang Propeta, sabihin sa amin kung sinong pumukpok sa Iyo." "At kung Ikaw ang Anak ng Diyos, gawing tinapay ang mga ito." Kita n'yo, iyan ang Diablo. "Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, bumaba ka riyan sa kr-. . . "

341 Ang ibig kong sabihin, ang Kapahayagan na dapat Niyang gawin, iyan nga kung ano Ito. Ngunit ngayon, dahil sa nahayag na ang Apocalipsis 10, nahayag na ang mga hiwaga ng Diyos, nalaman na, tulad ng pangako ng Aklat na may Pitong-Tatak.

Ngayon isandig ang pananampalataya ninyo sa Kaniya na Siyang Salita. Dahil, sa Apocalipsis 10 sinasabi nito . . .

342 O, Apocalipsis 19, pala. Naisulat ko ito rito, Apocalipsis 10, para puntahan ito; pero hindi ito 10, ito'y 19. Kapag dumating Siya, Siya ay tatawaging, "Ang Salita ng Diyos," nakasakay sa isang puting kabayo, at ang mga tagasunod ng Langit ay mapapasa likuran Niya.

343 Sisirain ang denominasyonal na tabing ng edukasyon! Sisirain ang denominasyonal na tabing ng tradisyon! Sisirain ang tabing na iyon na nagtatagosa Kaniya mula sa inyo! Sisirain ang mga tabing na iyon ng kapalaluan, kayong mga kababaihan. Kayo'y—kayo'y mga anak na babae ng Hari; kumilos tulad nito, mamuhay tulad nito. Sisirain ang bawat tabing, kahit anupang sabihin ng Ph.D. at LL.D. Kung salungat ito sa Bibliang iyan, mawawasak ang kabuuan ng tabing na iyan!

Sapagkat, natawid na natin ang tabing ng ilog. Nasa kabilang pampang na tayo ngayon, sa kabilang pampang. At makikita ninyo, kung gagawin n'yo lamang iyan, sirain yaong mga lumang tradisyon at mga bagay, at lumapit sa Kaniya, makikita ninyo Siyang nakatayo at Makapangyarihang Mananakop, ang Salita ng pangako para sa kapanahunang ito, ipinahayag. Makikita ninyo ang Makapangyarihang Diyos na nahayag, makita Siya mismo sa kalagitnaan natin dito, nahayag, ang Makapangyarihang Diyos, hindi nagagapi ng mga tradisyon.

344 Pinilit nilang itago Siya sa likod niyon; ginawa nila, sa loob ng maraming mga taon, ngunit nalapit na ang panahon ng pangako. Nagbangon ang Diyos ng isang Moises minsan, at pinalaya niya ang mga anak mula sa mga bagay na iyon. At Siya pa rin ay. . .Hindi Siya magagapi. “Ang langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas.” Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

345 Sasabihin nilang, “Hindi Ito magagawa.” Ngunit nagawa ito. Pagkatapos, nang magawa ito noon, ang sabi nila, “Ito’y sa Diablo.”

346 Subalit hindi niyan binabago ang Salita ng Diyos, ni kaunti. Nanatili pa rin Itong “Diyos,” sa mananampalataya, “ang Mananakop na Makapangyarihan sa lahat; siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” sa pamamagitan ng Kaniyang kalikasan, sa Kaniyang Salita, Mga Taga Hebreo 13:8.

347 Matatapos na ako, sa pagsasabi nito, dahil limang minuto na bago mag-alas-dose, sasabihin lamang ito. Mayroon akong mga sampu, labing-dalawang mga pahina pa. Ipapaliwanag ko na lang ito sa ibang pagkakataon, marahil sa gabing ito.

348 Pansinin, pansinin ito. Mayroong subasta minsan, at mayroon silang isang lumang biyolin. Narinig na ninyo ito ng maraming pagkakataon. Isang lumang biyolin; at ang sabi ng subastero, “Ano ang iaalok sa akin?” Maaring hindi ko ito mailahad ng eksakto, sang-ayon sa tula. Ito’y maraming, maraming mga taon, ngunit naisip ko lamang ito. At pinulot nila ang lumang biyolin, hindi ito mukhang bago; mukhang pinaglumaan na, at lahat na. Ni halos wala man lang nag-aalok. At sa huli, sa tingin ko ay may nag-alok ng isang dolyar, o bagay na tulad niyan.

349 At mayroong isa na nakatayo roon na sa palagay niya ay hindi ito dapat ipagbili sa gayong halaga, kaya lumapit siya at dinampot ito. Kinalabit niya ito sa mga kamay niya, at kinuha ang panghilis at itinono ito, at tumugtog ng isang himig. At nang gawin niya, lahat ay nagsimulang umiyak. Hindi pa sila kailanman nakarinig ng ganoong musika sa buhay nila.

Pagkatapos ang sabi ng subastero, “Ano ang iaalok sa akin?”

350 “Dalawang libong!” “Limang Libo!” “Sampung Libo!” Kita n’yo? Ano nga ito? Inihayag ng kamay na maestro kung ano ang natatago sa lumang instrumento.

351 Ganoon din ngayon! Ang lumang Aklat, Ito’y gula-gulanit na, pinagtawanan Ito, sinunog, ginawang katatawanan. Ngunit dumating ang panahon na nagkaroon sila ng denominasyunal na subastahan, ang Pandaigdigang Konsheo ng Simbahan. Ibinibenta nila Ito tulad ng gawain lang ng sinuman. Mayroong isang denominasyunal na subastahang darating.

352 Ngunit, tandaan, may isang bagay sa lumang Aklat na nangako na magkakaroon ng isang predestinado, itinalagang kamay na darating isang araw, na dadampot Nito at gagawin ang Salita sa Aklat na ito, tatagos sa isang predestinadong puso, patungo sa gawain na siyang kadahilanan na nilikha Ito, ihahayag ang mga pangako na nasa loob Nito. Sa panangin ito ay maaring magmukhang, oh, tulad ng isang matatandang grupo ng mga holy-roller, o bagay na iba pa; ngunit kunin lamang ang kamay ng Maestro, ang Salita Rito, upang ihayag ang Salitang iyan, at ito ay nagiging higit sa isang holy-roller. Naging ganiyan iyan sa bawat isa sa atin, hindi ba, mga kaibigan? Hindi Ito isang bungkos ng panatisismo. Depende Ito sa kung kaninong kamay ang may hawak ng bow.

Manalangin tayo.

353 Ama Naming Makalangit, sa pamamagitan ng pananampalataya sa araw na ito nakikita ko ang Panginoon ng lumang Aklat, na ipinagpalit nila sa mga tradisyun. Ipinagplit nila Ito sa mga denominasyon. Pinilit nilang ipagpalit Ito. Ngayon ipinapagpalita nila Ito sa isang—isang Pandaigdigang Konseho ng tao, ng mga iglesya, maka-komunista, maka-ateista. Nangyayari ang subastahan, Panginoon.

354 Diyos, humakbang ka! Tiyak, gagawin Mo. Isugo Mo sa amin ang propetang iyan, Panginoon, na darampot ng bow, na dadampot ng Salitang ito at magpapatunay na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Marami, Panginoon, ang magbebenta ng kanilang mga buhay, itatapon nila ang mga lumang tradisyon, sisirain nila ang mga tabing. Gusto nila Ito, Panginoon. Ibibigay nila ang anumang bagay, anumang bagay, ibigay lamang sa kanila si Jesus.

355 Panginoon, palagay ko ay napatunayan Mo na Ito sa kanila ngayon. Nanggaling sila sa lahat ng dako. Inubos nila ang pinagkakitaan nila. Ginagawa nila ang lahat ng bagay, upang piliting makarating sa mga pagtitipon, upang gawin lahat ng magagawa nila, sapagka't natagpuan nila iyang Perlas na talagang napakamahal. Ang iba pang mga bagay ay napakaliit. Pagpalain po sila, Ama.

356 Nakalapag sa pulpitong ito, ngayong umaga, Panginoon, nakalapag ang mga panyo. Marahil ilan sa kanila ay kailangang umalis ngayon, bago ang gawaing pagpapagaling mamayang gabi. O Diyos na Magpasawalang Hanggan, tumanaw ka. Alam kong Ika'y naririto, Ika'y nalalambungan. At dinadala ko itong mga mumunting tabing, Panginoon, tinatawag na "mga panyo," at mumunting "mga panapi," at mumunting mga "medyas" para sa maliliit na sanggol. At ipinadadala ko ang mga ito bilang maliliit na mga panaping ala-ala, na ang Iyong Salita ay naipangaral sa umagang ito, at, bilang isang mananampalataya, ipinapatong ko ang mga kamay ko sa mga ito, ang aking katawan, isang palatandaan

na pinanampalatayanan ko Ito. At, sa pamamagitan ng pananampalataya, bawat isa sa gusaling ito ay gayun din ang ginagawa, Panginoon. Nawa ay gumaling ang mga may sakit.

357 Maari mong kalabiin ang—ang Salita mula rito, Panginoon, tulad ng ginawa ng matandang manunugtog sa biyolin, gawin itong gayun, Panginoon. Gawin itong tumugtog ng tamang himig, ituno ang kamay ng Maestro, nang sa gayon ay makita namin Siyang nakatayo sa lantad na kahayagan.

358 Gaano marahil naisip ng mga taong iyon nang araw na iyon, noong ayaw nilang magbigay ng kahit ano, noong hindi sila nagbigay ng kahit ano para sa lumang biyolin. Hindi nila gusto iyon. Ayaw nilang magkaroon niyon sa mga bahay nila. Ngunit nang damputin ito ng isa na may kakayanan dito, pagkatapos ay ipinagbili nila lahat ng mayroon sila, upang makuha ito. Nagtatalo-talo sila at nag-aaway-away para ito. Huli na ang lahat noon.

359 Magiging gayun din balang araw pagka tumunog na ang Trumpeta ng Panginoon, magwawakas na ang panahon. Yaong mga tinitingnan-tingnan at ginagawang katatawanan, na tumayo roon sa harapan ng bukas na tabing at nakakitang nahayag ang Salita ng Diyos. Ang iba ay magsusumigaw para Rito, ngunit, tulad ng sinabi Mo, "Magiging huli na para sa kanila kung gayon" (nagtungo sila sa Piging ng Kasalanan), at naiwanan sila sa labas kung saan mayroong pag-iyak, pagtangis, at pagngangalit ng ngipin.

360 Tulungan ang bawat tao na maniwala, sa umagang ito, Ama; hapakin ang bawat tabing ng kasakiman, bawat tabing ng di-paniniwala, at makita ang Dakilang Mananakop na maalisan ng tabing sa harapan ng mga mananampalataya. Sapagkat, "Narito, Ako ay sasa-inyong palagi, maging sa wakas ng sanlibutan. Kaunting panahon na lamang at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan, gayunma'y makikita ninyo Ako." Ipakita ang Iyong Sarili sa amin, Panginoon, tulad ng Iyong ginagawa. Manatiling laging ganiyan ang paraan hanggang sa kami ay malantad sa Iyong harapan, nang ang en morphe ay mabago at Ikaw muli ay naging Anak ng tao, at Anak ni David. Ipagkaloob ito, Panginoon, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

Habang nakayukod ang ating mga ulo, lahat sa panalangin.

361 Iniisip ko sa araw na ito kung mayroong ilan dito na . . . sa loob o labas. Walang anumang paraan para makaganap pa ng pagpapalapit sa may pulpito rito, dahil wala ng lugar. Ngunit iniisip ko, ng may kasinseruhan, pinananampalatayanan n'yo ba ito bilang ang Katotohanan? Sumasampalataya ba kayo na sa araw na ito na ating kinabubuhay, at lahat ng mga kahirapang ito at kapanahunang maka-siyensya tulad noon sa

mga araw ni Noe, sa mga araw ni Moises, sa mga araw ni Cristo, na ang Diyos, ang dakilang Ama ng lahat sa atin na isinilang sa Kaniya, ay nakatayo kasama natin sa araw na ito?

362 Itong kitang-kitang Haliging Apoy na napatunayan sa pamamagitan ng siyensya, maraming taon na ang nakaraan, bilang isang munting batang lalaki, ay nangusap sa akin doon at sinabi sa akin na titira ako mismo rito, kung anong magaganap. Sinasabi ko sa inyo ang tungkol dito at pagkatapos Ito. . .Isang araw doon sa ilog, bago magsimula ang ministeryo, unang rebaybal, nagpakita Siya sa alapaap, ipinakilala ang Kaniyang Sarili at ibinigay ang utos. Lahat ng mga taon na ito itinago ko ito sa aking puso, tinatakpan si Cristo, siya ring Haliging Apoy na nagpapaliwanag ng Salita, tulad ng naipangako. Nasa huling mga araw na tao, halos sa Pagdating na ng Panginoon. At kung matagpuan ninyo ang inyong sarili na nasa labas ng tabing na iyan, na isang kamatayan ang manatili sa labas, kayo ba sa pamamagitan ng pananampalataya, sa umagang ito, ay magsasabing, "Sa tulong ng Diyos. At sa tulong Mo, Panginoon, gusto kong hapakin ang tabing na iyan. Gusto kong makapasok kung saan Ka naroroon, upang makita ang kapuspusan ng Salita ng Diyos"?

363 Huwag pilitíng maging isang Moises. Huwag tangkaing maging isang Aaron. Huwag. Maging kung sino lamang kayo, pro maging isang Cristiyano.

364 Kayo ba, sa pagkakayukod ng inyong mga ulo, ay magtataas ng kamay ninyo sa Diyos, at sabihing, "Panginoong Diyos, tulungan Mo po akong makapasok sa loob ng tabing"? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Iya'y, tingnan lamang ang mga kamay na iyan!

365 Sa labas, tandaan, maaring hindi ko makita ang inyong mga kamay. Hindi ito—wala itong gaanong halaga na makita ko ito, kahit paano; ito ay, sa Diyos. Ito lang, sa akin, ipinakikita lang nito sa akin na ang—ang Binhi ay nahulog kung saan, at, ngunit nakikita ng Diyos ang tunay na puso.

366 Kung mayroon pang iba na hindi nagtaas ng kanilang mga kamay, na gustong magtaas na kamay ngayon, itaas ang mga kamay ninyo at maala-ala sa panalangin. Itaas ang mga kamay ninyo. Pagpalain kayo ng Diyos. Mabuti iyan. Pagpalain kayo ng Diyos.

367 Ama, idinadalangin namin sa araw na ito na ang mga ito, Panginoon, na hindi pa nakakalagpas sa may tabing. Nakatayo sila sa labas doon tulad ng Israel; nagmamasid sila. Naniniwala sila, pero hindi pa sila nakakalampas papasok sa loob Nito, upang makita iyang dakilang Liwanag ng Shekinah, kapuwa espirituwal at pisikal, na maging isang mekanikal na lente ng kamera ay nakukunan ito ng larawan; dalawang linggo pa lang ang nakakaraan, nakunan Ito muli. Inihahayag

Mo po ang Iyong Sarili, Panginoon, ang Makapangyarihang Diyos na nahayag sa mananampalataya; nalalambungan pa rin sa mga mananampalataya, ngunit natanggalan na ng lambong sa mga mananampalataya.

Nawa ay makapasok sila, sa araw na ito, Panginoon, makita ang Kaniyang dakilang ningning at Kaluwalhatian. Nawa mabago ang kanilang mga puso bago pa tayo makapasok sa iglesyang ito ngayong gabi. Nawa mapuspos ang lahat sa kanila ng Iyong Espiritu, ng Iyong Presensiya. Nawa ay damputing ng Maestro ang pananampalatayang iyan na mayroon sila, ilapat ito sa Salita; nawa ay bumalik ang himig, "Ikaw ay naitalaga na, bago pa itatag ang sanlibutan, upang paniwalaan Ito. Manampalataya, Aking anak, at maligtas."

368 Ama, Diyos, ipinagkakatiwala namin sila sa Iyong mga kamay ngayon, napapagtanto na wala na kaming magagawa pa. Lahat Ito ay nakasalalay na sa Iyo, ama. Ibinibigay ko sila sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong Anak. Amen.

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya
Pagka't . . . una akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

369 Mahal n'yo ba siya? [Kongregasyon nagsasabing, "Amen."—Pat.]

Kamangha-mangha, kamangha-mangha, si Jesus sa akin,
Ang Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos ay Siya;
Inililigtas Niya ako, inilalayo ako sa lahat ng kasalanan at kahihiyan,
Kamangha-mangha ang aking Tagapagligtas, purihin ang Ngalan Niya!

Minsan ako ay naligaw, ngayon ako'y natagpuan, malaya sa lahat ng kahatulan,
Si Jesus ay nagbibigay ng kalayaan at lubusang kaligtasan;
Inililigtas ako, inilalayo ako sa lahat ng kasalanan at kahihiyan,
Kamangha-mangha ang aking Tagapagligtas, purihin ang Ngalan Niya!

Oh, kamangha-mangha, kamangha-mangha, si Jesus sa akin,
Ang Tagapayo, ang Prinsipe ng Kapayapaan, ang Makapangyarihan Diyos ay Siya;
Inililigtas Niya ako, inilalayo ako sa lahat ng kasalanan at kahihiyan,
Kamangha-mangha ang aking Tagapagligtas, purihin ang Ngalan Niya!

370 Gaano karami ang nakakakita sa Kaniya na nakatayo, ang Makapangyarihang Mananakop, ang Salitang naging laman, nahayag sa ating harapan; ang Alpha, ang Omega; Siya na Noon, Na Ngayon, at Darating; ang Ugat at Anak ni David; noon ay Anak ng tao, Anak ng Diyos, Anak ng tao, at magiging Anak ni David? Sinasampalatayanan ba ninyo Ito ng buong puso ninyo? [Kongregasyon nagsabing, "Amen."—Pat.] Inihahayag ang Kaniyang Sarili sa bawat kapanahunan, dinadala sa mananampalataya, itinatago ang Kaniyang Sarili sa laman na pantao mula sa 'di-mananampalataya. Nakatago Siya sa likod ng isang tabing. Nawa ay hapakin ng Diyos ang bawat tabing, at nakikita natin Siya bilang kung ano Siya ngayon!

Winasak ni Jesus ang bawat tanikala,
Winasak ni Jesus ang bawat tanikala,
Oh, winasak ni Jesus ang bawat tanikala,
Kapag pinalaya ka Niya!

Sa kabilang bahagi ng Jordan,
Sa kaaya-ayang kaparangan ng Eden
Kung saan lumalago ang Puno ng Buhay,
Mayroong kapahingahan para sa akin.

Winasak ni Jesus . . .

Hindi ba ninyo gustong tawirin ang Jordan ngayon? Hindi ba't masyado na kayong matagal sa ilang? Tumungo na tayo sa mga pangako!

Winasak ni Jesus ang bawat tanikala,
Winasak ni Jesus ang bawat tanikala,
Oh, kapag pinalaya ka Niya!

371 Itaas natin ang ating mga kamay ngayon.

Pupurihin ko Siya, magpakailan kailan man,
Pupurihin ko Siya, magpakailan kailan man,
Pupurihin ko Siya, magpakailan kailan man,
Sapagkat pinalaya niya ako!

372 Amen! Hindi ba ginagawa kayo niyan na makaramdam ng mabuti? [Kongregason nagsasabing, "Amen."—Pat.] Oh, talagang kamangha-mangha! Talagang kamangha-mangha, Siya, hindi ba kung gayon? Magkamayan tayo sa isa't-isa ngayon, nagsasabing:

Winasak ni Jesus ang bawat tanikala,
Winasak ni Jesus ang bawat tanikala,
Oh, winasak ni Jesus ang bawat tanikala,
(Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.)
Oh, at pinalaya ka Niya!

Pupurihin ko Siya, magpakailan kailan man
(ang Makapangyarihang Diyos)
Ako. . .(“Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, binago lamang ang Kaniyang anyo.). . .purihin Siya,
Pupurihin ko Siya, magpakailan kailanman,
Sapagka’t Siya’y (kinuha lahat ng mga kredo palayo sa akin) pinalaya ako. . .(upang mapanampalatayanan ang Kaniyang Salita).

373 Oh, hindi ba ninyo marinig ang Biyolin ng Maestro na tumutugtog, ang bow tinutugtog ang Salitang ito? Siya ay siyaring kahapon, ngayon!

Pupurihin ko Siya, magpakailan kailanman,
Pupurihin ko Siya, magpakailan kailanman,
Ako. . .(Siya, ang Salita!). . .magpakailan, kailanman pupurihin Siya, (Ano nga ang ginawa Niya?)
Sapagkat Kaniya akong (sa likod ng tabing) pinalaya!

374 Purihin ang Diyos! Mahal ko Siya. Hindi ba’t mahal ninyo Siya? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Hindi ba ito’y parang Langit? [“Amen.”] Gusto ang mga katangiang iyan ng Salita, kita n’yo, ang Espiritu Santo lamang diyan sa kaaya-ayang, mapagpakumbabang paraan. Ako—talagang gusto ko Iyan. Oh, isipin lamang!

Sa kabilang panig ng Jordan, (Malapit na ako roon ngayon)
Sa kaaya-ayang. . .(imortal) ng Eden,. . .
(Ano ang masusumpungan ko roon?)
Kung saan ang Puno ng. . .(iyan noon ang hardin ng Eden) ay namumukadkad,
Mayroong kapahingahan para sa akin.

375 Gusto ninyong pumunta? Siya ay nag-aalis g bawat hadlang.

Winasak ni Jesus (bawat tradisyun) ang bawat tanikala,
Winasak ni Jesus ang bawat tanikala (lahat ng mga denominasyon, lahat ng mga kredo),
Winasak ang bawat tanikala,
At pinalaya Niya kayo!

376 Papuri sa Diyos! Talagang mahal ko Siya. Hindi nakapagtatakang sinabi ni Isaias, “Siya ang Tagapayo, ang Prinsipe ng Kapayapaan, ang Makapangyarihang Diyos, ang Walang Hanggang Ama, Kamangha-mangha!”

Kamangha-mangha, kamangha-mangha, si Jesus sa akin,
Ang Tagapayo, ang Prinsipe ng Kapayapaan, ang Makapangyarihan Diyos ay Siya;
Oh, inililigtas ako, inilalayo ako sa lahat ng kasalanan at kahihiyan,
Kamangha-mangha ang aking Tagapagligtas, purihin ang Ngalan Niya!

377 Oh, naku! Kinikilos niyan ang aking puso. Talagang kamangha-mangha Siya! Sinasabi ko sa inyo, walang hanggang Dito. Ito, humantong ako Dito mga tatlumpung-taon na ang nakaraan, nararamdaman ang ganito. Kung magtatagal pa Siya, isang araw ipipikit ko ang aking mga mata, aalis ako sa gayun ding paraan. Amen!

Kamangha-mangha, kamangha-mangha, si Jesus sa akin,
Ang Tagapayo, ang Prinsipe ng Kapayapaan, ang Makapangyarihan Diyos ay Siya;
Oh, inililigtas ako, inilalayo ako sa lahat ng kasalanan at kahihiyan,
Kamangha-mangha ang aking Tagapagligtas, purihin ang Ngalan Niya!

378 Kaya kong manatili rito maghapon, Diyan. Ang sabi ni Pablo, "Kung ako ay aawit, aawit ako sa Espiritu." Uh-huh. "Kung ako ay mangangal, mangangaral ako sa Espiritu. Kung ako ay lalakad, lalakad ako sa Espiritu. Kung ako ay magsasalita, magsasalita ako sa Espiritu." Hayaang lahat ng bagay ay maganap sa pamamagitan ng Salita at ng Espiritu. Opo, ginoo. Amen! Lahat Ito'y Katotohanan ng Diyos.

379 Nakita ko Siya, ang Makapangyarihang Diyos, nahayag. Nakita ko Siya hatakin ang mga kredo, ang mga denominasyon; hatakin pabalik ang—ang mga mapanuya, ang mga proramang pang-edukasyon, at lahat ng bagay; lumakad pasulong, tumayo roon. Sa palagay ba ninyo kaya Siyang pagtagumpayanan ng mga kredo? Palagay ba ninyo kaya Siyang pagtagumpayanan ng mga denominasyon? Palagay ba ninyo kaya Siyang pagtagumpayanan ng Pandaigdigang Konseha? Pinagtagumapayanan Niya ang lahat ng bagay, winasak lahat ng tanikala, binuksan pinunit ang impiyerno; pinunit ang tatak, pumasok sa Dakong Kabanal-banalan sa lahat; inihayag ang Kaniyang Sarili sa atin, bilang Salita, ang siyaring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Amen. Mahal ko Siya.

380 Ngayon, hanggang sa magkita tayo mamayang hapon, gusto nating gawin ang isang bagay, iyan ay:

Dalhil ang Ngalan ni Jesus kasama ninyo,
Anak ng kalungkutan at kaabahan;
Bibigyan kayo Nito ng kagalakan at kapahingahan,
Oh, dalhin Ito saan man kayo tumungo.

Mahal na Ngalan, O talagang kaaya-aya!
Pag-asa ng mundo at kagalakan ng Langit;
Mahal na Ngalan...(Oo, nakuha ko na, sila.)...O talanang kaaya-aya!
Pag-asa ng mundo at...

[Nakipag-usap si Kapatid na Branham sa isang tao sa may entablado—Pat.]

381 Kung pipilitin ni Satanas na tuksuhin kayo, na hindi kayo nakatingin sa bagay na tama, ituro ninyo Siya sa Salita tulad ng ginawa ni Jesus. Kita n'yo? Kita n'yo? Amen!

Sa Ngalan ni Jesus yumuyukod,
Lumuluhod ng tapat sa Kaniyang paanan,
Hari ng mga hari sa Langit ay kokoronahan Siya,
Pagka ang ating lakbayin ay tapos na.

Mahal na Ngalan, mahal na Ngalan!
Pag-asa ng mundo at kagalakan ng Langit;
Mahal na Ngalan, O talagang kaaya-aya!
Pag-asa ng mundo at kagalakan ng Langit.

382 Papasok si Billy, mga oras na ika-anim, magbibigay ng mga tarheta ng panalangin doon sa mga gustong sumama sa hanay ng panalangin. Palagay ko mas makabubuing gawin natin ito. Hindi sana natin gagawin, pero, dahil maraming tao, mas mainam na gawin natin ito, kita n'yo.

383 Ngayon alalahanin Siya! Panatilihin Siya lagi sa inyong isipan, sa inyong puso. Saanman kayo magpunta, kita n'yo, panatilihin si Jesus sa inyong puso.

Dalhil ang Ngalan ni Jesus kasama (ngayon makinig) ninyo,
Bilang pananggalang sa bawat silo; (anong nangyayari?)
Pagka ang tukso ay pumalibot sa inyo, (ano ang dapat ninyong gawin?)
Ibulong lamang iyang banal na Pangalan sa panalangin.

Mahal na Ngalan, mahal na Ngalan, O talagang kaaya-aya!
Pag-asa ng mundo at kagalakan ng Langit;
Mahal na Ngalan, O talagang kaaya-aya!
Pag-asa ng mundo at galak ng Langit.

384 Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon. Hihilingin ko sa pastor kung maari siyang lumapit at pauwiin na ang mga tagapakinig. Kapatid na Neville, pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Neville.

*Ang Paghahayag Ng Diyos*, Tomo. 4 Blg. 5
(*The Unveiling Of God*, Vol. 9 No. 1R)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, unang ipinangaral sa wikang Ingles noong Linggo ng umaga, Hunyo 14, 1964, sa Tabernakulong Branham sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilathalang walang pagbabago sa wikang Ingles. Ang saling ito sa Tagalog ay nilimbag noong 2000 ng:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

Copyright notice

All rights reserved. This book may be printed on a home printer for personal use or to be given out, free of charge, as a tool to spread the Gospel of Jesus Christ. This book cannot be sold, reproduced on a large scale, posted on any website other than www.branham.org, stored in a retrieval system, translated into other languages, or used for soliciting funds without the express written permission of Voice Of God Recordings®.

For more information or for other available material, please contact:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org